



# Handbook ng Miyembro

---

Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa mga benepisyo mo

Pinagsamang Ebidensya ng Saklaw (EOC) at Form ng Pagbubunyag ng Molina Healthcare

2025

Los Angeles county

# Iba pang mga wika at format

---

## Iba pang mga wika

Makukuha mo ang Handbook ng Miyembro na ito at iba pang babasahin ng plano sa iba pang mga wika nang libre. Nagbibigay ang Molina Healthcare ng mga nasusulat na pagsasalin mula sa mga kwalipikadong tagapagsalin. Tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Libre ang tawag. Basahin ang Handbook ng Miyembro na ito para malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa wika ng pangangalaga ng kalusugan kagaya ng interpreter at mga serbisyo sa pagsasalin-wika.

---

## Iba pang mga format

Makukuha mo ang impormasyon na ito sa iba pang mga format kagaya ng braille, 20-point font na malaking print, audio, at naa-access na elektronikong format nang wala kang ginagastos. Tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Libre ang tawag.

---



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## Mga Serbisyo ng Interpreter

Nagbibigay ang Molina Healthcare ng serbisyong binigkas na pagsasalin, kabilang ang sign language, mula sa kwalipikadong interpreter, sa 24-oras na basis, nang wala kang ginagastos. Hindi mo kailangang gamitin ang isang kapamilya o kaibigan bilang isang interpreter. Hindi namin hinihimok ang paggamit ng menor-de-edad bilang mga interpreter maliban kung isa itong emergency. Makukuha ang mga serbisyo ng interpreter, pangwika, at pangkultura nang libre. May makukuhang tulong 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong na nasa wika mo, o para makuha ang handbook na ito na nasa ibang wika, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Libre ang tawag.

**ATTENTION:** If you need help in your language, call 1-888-665-4621 (TTY/TDD or 711). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-888-665-4621 (TTY/TDD or 711). These services are free.

بالعربية (Arabic)

1-888-665-4621 يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ (TTY/TDD 711). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريل والخط الكبير. اتصل بـ -  
1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). هذه الخدمات مجانية.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Հայերեն պիտակ (Armenian)

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711):

Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Չանգահարեք 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711): Այդ ծառայություններն անվճար են:

ឃ្លាសម្គាល់ជាភាសាខ្មែរ (Cambodian)

ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរផុស សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

简体中文标语 (Simplified Chinese)

请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711)。我们还另外提供针对残疾人士的帮助和服务，例如盲文和大字体阅读，提供您方便取用。请致电 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711)。这些服务都是免费的。

(Farsi) مطلب به زبان فارسی

1-888-665-4621 توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با (TTY/TDD 711) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### हिंदी टैगलाइन (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।

### Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

### 日本語表記 (Japanese)

注意日本語での対応が必要な場合は 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711) へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。1-888-665-4621 (TTY/TDD 711) へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

### 한국어 태그라인 (Korean)

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tagag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian)

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານ ໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມິໂຕພິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien Tagline (Mien)

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiex longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluo mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzaih bun longc. Douc waac daaih lorx 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### Русский слоган (Russian)

**ВНИМАНИЕ!** Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Такие услуги предоставляются бесплатно.

### Mensaje en español (Spanish)

**ATENCIÓN:** si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Estos servicios son gratuitos.

### Tagalog Tagline (Tagalog)

**ATENSIYON:** Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Libre ang mga serbisyong ito.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

## Примітка українською (Ukrainian)

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Ці послуги безкоштовні.

## Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Các dịch vụ này đều miễn phí.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



# Welcome sa Molina Healthcare!

Salamat sa pagsali sa Molina Healthcare. Ang Molina Healthcare ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong mayroong Medi-Cal. Nakikipagtulungan ang Molina Healthcare sa Estado ng California para matulungan kang makuha ang pangangalaga ng kalusugan na kailangan mo. Nakikipagtulungan ang Molina Healthcare of California sa Health Net Community Solutions, Inc. sa Los Angeles County para matulungan kang makuha ang pangangalaga ng kalusugan na kailangan mo.

Nakikipagtulungan ang Health Net sa Estado ng California at Molina Healthcare bilang isang Subcontractor para matulungan kang makuha ang pangangalaga ng kalusugan na kailangan mo. Pinaglilingkuran namin ang mga taong naninirahan sa Los Angeles County (tinatawag na “lugar ng serbisyo” namin). Mapipili mong mag-enroll sa alinman sa Health Net o Molina Healthcare.

---

## Handbook ng Miyembro

Sinasabi sa iyo ng Handbook ng Miyembro na ito ang tungkol sa proteksiyon mo sa ilalim ng Molina Healthcare. Pakibasa ito nang mabuti at ganap. Matutulungan ka nitong maunawaan ang mga benepisyo mo, ang mga serbisyong magagamit mo, at kung paano makukuha ang pangangalagang kailangan mo. Ipinapaliwanag din nito ang mga karapatan at responsibilidad mo bilang miyembro ng Molina Healthcare. Kung may mga espesyal kang pangangailangan sa kalusugan, pakitayak na basahin ang lahat ng seksiyon na nalalapat sa iyo.

Tinatawag din ang Handbook ng Miyembro na ito bilang Pinagsamang Ebidensya ng Saklaw (EOC) at Form ng Pagbubunyag. Binubuo lang ng EOC at Form ng Pagbubunyag na ito ang buod ng planong pangkalusugan. Dapat na sumangguni sa kontrata ng planong pangkalusugan para matukoy ang mga saktong tuntunin at kondisyon ng pagsaklaw. Para malaman pa, tumawag sa Molina Healthcare sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Sa Handbook ng Miyembro na ito, tinatawag minsan ang Molina Healthcare bilang “kami” o “namin.” Tinatawag minsan ang mga miyembro bilang “ikaw.” May espesyal na kahulugan ang ilang salitang nasa malalaking titik sa Handbook ng Miyembro na ito.

Para humingi ng kopya ng kontrata sa pagitan ng Molina Healthcare at ng California Department of Health Care Services (DHCS), tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Makahihingi ka ng panibagong kopya ng Handbook ng Miyembro nang libre. Mahahanap mo rin ang Handbook ng Miyembro sa website ng Molina Healthcare sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com). Makahihingi ka rin ng libreng kopya ng mga non-proprietary na clinical at pang-administratibong patakaran at pamamaraan ng Molina Healthcare. Nasa website din ng Molina Healthcare ang mga ito.

---

## **Makipag-ugnayan sa Amin**

Narito ang Molina Healthcare para tumulong. Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag.

Makabibisita ka rin online anumang oras sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Salamat,  
Molina Healthcare  
200 Oceangate, Suite 100  
Long Beach, CA 90802



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

# Talaan ng nilalaman

<b>Iba pang mga wika at format</b> .....	<b>2</b>
Iba pang mga wika .....	2
Iba pang mga format .....	2
Mga Serbisyo ng Interpreter .....	3
<b>Welcome sa Molina Healthcare!</b> .....	<b>9</b>
Handbook ng Miyembro .....	9
Makipag-ugnayan sa Amin .....	10
<b>Talaan ng nilalaman</b> .....	<b>12</b>
<b>1. Pagsisimula bilang isang miyembro</b> .....	<b>15</b>
Paano hihingi ng tulong .....	15
Sino-sino ang maaaring maging miyembro .....	16
Mga Identification (ID) card .....	16
<b>2. Tungkol sa planong pangkalusugan mo</b> .....	<b>18</b>
Buod ng Planong Pangkalusugan: .....	18
Paano gumagana ang plan mo.....	20
Pagpalit ng mga planong pangkalusugan.....	20
Mga estudyante na lumipat sa bagong county o sa labas ng California ...	21
Pagpapatuloy ng pangangalaga .....	23
Gastos .....	26
<b>3. Paanong kukuha ng pangangalaga</b> .....	<b>30</b>
Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan .....	30
Tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP).....	31
Network ng mga provider .....	35
Mga appointment.....	44
Pagpunta sa appointment mo.....	45
Pagkansela at muling pagpa-schedule.....	45
Pagbabayad .....	45
Mga referral .....	47
Mga pag-refer sa California Cancer Equity Act.....	48



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Pre-approval (paunang awtorisasyon).....	49
Mga ikalawang opinyon .....	50
Maselang pangangalaga .....	51
Agarang pangangalaga .....	55
Pang-emergency na pangangalaga.....	56
Linya ng Payo ng Nars .....	58
Mga advance health care directive .....	59
Pag-donate ng organ at tissue.....	59
<b>4. Mga benepisyong at serbisyo .....</b>	<b>60</b>
Ano-anong benepisyong at serbisyo ang saklaw ng planong pangkalusugan mo .....	60
Mga benepisyong ng Medi-Cal na saklaw ng Molina Healthcare .....	64
Iba pang mga benepisyong at programang saklaw ng Molina Healthcare ...	88
Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal.....	103
Mga serbisyo hindi mo makukuha sa pamamagitan ng Molina Healthcare o Medi-Cal .....	110
<b>5. Pangangalaga sa bata at kabataan.....</b>	<b>111</b>
Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan.....	111
Mga Well-child health check-up at pangangalagang pang-agap .....	113
Pag-screen para sa Blood lead poisoning .....	115
Tulong sa pagkuha ng mga well care service para sa bata at kabataan.....	115
Iba pang mga serbisyo hindi mo makukuha sa pamamagitan ng Bayarin para sa Serbisyo (FFS) Medi-Cal o iba pang mga programa .....	115
<b>6. Pag-u ulat at paglutag ng mga problema .....</b>	<b>118</b>
Mga reklamo.....	119
Mga apela.....	121
Ano ang gagawin kung hindi ka sang-ayon sa desisyon sa apela.....	122
Mga Reklamo at Independent Medical Review (IMR) sa Department of Managed Health Care (DMHC).....	123
Mga Pagdinig ng Estado .....	124
Panloloko, pagsasayang, at pag-abuso.....	126
<b>7. Mga Karapatan at Responsibilidad .....</b>	<b>128</b>
Mga karapatan mo.....	128
Ang mga responsibilidad mo .....	130



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Abiso ng kawalang-diskriminasyon.....	130
Mga paraan para makibahagi bilang isang miyembro .....	133
Abiso ng mga kagawian sa privacy .....	133
Abiso tungkol sa mga batas .....	140
Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang panghuling tagapagbayad, iba pang proteksiyon sa kalusugan, at pagbawi ng kabayaran sa pagkalugi .....	141
Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian.....	142
Abiso ng Aksyon (Abiso ng Aksiyon).....	142
<b>8. Mga importanteng numero at salita na dapat malaman .....</b>	<b>144</b>
Mga importanteng numero ng telepono.....	144
Mga salitang dapat malaman.....	144



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

# 1. Pagsisimula bilang isang miyembro

---

## Paano hihingi ng tulong

Nais ng Molina Healthcare na maging masaya ka sa pangangalaga ng kalusugan mo. Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa pangangalaga mo, nais ng Molina Healthcare na makarinig mula sa iyo!

## Member Services

Narito ang mga serbisyo sa miyembro ng Molina Healthcare para tulungan ka. Magagawa ng Molina Healthcare na:

- Sagutin ang mga katanungan tungkol sa planong pangkalusugan mo at sa mga serbisyong saklaw ng Molina Healthcare
- Tulungan kang pumili ng isang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP)
- Sabihin sa iyo kung saan makukuha ang pangangalagang kailangan mo
- Tulungan kang makakuha ng serbisyo ng interpreter kung hindi ka nagsasalita ng English
- Tulungan kang makakuha ng impormasyon na nasa ibang mga wika at format

Kung kailangan mo ng tulong, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. Dapat tiyakin ng Molina Healthcare na mas maikli sa 10 minuto ang paghihintay mo kapag tumatawag.

Makabibisita ka rin sa Member Services online anumang oras sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com). Makapagrerehistro ka sa MyMolina portal pati na sa pamamagitan ng paggamit sa Molina Mobile app.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

---

## Sino-sino ang maaaring maging miyembro

Mayroong Medicaid program ang bawat estado. Sa California, ang Medicaid ay tinatawag na **Medi-Cal**.

Kwalipikado ka para sa Molina Healthcare dahil kwalipikado ka para sa Medi-Cal at naninirahan ka sa Los Angeles county. Para sa mga detalye, tawagan ang Social Security Administration Office ng inyong county sa numerong 1-800-772-1213. Maaaring kwalipikado ka rin para sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Social Security dahil tumatanggap ka ng SSI o SSP.

Para sa mga tanong tungkol sa pag-enroll, tumawag sa Health Care Options sa numerong 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711). O pumunta sa <http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>

Para sa mga tanong tungkol sa Social Security, tawagan ang Social Security Administration sa numerong 1-800-772-1213. O pumunta sa <https://www.ssa.gov/locator/>.

### Transitional Medi-Cal

Maaaring makakuha ka ng Transitional Medi-Cal kung nagsimula kang kumita ng dagdag na pera at hindi ka na kwalipikado para sa Medi-Cal.

Makapagtatanong ka tungkol sa pagkwalipika sa Transitional Medi-Cal sa inyong lokal na county office sa:

<http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>

O tumawag sa Health Care Options sa numerong 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711).

---

## Mga Identification (ID) card

Bilang miyembro ng Molina Healthcare, matatanggap mo ang aming Molina Healthcare Identification (ID) card. Dapat mong ipakita ang Molina Healthcare ID card mo **at** ang Medi-Cal Card ng Pagkakakilanlan sa Benepisyo (BIC) mo kapag kumukuha ka ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan o mga reseta. Ang Medi-Cal BIC card mo ay ang identification card ng mga benepisyo na ipinadala sa iyo ng Estado ng California. Dapat na lagi mong dala ang lahat ng health card mo. Ganito ang hitsura ng Medi-Cal BIC at Molina Healthcare ID card mo:



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



## 1 | Pagsisimula bilang isang miyembro



Kung hindi mo natanggap ang Molina Healthcare ID card mo sa loob ng ilang linggo pagkaraan ng petsa ng pag-enroll mo, o kung ang Molina Healthcare ID card mo ay nasira, nawala, o nanakaw, tumawag agad sa mga serbisyo sa miyembro. Magpapadala ang Molina Healthcare sa iyo ng bagong card nang libre. Tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Kung wala kang Medi-Cal BIC card o kung ang card mo ay nasira, nawala, o nanakaw, tumawag sa lokal na county office. Para mahanap ang inyong lokal na county office, pumunta sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## 2. Tungkol sa planong pangkalusugan mo

### **Buod ng Planong Pangkalusugan:**

Ang Molina Healthcare ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong mayroong Medi-Cal sa Los Angeles county. Nakikipagtulungan ang Molina Healthcare sa Estado ng California para matulungan kang makuha ang pangangalaga ng kalusugan na kailangan mo.

Makipag-usap sa isa sa mga kinatawan ng mga serbisyo sa miyembro ng Molina Healthcare para malaman pa ang tungkol sa planong pangkalusugan at kung paano ito pagaganahin para sa iyo. Tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

### **Kailan magsisimula at magwawakas ang proteksiyon mo**

Kapag nag-enroll ka sa Molina Healthcare, ipapadala namin ang Molina Healthcare Identification (ID) card mo sa loob ng dalawang linggo ng petsa ng pag-enroll mo. Dapat mong ipakita ang kapwa Molina Healthcare ID card at Medi-Cal Card ng Pagkakakilanlan sa Benepisyod (BIC) mo kapag kumukuha ka ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan o mga reseta.

Kakailanganin na ma-renew bawat taon ang proteksiyon sa Medi-Cal. Kung hindi ma-renew ng lokal na county office ninyo ang proteksiyon ng Medi-Cal sa elektronikong paraan, magpapadala ang county ng Medi-Cal renewal form na may mga sagot na. Punan ang form na ito at ibalik ito sa inyong lokal na county office. Maibabalik mo ang impormasyon nang personal, sa pamamagitan ng telepono, liham, online, o iba pang elektronikong paraan na magagamit sa inyong county.

Ikaw o ang dependent (umaasa sa iyo) na anak ay maaaring mag-enroll sa Molina Healthcare kung:

- Makatatanggap ka ng mga benepisyod ng Medi-Cal
- Naninirahan ka sa isa sa mga county kung saan naglilingkod ang Molina Healthcare
- Ang isang dependent na anak ay maaaring:



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

- o Sarili mong anak
- o Inampon mong anak
- o Stepchild mo
- o Foster child mo
- o Bata na itinataguyod mo

Masasabi sa iyo ng iyong “county eligibility worker” kung makatatanggap ka ng mga benepisyo ng Medi-Cal. Kung makatatanggap ka ng mga benepisyo ng Medi-Cal, mapupunan mo ang isang enrollment form para mag-enroll sa Molina Healthcare. Ang enrollment form ay mula sa Health Care Options. Ine-enroll ng Health Care Options ang mga miyembro ng Medi-Cal sa mga planong pangkalusugan. Para sa tulong sa pag-enroll, tumawag sa Health Care Options sa numerong 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077). O bumisita sa [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov). Mapipili mo ang Molina Healthcare mula sa isang lista. Pagkatapos mong mag-enroll, aabutin ng hanggang 45 araw bago ka maging isang miyembro.

Mawawakasan mo ang proteksiyon mo sa Molina Healthcare at makapipili ng panibagong planong pangkalusugan anumang oras. Para sa tulong sa pagpili ng bagong plan, tumawag sa Health Care Options sa numerong 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711). O pumunta sa [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov).

Ang Molina Healthcare ay isang planong pangkalusugan para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa Los Angeles county. Hanapin ang inyong lokal na county office sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>.

Maaaring magwakas ang proteksiyon ng Molina Healthcare Medi-Cal kung may alinman sa mga sumusunod na totoo:

- Umalis ka ng Los Angeles county
- Wala ka nang Medi-Cal
- Naging nararapat ka para sa isang waiver program na hinihinging mag-enroll ka sa Bayarin para sa Serbisyo (FFS) Medi-Cal
- Nakapiit o nakakulong ka

Kung mawala mo ang proteksiyon mo ng Molina Healthcare Medi-Cal, maaaring kwalipikado ka pa rin para sa proteksiyon ng FFS Medi-Cal. Kung hindi ka nakasisiguro kung protektado ka pa rin ng Molina Healthcare, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

### **Mga espesyal na konsiderasyon para sa mga American Indian sa pangangalagang may pamamahala**

May karapatan ang mga American Indian na hindi mag-enroll sa isang Medi-Cal managed care plan o maaari nilang lisanin ang kanilang Medi-Cal managed care plan at bumalik sa FFS Medi-Cal sa anumang oras at para sa anumang dahilan.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kung isa kang American Indian, may karapatan kang makatanggap ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan sa isang Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian (IHCP). Maaari kang manatili o mag-disenroll (umalis) mula sa Molina Healthcare habang tumatanggap ng mga serbisyong pangangalaga ng kalusugan mula sa mga lokasyon na ito. Para malaman pa ang tungkol sa pag-enroll at pag-disenroll, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Dapat magbigay ang Molina Healthcare ng koordinasyon ng pangangalaga para sa iyo, kabilang ang pamamahala sa kaso na wala-sa-network. Kung hihiling ka na makatanggap ng mga serbisyo mula sa isang IHCP at walang magagamit na IHCP na nasa-network, dapat kang tulungan ng Molina Healthcare na makahanap ng isang IHCP na wala-sa-network. Para malaman pa, basahin ang “Network ng provider” sa Chapter 3 ng handbook na ito.

---

## Paano gumagana ang plan mo

Ang Molina Healthcare ay isang planong pangkalusugan sa pangangalagang may pamamahala na may kontrata sa DHCS. Nakikipagtulungan ang Molina Healthcare sa mga doktor, ospital, at iba pang mga provider sa lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare para magbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa mga miyembro namin. Bilang isang miyembro ng Molina Healthcare, maaari kang magkwalipika para sa ilang serbisyong ibinibigay sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal. Kabilang sa mga ito ang mga reseta para sa outpatient, mga gamot na nabibili nang walang reseta, at ilang medical supply sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Sasabihin sa iyo ng Mga serbisyo sa miyembro kung paanong gumagana ang Molina Healthcare, paano makukuha ang pangangalagang kailangan mo, paano mag-schedule ng mga appointment sa provider sa mga oras na may pasok, paano humiling ng libreng serbisyong pag-interpret at pagsasalina o nasusulat na impormasyon na nasa mga alternatibong format, at kung paano malalaman kung kwalipikado ka para sa mga serbisyong transportasyon.

Para malaman pa, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Makahahanap ka rin ng impormasyon ng member service online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

---

## Pagpalit ng mga planong pangkalusugan

Maaari kang umalis ng Molina Healthcare at sumali sa ibang planong pangkalusugan sa inyong county na tinitirhan anumang oras kung may ibang planong pangkalusugan na magagamit. Para pumili ng bagong plano, tumawag sa Health Care Options sa



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

numerong 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711). Makatatawag ka sa pagitan ng 8 a.m. at 6 p.m. Lunes hanggang Biyernes. O pumunta sa <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>.

Aabutin ng hanggang 30 araw o higit pa para maproseso ang hiling mo na umalis ng Molina Healthcare at mag-enroll sa ibang plano na nasa inyong county. Para malaman ang status ng kahilingan mo, tawagan ang Health Care Options sa numerong 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711).

Kung nais mong umalis ng Molina Healthcare nang mas maaga, makatatawag ka sa Health Care Options para humiling ng expedited (mabilis) na pag-disenroll.

Kabilang sa mga miyembro na makahihiling ng expedited na pag-disenroll ang, pero hindi limitado sa, mga bata na tumatanggap ng mga serbisyo sa ilalim ng mga Foster Care o Adoption Assistance program, mga miyembro na may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalaga, at mga miyembro na naka-enroll na sa Medicare o iba pang Medi-Cal o komersiyal na pinamamahalaang plano sa pangangalaga.

Mahihiling mong umalis ng Molina Healthcare sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa inyong lokal na county office. Hanapin ang inyong lokal na county office sa:

<http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>.

O tumawag sa Health Care Options sa numerong 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711). Maaari kang umalis ng Molina Healthcare at sumali sa ibang planong pangkalusugan sa inyong county na tinitirhan anumang oras. Tumawag sa Health Care Options sa numerong 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711) para pumili ng bagong plano. Makatatawag ka nang Lun - Biy sa pagitan ng 8:00 a.m. at 6:00 p.m.

---

## Mga estudyante na lumipat sa bagong county o sa labas ng California

Makatatanggap ka ng pang-emergency na pangangalaga saanman sa Estados Unidos, kabilang na sa mga Teritoryo ng Estados Unidos. Saklaw lang ang mga routine at pang-agap na pangangalaga sa inyong county na tinitirhan. Kung isa kang estudyante na lumipat sa isang bagong county sa California para sa mas mataas na edukasyon, kabilang ang kolehiyo, sasagutin ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng emergency room at agarang pangangalaga sa bagong county na nilipatan mo. Makatatanggap ka rin ng routine o pang-agap na pangangalaga sa bagong county mo, pero kailangan mong abisuhan ang Molina Healthcare. Basahin pa sa ibaba.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kung naka-enroll ka sa Medi-Cal at isa kang estudyante sa ibang county mula sa county ng California kung saan ka naninirahan, hindi mo kailangang mag-apply para sa Medi-Cal sa county na iyon.

Kung pansamantala kang lalayo mula sa tahanan para maging estudyante sa ibang county sa California, mayroon kang dalawang mapagpipilian. Magagawa mong:

- Sabihin sa eligibility worker mo sa Los Angeles County offices na pansamantala kang lilipat para pumasok sa paaralan ng mataas na edukasyon at ibigay sa kaniya ang address mo sa bagong county. I-update ng county ang mga tala ng kaso gamit ang bagong address at county code mo. Dapat mo itong gawin kung nais mong patuloy na makatanggap ng routine o pang-agap na pangangalaga habang naninirahan ka sa isang bagong county. Kung hindi naglilingkod ang Molina Healthcare sa county kung saan ka dadalo ng kolehiyo, maaaring kailanganin mong magpalit ng planong pangkalusugan. Para sa mga tanong at para mapigilan ang pagkaantala sa pagsali sa isang bagong planong pangkalusugan, tumawag sa Health Care Options sa numerong 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711).

### O

- Kung hindi naglilingkod ang Molina Healthcare sa bagong county kung saan ka dumadalo ng kolehiyo, at hindi mo binago ang planong pangkalusugan mo sa isang naglilingkod sa county na iyon, makatatanggap ka lang ng mga serbisyong pang-emergency room at agarang pangangalaga para sa ilang karamdaman sa bagong county. Para alamin pa, basahin ang Chapter 3, “Paano kukuha ng pangangalaga.” Para sa routine o pang-agap na pangangalaga ng kalusugan, kakailanganin mong gamitin ang Molina Healthcare network ng mga provider na nasa Los Angeles county.

Kung pansamantala kang aalis ng California para maging estudyante sa ibang estado at nais mong mapanatili ang proteksiyon mo sa Medi-Cal, makipag-ugnayan sa eligibility worker mo sa Los Angeles County offices. Hangga’t kwalipikado ka, sasagutin ng Medi-Cal ang mga serbisyong pang-emergency at agarang pangangalaga sa ibang estado. Sasagutin din ng Medi-Cal ang pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagkaka-ospital sa Canada at Mexico.

Ang mga routine at pang-agap na pangangalaga, kabilang ang mga gamot na kaugnay ng mga serbisyong ito, ay hindi saklaw kapag nasa labas ka ng California. Hindi ka maaaring magkwalipika para sa proteksiyon ng Medi-Cal para sa mga serbisyong iyon na nasa labas ng estado. Hindi magbabayad ang Molina Healthcare para sa pangangalaga ng kalusugan mo. Kung nais mo ng Medicaid sa ibang estado, kakailanganin mong mag-apply sa estadong iyon. Hindi sinasagot ng Medi-Cal ang mga serbisyong pang-emergency, agaran, o anumang iba pang pangangalaga ng kalusugan na nasa labas ng Estados Unidos, maliban sa mga pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagkaka-ospital sa Canada at Mexico ayon sa binanggit sa Chapter 3.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## Pagpapatuloy ng pangangalaga

### Pagpapatuloy ng pangangalaga para sa isang provider na wala sa network

Bilang miyembro ng Molina Healthcare, matatanggap mo ang pangangalaga ng kalusugan mo mula sa mga provider na nasa network ng Molina Healthcare. Para malaman kung ang isang provider ng pangangalaga ng kalusugan ay nasa network ng Molina Healthcare, bumisita sa [www.molinahealthcare.com](http://www.molinahealthcare.com) o tumawag sa Member Services Department ng Molina Healthcare sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Ang mga provider na hindi nakalista sa direktoryo ay maaaring hindi kabilang sa network ng Molina Healthcare.

Sa ilang kaso, maaaring makatanggap ka ng pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network ng Molina Healthcare. Kung kinailangan mong baguhin ang planong pangkalusugan mo o lumipat mula sa FFS Medi-Cal tungo sa pangangalagang may pamamahala, o nagkaroon ka ng provider na kabilang noon sa network pero hindi na ngayon, maaaring mapapanatili mo ang provider mo kahit na wala siya sa network ng Molina Healthcare. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga (continuity of care).

Kung kailangan mong makatanggap ng pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network, tawagan ang Molina Healthcare para humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaaring makatanggap ka ng pagpapatuloy ng pangangalaga na hanggang 12 buwan o higit pa kung totoo ang lahat na ito:

- Mayroon kang nagpapatuloy na ugnayan sa provider na wala sa network bago ka nag-enroll sa Molina Healthcare
- Nagpunta ka sa provider na wala sa network para sa hindi-emergency na pagpapatingin nang minsan man lang sa loob ng 12 buwan bago ka nag-enroll sa Molina Healthcare
- Handang makipagtulungan sa Molina Healthcare ang provider na wala sa network at sumasang-ayon sa mga hinihingi ng kontrata at kabayaran sa mga serbisyo ng Molina Healthcare
- Nasasapatan ng provider na wala sa network ang mga pamantayan sa propesyon ng Molina Healthcare
- Naka-enroll ang provider na wala sa network at lumalahok sa Medi-Cal program

Para malaman pa, tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Kung hindi sasali ang mga provider mo sa network ng Molina Healthcare sa pagtatapos ng 12 buwan, hindi sumang-ayon sa mga presyo ng pagbabayad ng Molina Healthcare, o hindi nakasasapat sa mga kinakailangan sa kalidad ng pangangalaga, kakailanganin



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

mong magpalit ng provider sa network ng Molina Healthcare. Para talakayin ang mga pagpipilian mo, tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Hindi kinakailangan ng Molina Healthcare na magbigay ng nagpapatuloy na pangangalaga para sa isang provider na wala sa network para sa ilang pangsuportang serbisyo kagaya ng radiology, laboratory, mga dialysis center, o transportasyon. Matatanggap mo ang mga serbisyong ito gamit ang isang provider na nasa network ng Molina Healthcare.

Para malaman pa ang tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga at kung kwalipikado ka, tumawag sa 1-888-665-4621.

### **Pagtatapos ng mga saklaw na serbisyo mula sa isang provider na wala sa network**

Bilang miyembro ng Molina Healthcare, matatanggap mo ang mga saklaw na serbisyo mula sa mga provider na nasa network ng Molina Healthcare. Kung ginagamot ka para sa ilang karamdaman sa panahong nag-enroll ka sa Molina Healthcare o sa panahong umalis ang provider mo mula sa network ng Molina Healthcare, maaaring makakukuha ka pa rin ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa isang provider na wala sa network.

Maaaring maitutuloy mo ang pangangalaga gamit ang isang provider na wala sa network para sa partikular na haba ng panahon kung kailangan mo ng mga saklaw na serbisyo para sa mga karamdamang ito:

<b>Kondisyon ng kalusugan</b>	<b>Yugto ng panahon</b>
Mga acute na karamdaman (isang problemang medikal na nangangailangan ng mabilis na atensiyon)	Hangga't nananatili ang acute na karamdaman mo
Seryosong pangmatagalang karamdamang pisikal at behavioral (isang seryosong problema sa pangangalaga ng kalusugan na matagal nang mayroon ka)	Hanggang sa 12 buwan mula sa simula ng proteksiyon o sa petsa na magwawakas ang kontrata ng provider sa Molina Healthcare
Pangangalaga sa pagbubuntis at postpartum (pagkatapos manganak)	Sa panahon ng iyong pagbubuntis at hanggang 12 buwan pagkaraang matapos ang pagbubuntis
Mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan ng ina	Hanggang sa 12 buwan mula sa pag-diagnose o mula sa pagtatapos ng iyong pagbubuntis, alinman ang mas huli



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



<p>Pangangalaga sa bagong silang na bata sa pagitan ng kapanganakan at 36 na buwang gulang</p>	<p>Hanggang sa 12 buwan mula sa petsa ng simula ng proteksiyon o sa petsa na magwawakas ang kontrata ng provider sa Molina Healthcare</p>
<p>Terminal na sakit (isang nakamamatay na problemang medikal)</p>	<p>Hangga't tumatagal ang sakit mo. Makatatanggap ka pa rin ng mga serbisyo nang higit sa 12 buwan mula sa petsa ng pag-enroll mo sa Molina Healthcare o sa panahong huminto ang provider sa pakikipagtulungan sa Molina Healthcare</p>
<p>Pagpa-opera o iba pang medical procedure mula sa isang provider na wala sa network hangga't saklaw ito, medikal na kinakailangan, at awtorisado ng Molina Healthcare bilang bahagi ng nakadokumentong kurso ng paggagamot at rekomendado at dokumentado ng provider</p>	<p>Dapat na maganap ang pagpa-opera o iba pang medical procedure sa loob ng 180 araw ng petsa ng wakas ng kontrata ng provider o 180 araw mula sa petsa na nagkabisa ang pag-enroll mo sa Molina Healthcare</p>

Para sa iba pang mga karamdaman na maaaring magkwalipika, tumawag sa 1-888-665-4621.

Kung hindi handa ang isang provider na wala sa network na magpatuloy sa pagbigay ng mga serbisyo o hindi sumasang-ayon sa mga kinakailangan sa kontrata, pagbabayad, o iba pang tuntunin ng Molina Healthcare para sa pagbibigay ng pangangalaga, hindi ka makatatanggap ng patuloy na pangangalaga mula sa provider. Maaari kang patuloy na makatanggap ng mga serbisyo mula sa ibang provider sa network ng Molina Healthcare.

Para sa tulong sa pagpili ng isang nakakontratang provider para ituloy ang pangangalaga mo o kung mayroon kang mga tanong o problema sa pagkuha ng mga saklaw na serbisyo mula sa isang provider na wala na sa network ng Molina Healthcare, tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Hindi obligado ang Molina Healthcare na magbigay ng pagpapatuloy ng pangangalaga para sa mga serbisyong hindi saklaw ng Medi-Cal o hindi saklaw sa ilalim ng kontrata ng Molina Healthcare sa DHCS. Para malaman pa ang tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga, kung kwalipikado ka, at mga serbisyong magagamit tumawag sa 1-888-665-4621.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

---

## Gastos

### Mga gastos ng miyembro

Pinaglilingkuran ng Molina Healthcare ang mga taong kwalipikado para sa Medi-Cal. Sa karamihan ng mga kaso, hindi kailangan ng mga miyembro ng Molina Healthcare na magbayad para sa mga saklaw na serbisyo, mga premium, o mga maibabawas.

Kung isa kang American Indian, hindi mo kailangang magbayad ng mga enrollment fee, premium, mga maibabawas, mga co-pay, pagbabahagi ng gastos, o iba pang katulad na sinisingil. Hindi dapat singilin ng Molina Healthcare ang sinumang American Indian na miyembro na direktang nakakukuha ng item o serbisyo mula sa isang IHCP o sa pamamagitan ng referral sa isang IHCP o bawasan ang mga pagbabayad dahil sa isang IHCP sa halaga ng anumang bayad sa pag-enroll, premium, deductible, copayment, pagbabahagi ng gastos, o katulad na sinisingil.

Kung naka-enroll ka sa County Children's Health Initiative Program (CCHIP) sa mga county ng Santa Clara, San Francisco, o San Mateo o naka-enroll sa Medi-Cal for Families, maaaring magkaroon ka ng buwanang premium at mga co-pay.

Maliban para sa pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, o maselang pangangalaga, dapat kang kumuha ng pre-approval (paunang awtorisasyon) mula sa Molina Healthcare bago ka magpatingin sa isang provider na wala sa network ng Molina Healthcare. Kung hindi ka nakakuha ng pre-approval (paunang awtorisasyon) at pumunta ka sa isang provider na wala sa network para sa pangangalagang hindi pang-emergency, agarang pangangalaga, o maselang pangangalaga, maaaring kailanganin mong magbayad para sa pangangalagang natanggap mo mula sa provider na iyon. Para sa lista ng mga saklaw na serbisyo, basahin ang Chapter 4, "Mga benepisyo at serbisyo" sa handbook na ito. Mahahanap mo rin ang Direktoryo ng Provider sa website ng Molina Healthcare sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### Para sa mga miyembro na may pangmatagalang pangangalaga at kahati sa gastos

Maaaring kailanganin mong magbayad ng bahagi ng gastos bawat buwan para sa mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga sa iyo. Ang halagang bahagi mo sa gastos ay nakadepende sa iyong kinikita. Bawat buwan, ikaw ang magbabayad sa sarili mong mga bayarin sa pangangalaga ng kalusugan, kabilang ang ngunit hindi limitado sa, mga bayarin sa Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (LTSS), hanggang sa maging katumbas ng bahagi mo sa gastos ang halagang nabayaran mo. Pagkatapos noon, sasagutin na ng Molina Healthcare ang pangmatagalang pangangalaga mo para sa buwan na iyon. Hindi ka sasaklawin ng Molina Healthcare hanggang sa mabayaran mo ang buong bahagi mo sa gastos para sa pangmatagalang pangangalaga para sa buwan.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## Paano nababayaran ang provider

Binabayaran ng Molina Healthcare ang mga provider sa ganitong mga paraan:

- Mga capitation payment
  - Nagbabayad ang Molina Healthcare sa ilang provider ng nakatakdang halaga bawat buwan para sa bawat miyembro ng Molina Healthcare. Tinatawag itong capitation payment. Nagtutulungan ang Molina Healthcare at mga provider na pagpasyahan ang halaga ng kabayaran.
- Mga FFS payment
  - Nagbibigay ng pangangalaga ang ilang provider sa mga miyembro ng Molina Healthcare at nagpapadala sa Molina Healthcare ng bill para sa mga serbisyong ibinigay nila. Tinatawag itong FFS payment. Nagtutulungan ang Molina Healthcare at mga provider na pagpasyahan kung magkano ang gastos para sa bawat serbisyo.

Para malaman pa ang tungkol sa kung paano binabayaran ng Molina Healthcare ang mga provider, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

- Incentive Program ng Provider:
  - Maaaring makatanggap ang mga karapat-dapat na provider ng karagdagang insentibo para sa pagbigay ng de-kalidad na pangangalaga sa mga miyembro ng Molina c.
  - Kabilang sa mga Quality Incentive Program na inaaalok sa mga provider ang: Provider Pay for Performance (P4P), IPA at FQHC Pay for Quality (P4Q), at iba pang iba-ibang grant program na itinalaga sa kapasyahan ng Molina Healthcare.
  - Nag-aalok ang mga incentive program ng provider ng bonus para sa mga piling Sukatan ng Kalidad sa mga provider na naghahatid ng mataas na kalidad na pangangalaga. Kailangan sa ilan sa mga serbisyong may insentibo ng mga referral ng provider.

## Kung makatanggap ka ng bill mula sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan

Ang mga saklaw na serbisyo ay mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na dapat bayaran ng Molina Healthcare. Kung makatanggap ka ng bill para sa anumang serbisyong saklaw ng Medi-Cal, huwag babayaran ang bill. Tawagan agad ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Tutulungan ka ng Molina Healthcare na alamin kung wasto ang bill.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kung makatanggap ka ng bill mula sa isang parmasya para sa nakaresetang gamot, mga supply, o mga supplement, tawagan ang Medi-Cal Rx Serbisyo sa Customer sa numerong 1-800-977-2273, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Makatawag ang mga gumagamit ng TTY sa 711, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Makapupunta ka rin sa website ng Medi-Cal Rx sa

<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

### **Paghiling sa Molina Healthcare na ibalik ang ibinayad mo para sa mga gastusin**

Kung nagbayad ka para sa mga serbisyong natanggap mo na, maaari kang maging kwalipikado para sa pag-reimburse (balik-bayad) kung nasasapatan mo ang **lahat** ng kondisyong ito:

- Ang serbisyong natanggap mo ay saklaw na serbisyo na responsibilidad ng Molina Healthcare na bayaran. Hindi ka ire-reimburse ng Molina Healthcare para sa serbisyong hindi saklaw ng Molina Healthcare.
- Natanggap mo ang saklaw na serbisyo habang ikaw ay isang karapat-dapat na miyembro ng Molina Healthcare.
- Hinihiling mong mabayaran ka sa loob ng isang taon mula sa petsa na natanggap mo ang saklaw na serbisyo.
- Nagpapakita ka ng patunay na ikaw, o isang tao sa ngalan mo, ay nagbayad para sa saklaw na serbisyo, tulad ng isang detalyadong resibo mula sa provider.
- Dapat kang magbigay ng mga kopya ng mga naka-itemize na resibo ng kabuuang bayad at dokumentasyon ng medical record para sa pag-verify ng mga saklaw na serbisyo.
- Natanggap mo ang saklaw na serbisyo mula sa isang provider na naka-enroll sa Medi-Cal na nasa network ng Molina Healthcare. Hindi mo kailangang masapatan ang kondisyong ito kung tumanggap ka ng pang-emergency na pangangalaga, mga serbisyo sa pagplano ng pamilya, o ibang serbisyo na pinapayagan ng Medi-Cal na gawin ng mga provider na wala sa network nang walang pre-approval (paunang awtorisasyon).
- Kung karaniwang kinakailangan ng saklaw na serbisyo ng pre-approval (paunang awtorisasyon), kailangan mong magbigay ng patunay mula sa provider na nagpapakita ng medikal na pangangailangan para sa saklaw na serbisyo.

Sasabihin sa iyo ng Molina Healthcare kung ire-reimburse ka nila sa isang liham na tinatawag na Abiso ng Aksyon (NOA). Kung nasasapatan mo ang lahat na kondisyon sa itaas, dapat na bayaran ka ng provider na naka-enroll sa Medi-Cal para sa buong halaga na ibinayad mo. Kung tatangi ang provider na ibalik ang ibinayad mo, Molina Healthcare ang magbabayad sa iyo ng buong halaga na ibinayad mo. Ire-reimburse ka namin sa loob ng 45 araw na may trabaho mula sa pagtanggap ng claim.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kung naka-enroll sa Medi-Cal ang provider pero wala sa network ng Molina Healthcare at tumatangging ibalik ang ibinayad mo, Molina Healthcare ang magbabalik ng pera mo, pero hanggang sa halaga lang na babayaran ng FFS Medi-Cal. Ibabalik sa iyo ng Molina Healthcare ang buong halaga na ibinayad mula sa sariling bulsa para sa mga serbisyong pang-emergency, mga serbisyo sa pagplano ng pamilya, o iba pang serbisyong pinapayagan ng Medi-Cal na ibigay ng mga provider na wala sa network nang walang pre-approval (paunang awtorisasyon). Kung hindi mo nasasapatan ang isa sa mga kondisyon sa itaas, hindi ibabalik ng Molina Healthcare ang ibinayad mo.

Hindi ibabalik ng Molina Healthcare ang ibinayad mo kung:

- Humiling ka at natanggap mo ang mga serbisyong hindi saklaw ng Medi-Cal, kagaya ng mga serbisyong cosmetic
- Hindi saklaw ang serbisyo para sa Molina Healthcare
- Mayroon kang hindi nabayaranang bahagi ng gastos sa Medi-Cal
- Nagpunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at lumagda ka sa isang form na nagsasaad na nais mo pa rin na matingnan at babayaran mo ang mga serbisyo mula sa sariling bulsa
- Mayroon kang mga Medicare Part D na mga co-pay para sa mga resetang saklaw ng Medicare Part D plan mo



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

# 3. Paanong kukuha ng pangangalaga

## Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan

**PAKIBASA ANG SUMUSUNOD NA IMPORMASYON PARA MABATID MO KUNG MULA KANINO O SA ALING GRUPO NG MGA PROVIDER MAKAKUKUHA NG PANGANGALAGA NG KALUSUGAN.**

Masisimulan mong makatanggap ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan sa petsa na magkakabisa ang pag-enroll mo sa Molina Healthcare. Palaging dalhin ang Molina Healthcare Identification (ID) card mo, Medi-Cal Card ng Pagkakakilanlan sa Benepisyo (BIC), at anumang iba pang card ng health insurance. Huwag kailanman ipapagamit sa ibang tao ang BIC card mo o Molina Healthcare ID card mo.

Ang mga bagong miyembro na mayroon lang ng proteksiyon ng Medi-Cal ay dapat na pumili ng isang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP) sa network ng Molina Healthcare. Ang mga bagong miyembro na may kapwa Medi-Cal at iba pang komprehensibong proteksiyon sa kalusugan ay hindi kailangang pumili ng isang PCP.

Ang Molina Healthcare network ay isang grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang mga provider na nakikipagtulungan sa Molina Healthcare. Dapat kang pumili ng isang PCP sa loob ng 30 araw mula sa sandaling maging miyembro ka ng Molina Healthcare. Kung hindi ka pipili ng isang PCP, Molina Healthcare ang pipili ng isa para sa iyo.

Mapipili mo ang parehong PCP o ibang mga PCP para sa lahat na miyembro ng pamilya sa Molina Healthcare, hangga't magagamit ang PCP.

Kung may doktor ka na nais mong manatili bilang PCP mo, o nais mong humanap ng bagong PCP, pumunta sa Direktoryo ng Provider para sa lista ng lahat na PCP at iba pang mga provider na nasa network ng Molina Healthcare. May iba pang impormasyon ang Direktoryo ng Provider na makatutulong sa iyo na pumili ng isang PCP. Kung kailangan mo ng Direktoryo ng Provider, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Mahahanap mo rin ang Direktoryo ng Provider sa website ng Molina Healthcare sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kung hindi mo makuha ang pangangalagang kailangan mo mula sa isang kalahok na provider na nasa network ng Molina Healthcare, ang PCP o espesyalista mong nasa network ng Molina Healthcare ay dapat na humiling sa Molina Healthcare ng pag-apruba na ipadala ka sa isang provider na wala sa network. Tinatawag ito na isang referral. Hindi mo kailangan ng referral na pumunta sa isang provider na wala sa network para makatanggap ng mga serbisyong maselan na pangangalaga na nakalista sa ilalim ng heading na “Maselang pangangalaga” sa bandang huli ng chapter na ito.

Basahin ang nalalabing bahagi ng chapter na ito para malaman pa ang tungkol sa mga PCP, sa Direktoryo ng Provider, at network ng mga provider.

**Naglalapat ang Medi-Cal Rx program ng pagsaklaw sa nakaresetang gamot para sa outpatient. Para malaman pa, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Chapter 4.**

---

## Tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP)

Ang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP) mo ay ang lisensyadong provider na pinupuntahan mo para sa karamihan ng pangangalaga ng kalusugan mo. Tinutulungan ka rin ng PCP mo na makuha ang iba pang mga uri ng pangangalaga na kailangan mo. Dapat kang pumili ng isang PCP sa loob ng 30 araw ng pag-enroll sa Molina Healthcare. Depende sa edad at kasarian mo, maaari kang pumili ng isang general practitioner, OB/GYN, family practitioner, internist, o pediatrician bilang PCP mo.

Ang isang propesyonal na nars (NP), katulong ng doktor (PA), o certified nurse midwife ay maaari rin na tumayo bilang PCP mo. Kung pipili ka ng isang NP, PA, o certified nurse midwife, maaaring may italagang doktor na mangasiwa sa iyong pangangalaga. Kung ikaw ay parehong nasa Medicare at Medi-Cal, o kung mayroon ka ring iba pang komprehensibong insurance sa pangangalaga ng kalusugan, hindi mo kailangang pumili ng isang PCP.

Makapipili ka ng isang Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian (IHCP), Pederal na Kwalipikadong Sentro ng Kalusugan (FQHC), o Rural na Klinikang Pangkalusugan (RHC) bilang PCP mo. Depende sa uri ng provider, maaaring makapipili ka ng isang PCP para sa iyong sarili at sa iba pang miyembro ng pamilya mo na miyembro ng Molina Healthcare, hangga't magagamit ang PCP.

**Tandaan:** Makapipili ang mga American Indian ng isang IHCP bilang kanilang PCP, kahit na wala ang IHCP sa network ng Molina Healthcare.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kung hindi ka pipili ng isang PCP sa loob ng 30 araw ng pag-enroll, Molina Healthcare ang magtatalaga ng isang PCP para sa iyo. Kung may itinalagang PCP sa iyo at nais mong mapalitan ito, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Magaganap ang pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan.

Gagawin ng PCP na:

- Aralin ang history ng kalusugan at mga pangangailangan mo
- Iingat ang mga health record mo
- Ibibigay sa iyo ang pang-agap at routine na pangangalaga ng kalusugan na kailangan mo
- I-refer ka sa isang espesyalista kung kailangan mo nito
- Maghanda ng pangangalaga sa ospital kung kailangan mo nito

Makatitingin ka sa Direktoryo ng Provider para makahanap ng isang PCP na nasa network ng Molina Healthcare . May lista ang Direktoryo ng Direktoryo ng Provider ng mga IHCP, FQHC, at RHC na nakikipagtulungan sa Molina Healthcare.

Mahamanap mo ang Direktoryo ng Provider ng Molina Healthcare online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com). O mahihiling mo na mapadalhan sa koreo ng Direktoryo ng Provider sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Makatatawag ka rin para alamin kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP.

#### **Kakayahang pumili ng mga doktor at iba pang mga provider**

Ikaw ang pinaka-nakababatid sa pangangailangan mo sa pangangalaga ng kalusugan, kaya pinakamainam kung ikaw ang pipili ng PCP mo. Pinakamainam na manatili sa isang PCP para matutunan niya ang mga pangangailangan mo sa pangangalaga ng kalusugan. Gayunpaman, kung nais mong lumipat sa isang bagong PCP, makapagpapalit ka anumang oras. Dapat kang pumili ng isang PCP na nasa network ng mga provider ng Molina Healthcare at tumatanggap siya ng mga bagong pasyente.

Ang bago mong pinili ang magiging PCP mo sa unang araw ng sumunod na buwan pagkaraan mong gawin ang pagbabago.

Para palitan ang PCP mo, tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Makabibisita ka rin sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com) at magrehistro para sa MyMolina. Ito ang member portal ng Molina Healthcare (web site) kung saan makakukuha ka ng impormasyon tungkol sa status ng Molina Healthcare mo online.

Mababago ng Molina Healthcare ang PCP mo kung hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP, umalis na ito ng network ng Molina Healthcare, hindi nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyente na kaedad mo, o kung may mga hindi pa naresolbang alalahanin sa kalidad sa PCP mo. Maaari rin hilingin ng Molina Healthcare o ng PCP mo na magpalit ka ng PCP kung hindi mo makasundo o masang-ayunan ang PCP mo, o kung hindi ka dumating o maatrasado sa mga appointment. Kung kailangan ng



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



Molina Healthcare na palitan ang PCP mo, ipagbibigay-alam ito sa iyo ng Molina Healthcare sa pamamagitan ng liham.

Kung mapalitan ang PCP mo, makatatanggap ka ng liham at isang bagong Molina Healthcare member ID card sa koreo. Nilalaman nito ang pangalan ng bagong PCP mo. Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro kung may mga tanong ka tungkol sa pagkuha ng bagong ID card.

Ilang bagay na dapat isaalang-alang kapag pumipili ng isang PCP:

- Nag-aasikaso ba ang PCP ng mga bata?
- Nagtrabaho ba ang PCP sa klinikang ginagamit ko?
- Malapit ba ang opisina ng PCP sa tahanan ko, trabaho, o paaralan ng mga anak ko?
- Malapit ba ang opisina ng PCP sa tinitirhan ko at madali bang puntahan ang opisina ng PCP?
- Nagsasalita ba ang mga doktor at staff ng wika ko?
- Nagtrabaho ba ang the PCP sa ospital na gusto ko?
- Ibinibigay ba ng PCP ang mga serbisyong kailangan ko?
- Pasok ba sa schedule ko ang mga oras ng opisina ng PCP?
- Nagtrabaho ba ang PCP sa mga espesyalistang gusto ko?

### **Paunang Health Appointment (IHA)**

Inirerekomenda ng Molina Healthcare na, bilang isang bagong miyembro, magpatingin ka sa bagong PCP mo sa loob ng 120 araw para sa unang appointment mo para sa kalusugan, na tinatawag na Paunang Health Appointment (IHA). Ang layunin ng unang appointment para sa kalusugan na matulungan ang PCP mo na matutunan ang kasaysayan ng kalusugan at mga pangangailangan mo. Maaaring magtanong ang PCP mo ng mga tanong tungkol sa kasaysayan ng kalusugan mo o hilingin sa iyo na sagutan ang isang kwestionaryo. Sasabihan ka rin ng PCP mo tungkol sa pagpapayo para sa edukasyon tungkol sa kalusugan at mga klase na makatutulong sa iyo.

Kapag tumawag ka para mag-schedule ng unang appointment mo para sa kalusugan, sabihin sa taong sasagot ng telepono na isa kang miyembro ng Molina Healthcare. Ibigay ang Molina Healthcare ID number mo.

Dalhin ang Medi-Cal BIC card at Molina Healthcare ID card mo sa appointment. Magandang ideya na gumawa ng lista ng mga gamot at katanungan sa pagpatingin mo. Humandang makipag-usap sa PCP mo tungkol sa mga pangangailangan at alalahanin mo sa kalusugan.

Tiyakin na tawagan ang opisina ng PCP mo kung maatrasado ka o hindi makararating sa appointment mo.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa unang appointment mo para sa kalusugan, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

#### Routine na pangangalaga

Ang routine na pangangalaga ay regular na pangangalaga sa kalusugan. Kasama rito ang pangangalagang pang-agap, na tinatawag din na wellness o well care.

Nakatutulong ito sa iyo na manatiling nasa magandang kalusugan at makaiwas sa pagkakasakit. Kabilang sa pangangalagang pang-agap ang mga regular na check-up, screening, pagbabakuna, edukasyon sa kalusugan, at pagpapayo.

Inirerekomenda ng Molina Healthcare na, lalo na ang mga bata, na makatanggap ng regular na pangangalagang routine at pang-agap. Makukuha ng mga miyembro ng Molina Healthcare ang lahat ng inirerekomendang serbisyong pang-agap na inirerekomenda ng American Academy of Pediatrics at ng Centers for Medicare and Medicaid Services. Kasama sa mga pag-screen na ito ang pag-screen sa pandinig at paningin, na makatutulong na matiyak ang malusog na paglaki at pag-aaral. Para sa lista ng mga serbisyong inirerekomenda ng pediatrician, basahin ang mga pamatnubay ng “Bright Futures” mula sa American Academy of Pediatrics sa [https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf).

Kasama rin sa routine na pangangalaga ang pangangalaga kapag may sakit ka. Saklaw ng Molina Healthcare ang routine na pangangalaga mula sa PCP mo.

Gagawin ng PCP na:

- Ibinibigay sa iyo ang karamihan sa mga routine na pangangalaga, kabilang ang mga regular na check-up, mga imunisasyon (mga bakuna), paggagamot, mga reseta, mga kinakailangang pagsusuri, at payong medikal
- lingatan ang mga health record mo
- I-refer ka sa mga espesyalista kung kailangan
- Mag-order ng mga X-ray, mammogram, o lab work kung kailangan mo ang mga ito

Kapag kailangan mo ng routine na pangangalaga, tatawagan mo ang iyong PCP para sa isang appointment. Tiyaking tawagan ang iyong PCP bago ka tumanggap ng pangangalagang medikal maliban kung ito ay isang emergency. Para sa isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Para alamin pa ang tungkol sa pangangalaga sa kalusugan at mga serbisyo na saklaw ng Molina Healthcare at kung ano-ano ang mga hindi nito saklaw, basahin ang Chapter 4, “Mga benepisyo at serbisyo” at Chapter 5, “Pangangalaga para sa kabutihan ng musmos at kabataan” sa handbook na ito.

**Makagagamit ang lahat na provider na nasa network ng Molina Healthcare ng mga pantulong at serbisyo para makipag-usap sa mga taong may mga kapansanan. Maaari rin silang makipag-ugnayan sa iyo sa ibang wika o format. Sabihin sa provider mo o sa Molina Healthcare kung ano ang kailangan mo.**



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

---

## Network ng mga provider

Ang network ng mga provider ng Medi-Cal ay grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang mga provider na nakikipagtulungan sa Molina Healthcare para makapaghatid ng mga serbisyong saklaw ng Medi-Cal sa mga miyembro ng Medi-Cal.

Ang Molina Healthcare ay isang planong pangkalusugan sa pangangalagang may pamamahala. Kapag pinili mo ang aming Medi-Cal Plan, pinipili mong matanggap ang pangangalaga mo sa pamamagitan ng programa namin sa pangangalagang medikal. Dapat mong sulitin ang mga saklaw na serbiyo mo sa pamamagitan ng Molina Healthcare mula sa mga provider namin na nasa network. Maaari kang magpatingin sa isang provider na wala sa network nang walang referral o pre-approval para sa pang-emergency na pangangalaga o para sa mga serbiyo sa pagplano ng pamilya. Maaari ka ring magpatingin sa isang provider na wala sa network para sa out-of-area na agarang pangangalaga kapag ikaw ay nasa lugar na hindi namin pinaglilingkuran. Dapat na mayroon kang referral o pre-approval para sa lahat ng iba pang serbiyo na wala-sa-network, kung wala, hindi masasaklaw ang mga ito.

**Tandaan:** Makapipili ang mga American Indian ng isang IHCP bilang kanilang PCP, kahit na wala ang IHCP sa network ng Molina Healthcare.

Kung may moral na pagtutol ang iyong PCP, ospital, o iba pang provider sa pagbigay sa iyo ng saklaw na serbiyo, kagaya ng pagplano ng pamilya o aborsyon, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Para sa higit pa tungkol sa mga moral na pagtutol, basahin ang “Moral na pagtutol” sa hulihan ng chapter na ito.

Kung may moral na pagtutol ang provider mo sa pagbigay sa iyo ng saklaw na serbiyo sa pangangalaga ng kalusugan, matutulungan ka nilang makahanap ng panibagong provider na maibibigay sa iyo ang mga serbisyong kailangan mo. Matutulungan ka rin ng Molina Healthcare na makahanap ng provider na magsasagawa sa serbiyo.

## Mga provider na nasa network

Gagamit ka ng mga provider na nasa network ng Molina Healthcare para sa karamihan ng mga pangangailangan mo sa pangangalaga ng kalusugan. Makatatanggap ka ng pang-agap at routine na pangangalaga mula sa mga provider na nasa network. Makagagamit ka rin ng mga espesyalista, mga ospital, at iba pang mga provider na nasa network ng Molina Healthcare.

Para makakuha ng Direktoryo ng Provider na nasa network, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Mahahanap mo rin ang Direktoryo ng provider online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com). Para makakuha ng kopya ng Listahan ng Mga Nakakontratang Gamot, tumawag sa Medi-Cal Rx sa numerong 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711. O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.



Tawagan ang mga serbiyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Dapat na makakuha ka ng pre-approval (paunang awtorisasyon) mula sa Molina Healthcare bago ka pumunta sa isang provider na wala-sa-network ng Molina Healthcare, kabilang na sa loob ng pinaglilingkurang lugar ng Molina Healthcare, maliban sa mga kasong ganito:

- Kung kailangan mo ng pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.
- Kung nasa labas ka ng pinaglilingkurang lugar ng Molina Healthcare at kailangan mo ng agarang pangangalaga, pumunta sa anumang pasilidad ng agarang pangangalaga.
- Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pagplano ng pamilya, pumunta sa alinmang provider ng Medi-Cal nang walang pre-approval (paunang awtorisasyon).
- Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, pumunta sa isang provider na nasa network o isang provider ng county para sa kalusugan ng pag-iisip, nang walang pre-approval (paunang awtorisasyon).

Kung wala ka sa isa sa mga kasong nakalista sa itaas at hindi ka nakakakuha ng pre-approval (paunang awtorisasyon) bago tumanggap ng pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network, maaaring ikaw ang magbabayad para sa anumang pangangalagang natanggap mo mula sa mga provider na wala sa network.

#### **Mga provider na wala sa network na nasa loob ng lugar ng serbisyo**

Ang mga provider na wala sa network ay mga provider na walang kasunduan sa Molina Healthcare. Maliban para sa pang-emergency na pangangalaga, pangangalaga sa pamilya, maselang pangangalaga, at pangangalagang may paunang awtorisasyon ng Molina Healthcare, maaaring kailanganin mong magbayad para sa anumang pangangalaga na natanggap mo mula sa mga provider na wala sa network sa iyong lugar ng serbisyo.

Kung kailangan mo ng mga medikal na kinakailangang serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na hindi makukuha mula sa network, maaaring makuha mo ang mga ito mula sa isang provider na wala sa network nang libre. Maaaring aprubahan ng Molina Healthcare ang referral sa isang provider na wala sa network kung ang mga serbisyong kailangan mo ay hindi makukuha sa network o napakalayo sa iyong tahanan. Kung bibigyan ka namin ng referral sa isang provider na wala sa network, kami ang magbabayad para sa iyong pangangalaga.

Para sa agarang pangangalaga sa loob ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare , dapat kang pumunta sa isang provider ng Molina Healthcare na nasa network para sa agarang pangangalaga. Hindi mo kailangan ng pre-approval (paunang awtorisasyon) para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang provider na nasa network. Kailangan mong makakuha ng pre-approval (paunang awtorisasyon) para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network sa loob ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kung kukuha ka ng agarang pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network sa loob ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare, maaaring kailangan mong magbayad para sa pangangalagang iyon. Mababasa mo ang higit pa tungkol sa pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, at mga serbisyo sa maselang pangangalaga na nasa chapter na ito.

**Tandaan:** Kung isa kang American Indian, makakukuha ka ng pangangalaga sa isang IHCP sa labas ng mga provider namin nang walang referral. Maaari rin na i-refer ng isang IHCP na wala-sa-network ang mga miyembrong American Indian sa isang provider na nasa network nang hindi muna humihingi ng referral mula sa isang PCP na nasa network.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga serbisyong wala-sa-network, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

#### Sa labas ng lugar ng serbisyo

Kung nasa labas ka ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare at kailangan ng pangangalaga na **hindi** isang emergency o agaran, tawagan agad ang PCP mo. O tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Sinasagot ng Molina Healthcare ang pang-emergency na pangangalaga na wala-sa-network. Kung bibiyahe ka sa Canada o Mexico at kailangan mo ng pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagkaka-ospital, sasagutin ng Molina Healthcare ang pangangalaga mo. Kung bibiyahe ka sa ibang bansa sa labas ng Canada o Mexico at nangangailangan ng pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, o anumang serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan **hindi** sasagutin ng Molina Healthcare ang pangangalaga mo.

Kung nagbayad ka para sa pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapa-ospital sa Canada o Mexico, mahihiling mo sa Molina Healthcare na ibalik ang ibinayad mo. Pag-aaralan ng Molina Healthcare ang kahilingang iyon. Para malaman pa ang tungkol sa pagbalik ng ibinayad mo, basahin ang Chapter 2, “Tungkol sa planong pangkalusugan mo” na nasa handbook na ito.

Kung ikaw ay nasa ibang estado o nasa isang Teritoryo ng Estados Unidos gaya ng American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, o United States Virgin Islands, protektado ka para sa pang-emergency na pangangalaga. Hindi lahat ng ospital at doktor ay tumatanggap ng Medicaid. (Medi-Cal ang tawag sa Medicaid sa California lang.) Kung kailangan mo ng pang-emergency na pangangalaga sa labas ng California, sabihin sa doktor sa ospital o emergency room sa lalong madaling panahon na mayroon kang Medi-Cal at isa kang miyembro ng Molina Healthcare.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Hilingin sa ospital na gumawa ng mga kopya ng Molina Healthcare ID card mo. Sabihin sa ospital at sa mga doktor na singilin ang Molina Healthcare. Kung makatanggap ka ng bill para sa mga serbisyong natanggap mo sa ibang estado, tumawag agad sa Molina Healthcare. Makikipagtulungan kami sa ospital at/o doktor para ayusin na mabayaran ng Molina Healthcare ang iyong pangangalaga.

Kung ikaw ay nasa labas ng California at may emergency na pangangailangan na punan ang mga iniresetang gamot para sa outpatient, patawagin ang parmasya sa Medi-Cal Rx sa numerong 1-800-977-2273.

**Tandaan:** Makakukuha ang mga American Indian ng mga serbisyo sa mga IHCP na wala-sa-network.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pangangalagang wala-sa-network o wala-sa-lugar-ng-serbisyo, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Kung sarado ang opisina at nais o ng tulong mula sa you isang kinatawan ng Molina Healthcare, tumawag sa Linya ng Payo ng Nars sa numerong 1-888-275-8750 (English) o 1-866-648-3537 (Spanish).

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga. Kung bibiyahe ka sa labas ng Estados Unidos at nangangailangan ng agarang pangangalaga, hindi sasagutin ng Molina Healthcare ang pangangalaga mo. Para sa higit pa tungkol sa agarang pangangalaga, basahin ang “Agarang pangangalaga” sa bandang huli ng chapter na ito.

### Mga Itinalagang Modelong MCP

Itinalaga ng Molina Healthcare ang mga miyembro sa mga Medical Group/IPA. Ang mga Medical Group/IPA ay mayroong kontrata sa Molina Healthcare at may network ng mga provider. Inoorganisa ng mga Medical Group/IPA ang isang grupo ng mga doktor, espesyalista, at iba pang mga provider ng mga serbisyong pangkalusugan para tingnan ang mga miyembro ng Molina Healthcare. Inaasikaso ng doktor mo, kasama ng Medical Group/IPA, ang lahat ng medikal na pangangailangan mo. Maaaring kabilang dito ang pagkuha ng approval na magpatingin sa mga espesyalistang doktor o mga serbisyong medikal tulad ng mga lab test, mga x-ray, at/o pagka-admit sa ospital.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagkuha ng approval, pangangalaga na wala-sa-network o wala-sa-lugar-ng-serbisyo, tawagan ang iyong Medical Group/IPA gamit ang numero ng telepono na matatagpuan sa iyong ID card o maaari kang tumawag sa Molina Member Services para matulungan ka sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

#### **Paano gumagana ang pangangalagang may pamamahala**

Ang Molina Healthcare ay isang planong pangkalusugan sa pangangalagang may pamamahala. Nagbibigay ang Molina Healthcare ng pangangalaga sa mga miyembrong nakatira sa Los Angeles County. Sa pangangalagang may pamamahala, ang iyong PCP, mga espesyalista, klinika, ospital, at iba pang mga provider ay nagtutulungan para pangalagaan ka.

Nakikipagkontrata ang Molina Healthcare sa mga medical group para magbigay ng pangangalaga sa mga miyembro ng Molina Healthcare. Ang isang medical group ay binubuo ng mga doktor na mga PCP at espesyalista. Nakikipagtulungan ang medical group sa iba pang mga provider tulad ng mga laboratoryo at mga supplier ng durable medical equipment. Konektado rin ang medical group sa isang ospital. Tingnan ang iyong Molina Healthcare ID card para sa mga pangalan ng iyong PCP, medical group, at ospital.

Kapag sumali ka sa Molina Healthcare, pipili ka o may itatalagang PCP sa iyo. Ang PCP mo ay bahagi ng isang medical group. Ang PCP mo at medical group ang nagmamando sa pangangalaga para sa lahat ng medikal na pangangailangan mo. Maaaring i-refer ka ng PCP mo sa mga espesyalista o mag-order ng mga lab test at X-ray. Kung kailangan mo ng mga serbisyong nangangailangan ng pre-approval (paunang awtorisasyon), rerepasuhin ng Molina Healthcare o ng medical group mo ang pre-approval (paunang awtorisasyon) at magpapasya kung aaprubahan ang serbisyo.

Sa karamihan ng mga kaso, dapat kang pumunta sa mga espesyalista at iba pang propesyonal sa kalusugan na nagtatrabaho sa parehong medical group ng iyong PCP. Maliban sa mga emergency, kailangan mo ring kumuha ng pangangalaga sa ospital mula sa ospital na konektado sa iyong medical group.

Minsan, maaaring kailanganin mo ang isang serbisyo na hindi makukuha mula sa isang provider na nasa medical group. Sa ganoong kaso, ire-refer ka ng PCP mo sa isang provider na nasa ibang medical group o nasa labas ng network. Hihiling ang PCP mo ng pre-approval (paunang awtorisasyon) para makapunta ka sa provider na ito.

Sa karamihan ng mga kaso, dapat na mayroon kang paunang awtorisasyon mula sa PCP mo, medical group, o Molina Healthcare bago ka makapupunta sa isang provider na wala sa network o sa isang provider na hindi bahagi ng iyong medical group. Hindi mo kailangan ng pre-approval (paunang awtorisasyon) para sa mga serbisyong pang-emergency, mga serbisyo sa pagplano ng pamilya, o mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na nasa network.

#### **Mga miyembro na mayroon ng kapwa Medicare at Medi-Cal**

Ang mga miyembro na may Medicare at Medi-Cal ay dapat magkaroon ng access sa mga provider na bahagi ng proteksiyon nilang Medicare pati na ng mga provider na



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

kasama sa proteksiyon ng Medi-Cal plan. Sumangguni sa Medicare Advantage EOC o sa Medicare Advantage Direktoryo ng Provider kung naaangkop.

#### Mga doktor

Pipili ka ng doktor o ng iba pang provider mula sa Direktoryo ng Provider ng Molina Healthcare bilang PCP mo. Ang PCP na pipiliin mo ay dapat na isang provider na nasa network. Para makakuha ng kopya ng Direktoryo ng Provider ng Molina Healthcare, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). O hanapin ito online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kung pumipili ka ng isang bagong PCP, dapat mo rin tawagan ang PCP na nais mo para matiyak na tumatanggap siya ng mga bagong pasyente.

Kung nagkaroon ka ng doktor bago ka naging miyembro ng Molina Healthcare, at hindi bahagi ng network ng Molina Healthcare ang doktor na iyon, maaaring mapanatili mo ang doktor na iyon sa limitadong oras. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga (continuity of care). Mababasa mo ang higit pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa handbook na ito. Para malaman pa, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Kung kailangan mo ng isang espesyalista, ire-refer ka ng PCP mo sa isang espesyalista na nasa network ng Molina Healthcare. May ilang espesyalista na hindi kailangan ng referral. Para sa higit pa tungkol sa mga referral, basahin ang “Mga referral” sa bandang huli ng chapter na ito.

Tandaan, kung hindi ka pipili ng isang PCP, Molina Healthcare ang pipili ng isa para sa iyo, maliban kung mayroon kang iba pang komprehensibong proteksiyon sa kalusugan bilang karagdagan sa Medi-Cal. Ikaw ang pinaka-nakababatid sa pangangailangan mo sa pangangalaga ng kalusugan, kaya pinakamainam kung ikaw ang pipili. Kung ikaw ay kapwa nasa Medicare at Medi-Cal, o kung mayroon kang iba pang insurance sa pangangalaga ng kalusugan, hindi mo kailangang pumili ng isang mula sa Molina Healthcare.

Kung nais mong palitan ang PCP mo, dapat kang pumili ng PCP mula sa Direktoryo ng Provider ng Molina Healthcare. Tiyakin na tumatanggap ang PCP ng mga bagong pasyente. Para palitan ang PCP mo, tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Mapapalitan mo rin ang PCP mo pagkatapos mong mag-enroll sa MyMolina.

#### Mga ospital

Sa isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Kung hindi ito isang emergency at kailangan mo ng pangangalaga ng ospital, magpapasya ang PCP mo sa kung saang ospital ka pupunta. Kakailanganin mong pumunta sa ospital na ginagamit ng PCP mo at nasa network ng mga provider ng



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



Molina Healthcare. Inililista ng Direktoryo ng Provider ang mga ospital na nasa network ng Molina Healthcare.

#### **Mga espesyalista sa kalusugan ng kababaihan**

Makapupunta ka sa isang espesyalista sa kalusugan ng kababaihan na nasa network ng Molina Healthcare para sa saklaw na pangangalaga na kinakailangan para maibigay ang mga pang-agap at routine na pangangalaga sa mga kababaihan. Hindi mo kailangan ng referral o awtorisasyon mula sa PCP mo para makuha ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghanap ng espesyalista sa kalusugan ng kababaihan, makatatawag ka sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Makatatawag ka rin sa 24/7 na Linya ng Payo ng Nars sa numerong 1-888-275-8750 (English) o 1-866-648-3537 (Spanish).

Para sa mga serbisyo sa pagplano ng pamilya, hindi kinakailangan na nasa network ng mga provider ng Molina Healthcare ang provider mo. Mapipili mo ang sinumang Medi-Cal provider at pumunta sa kaniya nang walang referral o pre-approval (paunang awtorisasyon). Para sa tulong sa paghanap ng Medi-Cal provider na nasa labas ng network ng mga provider ng Molina Healthcare, tumawag sa 1-888-665-4621.

#### **Direktoryo ng Provider**

Inililista ng Direktoryo ng Provider ng Molina Healthcare ang mga provider na nasa network ng Molina Healthcare . Ang network ay grupo ng mga provider na nakikipagtulungan sa Molina Healthcare.

Inililista ng Direktoryo ng Provider ng Molina Healthcare ang mga ospital, PCP, espesyalista, propesyonal na nars, nurse midwife, katulong ng doktor, provider sa pagplano ng pamilya, FQHC, provider sa kalusugan ng pag-iisip ng outpatient, managed pangmatagalang serbisyo at suporta (MLTSS), Freestanding Birth Centers (FBC), IHCP, at RHC.

Taglay ng Direktoryo ng Provider ng Molina Healthcare ang mga pangalan ng provider, mga kadalubhasaan, mga address, mga numero ng telepono, mga oras na bukas, at mga wikang sinasalita. Sinasabi nito sa iyo kung tumatanggap ang provider ng mga bagong pasyente. Ibinibigay din nito ang pisikal na accessibility para sa gusali, tulad ng paradahan, mga rampa, hagdan na may mga handrail, at mga banyong may malapad na pinto at grab bar.

Para malaman pa ang tungkol sa edukasyon ng doktor, mga propesyonal na kwalipikasyon, pagkumpleto ng residency, pagsasanay, at board certification, tumawag 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Mahamanap mo ang online na Direktoryo ng Provider sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kung kailangan mo ng naka-print na Direktoryo ng Provider, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### 3 | Paano makakuha ng pangangalaga

Makahahanap ka ng lista ng mga parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Makahahanap ka rin ng parmasya na malapit sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa numerong 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711.

#### Napapanahong access sa pangangalaga

Dapat na magbigay ang provider mong nasa network ng napapanahong access sa pangangalaga batay sa mga pangangailangan mo sa pangangalagang pangkalusugan. Sa pinakamababa, dapat siyang mag-alok sa iyo ng appointment na nakalista sa mga time frame na ipinapakita sa talaan sa ibaba.

Uri ng appointment	Dapat na makakuha ka ng appointment sa loob ng:
Mga appointment sa agarang pangangalaga na hindi kailangan ng pre-approval (paunang awtorisasyon)	48 oras
Mga appointment sa agarang pangangalaga na kailangan ng pre-approval (paunang awtorisasyon)	96 na oras
Mga hindi agaran (routine) na appointment para sa pangunahing pangangalaga	10 araw ng negosyo
Mga hindi agaran (routine) na appointment para sa pangangalaga ng espesyalista	15 araw ng negosyo
Mga hindi agaran (routine) na appointment sa provider (hindi-doktor) para sa pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip	10 araw ng negosyo
Mga hindi agaran (routine) na follow-up appointment sa provider (hindi-doktor) para sa pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip	10 araw ng negosyo ng huling appointment
Mga hindi agaran (routine) na appointment para sa mga karagdagang (pangsuportang) serbisyo para sa pag-diagnose o paggagamot sa pinsala, sakit, o iba pang karamdaman ng kalusugan	15 araw ng negosyo



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Iba pang mga pamantayang oras ng paghintay	Dapat na makakonekta ka sa loob ng:
Mga oras ng paghihintay sa telepono sa mga serbisyo sa miyembro sa mga normal na oras ng negosyo	10 minuto
Mga oras ng paghihintay sa telepono para sa Linya ng Payo ng Nars	30 minuto (nakakonekta sa nurse)

Kung minsan ay hindi problema ang paghintay nang mas matagal para sa isang appointment. Maaaring bigyan ka ng provider mo ng mas mahabang oras ng paghihintay kung hindi ito makasasama sa kalusugan mo. Dapat na mailagay sa record mo na hindi makasasama sa kalusugan mo ang mas mahabang oras ng paghihintay. Mapipili mo ang mas huling appointment o tumawag sa Molina Healthcare para pumunta sa ibang provider na pipiliin mo. Igagalang ng provider mo at ng Molina Healthcare ang nais mo.

Maaaring magrekomenda ang doktor mo ng partikular na schedule para sa mga serbisyong pang-agap, follow-up na pangangalaga para sa mga nagpapatuloy na karamdaman, o mga umiiral na referral sa mga espesyalista, depende sa mga pangangailangan mo.

Sabihin sa amin kung kailangan mo ng mga serbisyo ng interpreter, kabilang ang sign language, kapag tumawag ka sa Molina Healthcare o kung kumukuha ka ng mga saklaw na serbisyo. Makukuha ang mga serbisyo ng interpreter nang libre. Lubos naming hindi hinihimok ang paggamit ng mga menor-de-edad o mga miyembro ng pamilya bilang mga interpreter. Para malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo ng interpreter na inaalok namin, tumawag sa 1-888-665-4621.

Kung kailangan mo ng mga serbisyo ng interpreter, kabilang ang sign language, sa isang parmasya ng Medi-Cal Rx, tumawag sa Serbisyo sa Customer ng Medi-Cal Rx sa numerong 1-800-977-2273, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Makatatawag ang mga gumagamit ng TTY sa 711, Lunes hanggang Buyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

### Oras ng biyahe o distansya sa pangangalaga

Dapat sundin ng Molina Healthcare ang mga pamantayan sa oras ng biyahe o distansya para sa pangangalaga mo. Nakatutulong ang mga pamantayan na iyon para matiyak na makakukuha ka ng pangangalaga nang hindi kinakailangang bumiyahe nang napakalayo mula sa kung saan ka naninirahan. Nakadepende ang oras ng biyahe o distansya sa county kung saan ka naninirahan.

Kung hindi makapagbigay ang Molina Healthcare ng pangangalaga sa iyo sa loob ng mga pamantayang ito sa oras ng biyahe o distansya, maaaring magpahintulot ang DHCS ng naiibang pamantayan, na tinatawag na alternatibong pamantayan sa access. Para sa mga pamantayan ng Molina Healthcare sa oras o distansya para sa kung saan



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

ka naninirahan, bumisita sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com). O tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Ipinapalagay na malayo kung hindi ka makararating sa provider na iyon sa loob ng pamantayan ng Molina Healthcare sa oras o distansya para sa county mo, anupaman ang alternatibong pamantayan sa access na maaaring gamitin ng Molina Healthcare para sa ZIP Code mo.

Kung kailangan mo ng pangangalaga mula sa isang provider na malayo mula sa kung saan ka naninirahan, tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Matutulungan ka nilang makahanap ng pangangalaga sa provider na mas malapit sa iyo ang lokasyon. Kung hindi makahanap ang Molina Healthcare ng pangangalaga para sa iyo na mula sa mas malapit na provider, mahihiling mo sa Molina Healthcare na maghanda ng transportasyon para sa iyo para makapunta sa provider mo, kahit na malayo ang lokasyon ng provider na iyon mula sa kung saan ka naninirahan.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga provider na parmasya, tumawag sa Medi-Cal Rx sa numerong 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711.

---

## Mga appointment

Kapag kailangan mo ng pangangalagang pangkalusugan:

- Tawagan ang PCP mo
- Ihanda ang Molina Healthcare ID number mo sa pagtawag
- Mag-iwan ng mensahe na may pangalan at numero ng telepono mo kung sarado ang opisina
- Dalhin ang Medi-Cal BIC card at Molina Healthcare ID card mo sa iyong appointment
- Humiling nga transportasyon papunta sa appointment mo, kung kailangan, sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-844-292-2688 o 1-888-665-4621
- Humiling ng kinakailangang serbisyong tulong sa wika bago ang appointment mo para maging handa ang mga serbisyo sa panahon ng pagpapatingin mo
- Dumating sa oras para sa appointment mo, dumating nang ilang minuto na mas maaga para mag-sign in, punan ang mga form, at sagutin ang anumang katanungan na maaaring mayroon ang PCP mo
- Tumawag agad kung hindi ka makararating sa appointment mo o kung mahuhuli ka
- Ihanda ang mga tanong at impormasyon ng mga gamot mo

Kung mayroon kang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Kung kailangan mo ng tulong sa pagpasya kung gaano kaagaran mong kinakailangan ng pangangalaga at wala ang PCP mo, tumawag sa Linya ng Payo ng Nars ng Molina Healthcare sa numerong 1-888-275-8750 (English) o 1-866-648-3537 (Spanish).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

---

## Pagpunta sa appointment mo

Kung wala kang paraan para makapunta at makauwi mula sa mga appointment mo para sa mga saklaw na serbisyo, makatutulong ang Molina Healthcare na mag-areglo ng transportasyon para sa iyo. Depende sa sitwasyon mo, maaari kang maging kwalipikado para sa Medical Transportation o para sa Hindi-Medikal na Transportasyon. Ang mga serbisyong transportasyon na ito ay hindi para sa mga emergency at maaaring magamit nang libre.

Kung may emergency ka, tumawag sa **911**. May magagamit na transportasyon para sa mga serbisyo at appointment na hindi nauugnay sa pang-emergency na pangangalaga.

Para alamin pa, basahin ang “Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyong hindi emergency” sa bandang huli ng chapter na ito.

---

## Pagkansela at muling pagpa-schedule

Kung hindi ka makararating sa appointment mo, tawagan agad ang opisina ng iyong provider. Hinihingi ng karamihan sa mga provider sa iyo na tumawag ka 24 na oras (1 araw ng negosyo) bago ang iyong appointment kung kailangan mong magkansela. Kung paulit-ulit na hindi ka dumating sa mga appointment, maaaring huminto ang provider mo sa pagbigay ng pangangalaga sa iyo at kakailanganin mong humanap ng panibagong provider.

---

## Pagbabayad

**Hindi** mo kailangang magbayad para sa mga saklaw na serbisyo maliban kung mayroon kang bahagi sa gastos para sa pangmatagalang pangangalaga. Para alamin pa, basahin ang “Para sa mga miyembrong may pangmatagalang pangangalaga at may bahagi sa gastos” sa Chapter 2. Sa karamihan ng mga kaso, hindi ka makatanggap ng bill mula sa isang provider. Dapat mong ipakita ang iyong Molina Healthcare ID card at ang iyong Medi-Cal BIC card kapag kumukuha ka ng mga serbisyo o mga reseta sa pangangalagang pangkalusugan, para malaman ng provider mo kung sino ang sisingilin. Makakukuha ka ng Paliwanag ng Mga Benepisyo (EOB) o isang statement mula sa isang provider. Ang mga EOB at statement ay hindi mga bayarin.

Kung makatanggap ka ng bill, tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Kung makatanggap ka ng bill para sa mga reseta, tawagan ang Medi-Cal Rx sa numerong 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711. O bumisita sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

---



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Sabihin sa Molina Healthcare ang halaga na sinisingil sa iyo, ang petsa ng serbisyo, at dahilan para sa bill. Tutulungan ka ng Molina Healthcare na malaman kung ang bill ay para sa saklaw na serbisyo o hindi. Hindi mo kailangang bayaran ang mga provider para sa anumang halaga na dapat bayaran ng Molina Healthcare para sa anumang saklaw na serbisyo. Kung kukuha ka ng pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network at hindi ka kumuha ng pre-approval (paunang awtorisasyon) mula sa Molina Healthcare, maaaring ikaw ang magbabayad para sa pangangalagang natanggap mo.

Dapat kang makakuha ng pre-approval (paunang awtorisasyon) mula sa Molina Healthcare bago magpatingin sa isang provider na wala sa network maliban kung:

- Kailangan mo ng mga serbisyong pang-emergency, kung saan i-dial ang 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital
- Kailangan mo ng mga serbisyo sa pagplano ng pamilya o mga serbisyong kaugnay ng pagsusuri para sa mga impeksiyon na nakukuha sa pakikipagtalik, kung saan maaari kang pumunta sa sinumang provider ng Medi-Cal nang walang pre-approval (paunang awtorisasyon)
- Kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, kung saan makapupunta ka sa isang provider na nasa network o isang provider ng county para sa kalusugan ng pag-iisip, nang walang pre-approval (paunang awtorisasyon)

Kung kailangan mong makakuha ng medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network dahil hindi ito makukuha sa network ng Molina Healthcare, hindi mo kailangang magbayad hangga't ang pangangalaga ay isang saklaw na serbisyo ng Medi-Cal at nakakuha ka ng pre-approval (paunang awtorisasyon) mula sa Molina Healthcare para rito. Para alamin pa ang tungkol sa pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, at mga serbisyo sa maselang pangangalaga, puntahan ang mga pamagat na iyon sa chapter na ito.

Kung makatanggap ka ng bill o hiniling na bayaran ang isang co-pay na sa palagay mo'y hindi mo kailangang bayaran, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Kung binayaran mo ang bill, maaari kang maghain ng claim form sa Molina Healthcare. Kakailanganin mong sabihin sa Molina Healthcare sa pamamagitan ng pagliham ang tungkol sa item o serbisyong binayaran mo. Babasahin ng Molina Healthcare ang claim mo at magpapasya kung mababawi mo ang pera mo.

Para sa mga katanungan, tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Kung tumanggap ka ng mga serbisyo sa Veteran Affairs system o mga serbisyong hindi saklaw o hindi awtorisado sa labas ng California, maaaring responsibilidad mo ang pagbabayad para sa mga ito.

Hindi ibabalik ng Molina Healthcare ang ibinayad mo kung:

- Hindi saklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyo kagaya ng mga serbisyong cosmetic
- Mayroon kang hindi nabayarang bahagi ng gastos sa Medi-Cal



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

- Nagpunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at lumagda ka sa isang form na nagsasaad na nais mo pa rin na matingnan at babayaran mo ang mga serbisyo mula sa sariling bulsa
- Hiniling mo na ibalik ang ibinayad mo para sa mga Medicare Part D na mga co-pay para sa mga resetang saklaw ng Medicare Part D plan mo

---

## Mga referral

Kung kailangan mo ng espesyalista para sa pangangalaga mo, bibigyan ka ng PCP mo o ng ibang espesyalista ng referral para sa isa. Ang espesyalista ay isang provider na nakatuon sa isang uri ng serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan. Makikipagtulungan sa iyo ang doktor na magre-refer sa iyo na pumili ng isang espesyalista. Para makatulong na matiyak na makapupunta ka sa isang espesyalista sa paraang napapanahon, nagtatakda ang DHCS ng mga time frame para sa mga miyembro para makakuha ng mga appointment. Nakalista ang mga time frame na ito sa “Napapanahong access sa pangangalaga” sa unang bahagi ng chapter na ito. Matutulongan ka ng opisina ng PCP mo na mag-set up ng appointment sa isang espesyalista.

Kabilang sa iba pang mga serbisyo na maaaring mangailangan ng referral ay ang mga procedure sa opisina, X-ray, lab work.

Maaaring bigyan ka ng PCP mo ng form na dadalhin sa espesyalista. Pupunan ng espesyalista ang form at ipapadala ito pabalik sa PCP mo. Gagamutin ka ng espesyalista hangga't sa tingin niya'y kailangan mo ng paggagamot. Ang mga serbisyo ng espesyalista ay dapat ibigay ng mga doktor na bahagi ng Molina o Medical Group/IPA network. Kung walang magagamit na espesyalistang nasa network, tutulong kami sa paghanap ng provider na makasasapat sa mga pangangailangan mo.

Kung mayroon kang problema sa kalusugan na nangangailangan ng espesyal na pangangalagang medikal sa loob ng mahabang panahon, maaaring kailanganin mo ang isang standing referral. Ang pagkakaroon ng standing referral ay nangangahulugan na makapupunta ka sa parehong espesyalista nang higit sa minsan nang hindi kumukuha ng referral sa bawat pagkakataon.

Kung nagkakaproblema ka sa pagkuha ng standing referral o nais mong magkaroon ng kopya ng patakaran sa referral ng Molina Healthcare, tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

**Hindi** mo kailangan ng referral para sa:

- Mga pagbisita sa PCP
- Mga pagpapatingin sa Obstetrics/Gynecology (OB/GYN)



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

- Mga pagpapatingin sa agaran o pang-emergency na pangangalaga
- Maseselang serbisyo para sa nasa hustong gulang, kagaya ng pangangalaga para sa sekswal na pagsalakay
- Mga serbisyo sa pagplano ng pamilya (para alamin pa, tumawag sa Office of Family Planning Information and Referral Service sa 1-800-942-1054)
- Pagsusuri at pagpapayo para sa HIV (12 taon o mas matanda pa)
- Mga serbisyo para sa impeksyon na naisasalin sa pakikipagtalik (12 taon o mas matanda pa)
- Mga serbisyong chiropractic (maaaring kailangan ng referral kapag ibinibigay ng mga FQHC, RHC, at IHCP na wala-sa-network)
- Paunang pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga pagpapatingin sa opisina sa mga kalahok na specialty provider na nasa network
- Mga manggagawang pangkalusugan sa komunidad
- Mga serbisyo ng Doula

Makatatanggap din ang mga menor-de-edad ng ilang serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng outpatient, mga serbisyong maselan, at serbisyo sa substance use disorder nang walang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga. Para alamin pa, basahin ang “Mga serbisyong may pahintulot ng menor-de-edad” sa bandang huli ng chapter na ito at “Mga serbisyo sa paggamot sa Substance use disorder” sa Chapter 4 ng handbook na ito.

---

## Mga pag-refer sa California Cancer Equity Act

Nakasalalay ang mabisang paggamot sa mga komplikadong kanser sa maraming salik. Kabilang sa mga ito ang pagkuha ng tamang diagnosis at pagtanggap ng napapanahong paggamot mula sa mga eksperto sa kanser. Kung na-diagnose ka na may komplikadong kanser, nagpapahintulot ang bagong California Cancer Care Equity Act sa iyo na humiling ng referral mula sa doktor mo para makatanggap ng paggamot sa kanser mula sa isang nasa network na cancer center na itinalaga ng National Cancer Institute (NCI), affiliated sa NCI Community Oncology Research Program (NCORP) site, o sa isang nagpapakwalipikang academic cancer center.

Kung walang nasa network ng Molina Healthcare na itinalagang cancer center ng NCI, papayagan ka ng Molina Healthcare na humiling ng isang referral para makatanggap ng paggamot sa kanser mula sa isa sa mga center na ito sa California na wala-sa-network, kung magkasundo ang center na wala-sa-network at ang Molina Healthcare sa kabayaran, maliban kung pipili ka ng ibang provider ng paggamot sa kanser.

Kung na-diagnose ka na may kanser, makipag-ugnayan sa Molina Healthcare para malaman kung kwalipikado ka para sa mga serbisyong mula sa isa sa mga cancer center na ito.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



**Handa nang huminto sa paninigarilyo? Para malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa wikang English, tumawag sa 1-800-300-8086. Para sa Spanish, tumawag sa 1-800-600-8191. Para alamin pa, pumunta sa [www.kickitca.org](http://www.kickitca.org).**

## Pre-approval (paunang awtorisasyon)

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganin ng PCP o espesyalista mo na humingi sa Molina Healthcare ng pahintulot bago mo makukuha ang pangangalagang ito. Tinatawag itong paghingi ng pre-approval o paunang awtorisasyon. Nangangahulugan ito na dapat tiyakin ng Molina Healthcare na medikal na kinakailangan ang pangangalaga.

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatuwiran at kinakailangan para protektahan ang buhay mo, para makaiwas ka mula sa lalong pagkakasakit o pagkalumpo, o mabawasan ang matinding pananakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalagang medikal na kinakailangan para ayusin o tumulong na mapawi ang isang pisikal o mental na sakit o kondisyon.

**Palaging** kailangan ng mga sumusunod na serbisyo ng pre-approval (paunang awtorisasyon), kahit na kukunin mo ang mga ito mula sa isang provider na nasa network ng Molina Healthcare:

- Pagkakaospital, kung hindi emergency
- Mga serbisyo sa labas ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare, kung hindi isang emergency o agarang pangangalaga
- Outpatient na operasyon
- Pangmatagalang pangangalaga o skilled nursing service sa isang nursing facility (kabilang ang adult at pediatric Subacute Care Facilities na kinontrata sa Department of Health Care Services Subacute Care Unit) o mga intermediate care facility (kabilang ang Intermediate Care Facility for the Developmentally Disabled (ICF/DD), ICF/DD-Habilitative (ICF/DD-H), ICF/DD-Nursing (ICF/DD-N))
- Mga espesyal na paggagamot, imaging, testing, at mga procedure
- Mga serbisyong medikal na transportasyon kapag hindi ito isang emergency
- Mga Community Support Service

Hindi kailangan ng serbisyong pang-emergency na ambulansya ng pre-approval (paunang awtorisasyon).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

May 5 araw ng negosyo ang Molina Healthcare mula sa pagtanggap ng Molina Healthcare ng impormasyon na makatuwirang kinakailangang para magpasya (aprubahan o tanggihan) sa mga hiling na pre-approval (paunang awtorisasyon). Kapag nagsagawa ang isang provider ng hiling para sa pre-approval (paunang awtorisasyon) at napagtanto ng Molina Healthcare na maaaring malubhang makasama sa buhay o kalusugan mo o sa kakayahan mo na makamit, mapanatili, o maibalik ang maximum na paggana ang karaniwang time frame, gagawa ang Molina Healthcare ng desisyon sa pre-approval (paunang awtorisasyon) nang hindi mas tatagal sa 72 oras.

Nangangahulugan ito na pagkaraang matanggap ang kahilingan para sa pre-approval (paunang awtorisasyon), bibigyan ka ng Molina Healthcare ng abiso sa lalong madaling panahon na kinakailangan ng kondisyon ng iyong kalusugan at hindi lalampas sa 72 oras o 5 araw pagkaraang hilingin ang mga serbisyo. Nirerepaso ng mga clinical o medical staff gaya ng mga doktor, nars, at parmasyutiko ang mga hiling na pre-approval (paunang awtorisasyon).

Hindi iniimpluwensiyahan ng Molina Healthcare ang desisyon ng mga nagrerepaso para tanggihan o aprubahan ang pagsaklaw sa anumang paraan. Kung hindi inaprubahan ng Molina Healthcare ang kahilingan, magpapadala sa iyo ang Molina Healthcare ng liham na Abiso ng Aksyon (NOA). Sinasabi sa iyo ng NOA kung paano maghain ng apela kung hindi ka sang-ayon sa desisyon.

Makikipag-ugnayan sa iyo ang Molina Healthcare kung kailangan ng Molina Healthcare ng karagdagang impormasyon o dagdag na oras para pag-aralan ang kahilingan mo.

Hindi mo kailanman kailangan ng pre-approval (paunang awtorisasyon) para sa pang-emergency na pangangalaga, kahit na wala ito sa network o nasa labas ng sineserbisyuhan ng Molina Healthcare. Kabilang dito ang pag-labor at panganganak kung buntis ka. Hindi mo kailangan ng pre-approval (paunang awtorisasyon) para sa ilang serbisyo para sa maselang pangangalaga. Para alamin pa ang tungkol sa mga serbisyong maselang pangangalaga, basahin ang “Maselang pangangalaga” sa bandang huli ng chapter na ito.

Para sa mga katanungan tungkol sa pre-approval (paunang awtorisasyon), tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

---

## Mga ikalawang opinyon

Marahil ay nanaisin mo ng ikalawang opinyon tungkol sa pangangalaga na sinasabi ng provider mo na kailangan mo o tungkol sa diagnosis o plano ng paggagamot sa iyo. Halimbawa, marahil ay nanaisin mo ng ikalawang opinyon kung nais mong matiyak na wasto ang pag-diagnose sa iyo, hindi ka nakasisiguro kung kailangan mo ang iniresetang paggagamot o operasyon, o sinubukan mong sundin ang isang plano sa



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

paggagamot at hindi ito umubra. Molina Healthcare ang magbabayad para sa ikalawang opinyon kung hihilingin mo o ng provider mong nasa network ito, at matatanggap mo ang ikalawang opinyon ng isang provider na nasa network. Hindi mo kailangan ng pre-approval (paunang awtorisasyon) mula sa Molina Healthcare para makakuha ng ikalawang opinyon mula sa isang provider na nasa network. Kung nais mo ng ikalawang opinyon, ire-refer ka namin sa isang kwalipikadong provider na nasa network na makapagbibigay sa iyo nito.

Para humiling ng ikalawang opinyon at makahingi ng tulong sa pagpili ng provider, tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Matutulungan ka rin ng provider mong nasa network na makakuha ng referral para sa ikalawang opinyon kung nais mo nito.

Kung walang provider na nasa network ng Molina Healthcare na makabibigay sa iyo ng ikalawang opinyon, magbabayad ang Molina Healthcare para sa ikalawang opinyon mula sa isang provider na wala sa network. Sasabihan ka ng Molina Healthcare sa loob ng 5 araw ng negosyo kung aprubado ang provider na pinili mo para sa ikalawang opinyon. Kung mayroon kang pangmatagalan, matindi, o nakamamatay na sakit, o may agaran at seryosong banta sa kalusugan mo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagkawala ng buhay, ng biyas, o malaking bahagi ng katawan o paggana ng katawan, sasabihan ka ng Molina Healthcare sa pamamagitan ng liham sa loob ng 72 oras.

Kung tanggihan ng Molina Healthcare ang hiling mong ikalawang opinyon, makapaghahain ka ng karaingan. Para malaman pa ang tungkol sa mga karaingan, basahin ang “Mga reklamo” sa Chapter 6 ng handbook na ito.

---

## Maselang pangangalaga

### Mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad

Kung wala ka pang 18 taong gulang, maaari kang makakuha ng ilang serbisyo nang walang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga. Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad.

Makukuha mo ang mga serbisyong ito kahit walang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga mo:

- Mga serbisyo para sa panggagahasa at iba pang seksuwal na pag-atake
- Pagsusuri sa pagbubuntis at pagpapayo
- Mga serbisyo sa kontrasepsyon kagaya ng pagkontrol sa pagbubuntis (Hindi kabilang ang sterilization)
- Mga serbisyo sa aborsyon



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kung ikaw ay 12 taong gulang o mas matanda pa, makukuha mo ang mga serbisyong ito kahit walang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga mo:

- Mga serbisyo at pagpapayo para sa kalusugan ng pag-iisip ng outpatient, o mga serbisyong tahanan na matutuluyan, batay sa iyong ganap na gulang at kakayahang lumahok sa pangangalaga ng sarili mong kalusugan
- Pagpapayo, pag-iwas, pagsusuri, at paggamot para sa HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsuri, at paggamot sa impeksiyon na nakukuha sa pakikipagtalik kabilang ang mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik tulad ng syphilis, gonorrhea, chlamydia, at herpes simplex
- Paggamot sa sakit na substance use disorder para sa pagkalulong sa droga at alak kabilang ang mga serbisyong pag-screen, pagtatasa, pamamagitan, at referral
  - Para alamin pa, basahin ang "Mga serbisyo sa paggamot sa Substance use disorder" sa Chapter 4 ng handbook na ito.

Para sa pagsuri sa pagbubuntis, mga serbisyo sa kontrasepsyon, o mga serbisyo para sa mga impeksiyong nakukuha sa pakikipagtalik, hindi kailangan na nasa network ng Molina Healthcare ang provider. Mapipili mo ang sinumang Medi-Cal provider at pumunta sa kaniya para sa mga serbisyon ito nang walang referral o pre-approval (paunang awtorisasyon).

Maaaring hindi saklaw ang mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network na walang kaugnayan sa maselang pangangalaga. Para makahanap ng provider ng Medi-Cal na wala-sa-network ng Molina Healthcare Medi-Cal, o para humingi ng tulong sa transportasyon upang makapunta sa isang provider, tumawag sa numerong 1-888-665-4621. Para sa mas maraming impormasyon na kaugnay ng mga serbisyong kontrasepsyon, basahin ang "Mga serbisyong pang-agap at kabutihang-lagay at pamamahala ng pangmatagalang sakit" sa Chapter 4 ng handbook na ito.

Para sa mga serbisyong may pahintulot ng menor-de-edad na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng outpatient, makapupunta ka sa isang provider na nasa network o wala sa network nang walang referral at walang pre-approval (paunang awtorisasyon). Hindi ka kailangang i-refer ng PCP mo at hindi mo kailangang kumuha pre-approval (paunang awtorisasyon) mula sa Molina Healthcare para makuha ang mga saklaw na serbisyong may pahintulot ng menor-de-edad.

Hindi saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong may pahintot ng menor-de-edad na mga espesyal na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan. Saklaw sa health plan ng county para sa kalusugan ng pag-iisip kung saan ka naninirahan ang mga serbisyong may pahintulot ng menor-de-edad na mga espesyal na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan. Para sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan, tagawan ang inyong county mental health plan o ang Molina Healthcare Behavioral Health Organization ninyo anumang oras, 24 oras sa isang araw, 7 araw sa



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

isang linggo. Para mahanap ang lahat ng toll-free na numero ng telepono ng county online, pumunta sa: <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>.

Maaaring makipag-usap nang pribado ang mga menor-de-edad sa isang kinatawan tungkol sa mga alalahanin nila sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na Linya ng Payo ng Nars sa numerong 1-888-275-8750 (English) o 1-866-648-3537 (Spanish).

Kung magagawa mong pumayag sa sarili mong pangangalaga nang walang pahintulot ng isang magulang o tagapag-alaga sa ilalim ng batas, hindi magbibigay ang Molina Healthcare ng impormasyon sa mga serbisyo mong maselang pangangalaga sa may-ari ng policy ng Molina Healthcare plan o pangunahing subscriber o sa sinumang naka-enroll sa Molina Healthcare nang wala ang iyong nasusulat na pahintulot. Makahihiling ka rin na makakuha ng pribadong impormasyon tungkol sa mga serbisyong medikal mo sa isang partikular na anyo o format, kung magagamit, at ipadala ito sa iyo sa ibang lokasyon. Para malaman pa ang tungkol sa kung paano hihiling ng mga lihim na komunikasyon kaugnay ng mga maselang serbisyo, basahin ang “Abiso sa mga kagawian sa privacy” sa Chapter 7 ng handbook na ito.

## **Mga serbisyo para sa maselang pangangalaga sa nasa hustong gulang**

Bilang isang nasa hustong gulang na 18 taong gulang o mas matanda pa, hindi mo kailangang pumunta sa iyong PCP para sa partikular na maselan o pribadong pangangalaga. Mapipili mo ang sinumang doktor o klinika para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Pagplano ng pamilya at pagkontrol sa pagbubuntis kabilang ang sterilization para sa mga nasa hustong gulang na 21 at mas matanda pa
- Pagsusuri at pagpapayo sa pagbubuntis at iba pang serbisyong kaugnay ng pagbubuntis
- Pag-iwas at pagsusuri sa HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsuri, at paggamot sa mga impeksyong nakukuha sa pakikipagtalik
- Pangangalaga sa seksuwal na pag-atake
- Mga serbisyong aborsyon sa outpatient

Para sa maselang pangangalaga, hindi kinakailangang nasa network ng Molina Healthcare ang doktor o klinika. Mapipili mong pumunta sa alinmang provider ng Medi-Cal para sa mga serbisyong ito nang walang referral o pre-approval (paunang awtorisasyon) mula sa Molina Healthcare. Kung nakatanggap ka ng pangangalaga na nakalista dito bilang maselang pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network, maaaring ikaw ang kailangang magbayad para rito.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kung kailangan mo ng tulong sa paghanap ng doktor o klinika para sa mga serbisyong ito, o tulong sa pagpunta sa mga serbisyong ito (kabilang ang transportasyon), tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). O tumawag sa 24/7 na Linya ng Payo ng Nars sa numerong 1-888-275-8750 (English) o 1-866-648-3537 (Spanish).

Hindi magbibigay ang Molina Healthcare ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa iyo na maselang pangangalaga sa may-ari ng plan o pangunahing subscriber ng Molina Healthcare, o sa sinumang naka-enroll sa Molina Healthcare, nang wala ang iyong nasusulat na pahintulot. Makakukuha ka ng pribadong impormasyon tungkol sa mga serbisyong medikal mo sa isang partikular na anyo o format, kung magagamit, at ipadala ito sa iyo sa ibang lokasyon. Para malaman pa ang tungkol sa kung paano hihiling ng mga lihim na komunikasyon kaugnay ng mga maselang serbisyo, basahin ang “Abiso sa mga kagawian sa privacy” sa Chapter 7 ng handbook na ito.

#### Moral na pagtutol

May ilang provider na may moral na pagtutol sa ilang saklaw na serbisyo. May karapatan silang **hindi** ialok ang ilang saklaw na serbisyo kung moral silang tumututol sa mga serbisyo. Makukuha mo pa rin ang mga serbisyong ito mula sa ibang provider. Kung may moral na pagtutol ang provider mo, tutulungan ka niya na makahanap ng ibang provider para sa mga kinakailangang serbisyo. Matutulungan ka rin ng Molina Healthcare na makahanap ng provider.

Hindi nagbibigay ang ilang ospital at provider ng isa o higit pa sa mga serbisyong ito kahit na saklaw ng Medi-Cal ang mga ito:

- Pagplano ng pamilya
- Mga serbisyo sa kontrasepsyon, kabilang ang pang-emergency na kontrasepsyon
- Sterilization, kabilang ang tubal ligation sa panahon ng pag-labor at panganganak
- Mga paggamot sa pagkabaog (infertility)
- Aborsyon

Para matiyak na pipili ka ng provider na makapagbibigay sa iyo ng pangangalaga na kailangan mo at ng pamilya mo, tawagan ang doktor, medical group, independent practice association, o klinika na gusto mo. Itanong kung ginagawa ng provider at kung maibibigay nito ang mga serbisyong kailangan mo. O tumawag sa Molina Healthcare at 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Makukuha mo ang mga serbisyong ito. Titiyakin ng Molina Healthcare na magagamit mo at ng pamilya mo ang mga provider (mga doktor, ospital, and klinika) na makapagbibigay ng pangangalagang kailangan ninyo. Kung mayroon kang mga tanong o kailangan mo ng tulong sa paghanap ng provider, tumawag sa Molina Healthcare sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

---

## Agarang pangangalaga

Ang agarang pangangalaga ay **hindi** para sa pang-emergency o nakamamatay na karamdaman. Para ito sa mga serbisyong kailangan mo para mapigilan ang seryosong pinsala sa kalusugan mo mula sa biglaang pagkakasakit, pinsala, o kumplikasyon ng karamdaman na mayroon ka na. Hindi kailangan sa karamihan ng mga appointment para sa agarang pangangalaga ng pre-approval (paunang awtorisasyon). Kung hihiling ka ng appointment para sa agarang pangangalaga, makakukuha ka ng appointment sa loob ng 48 oras. Kung ang serbisyong agarang pangangalaga na kailangan mo ay dapat na mayroong pre-approval (paunang awtorisasyon), makakukuha ka ng appointment sa loob ng 96 na oras ng paghiling mo.

Para sa agarang pangangalaga, tawagan ang PCP mo. Kung hindi mo matawagan ang PCP mo, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). O makatatawag ka sa Linya ng Payo ng Nars sa numerong 1-888-275-8750 (English) o 1-866-648-3537 (Spanish) para malaman ang level ng pangangalaga na pinakamainam para sa iyo.

Matatawagan mo ang numero ng Linya ng Payo ng Nars sa 1-888-275-8750 (TTY/TDD o 711) anumang oras na nakararanas ka ng mga sintomas o nangangailangan ng impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Matatawagan ang mga rehistradong nurse nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo para tasahan ang mga sintomas at tumulong sa paggawa ng mahuhusay na desisyon sa pangangalaga sa kalusugan.

Ang mga rehistradong nars na ito ay hindi nagda-diagnose; tinatasa nila ang mga sintomas at ginagabayan ang pasyente sa pinakaangkop na antas ng pangangalaga na sumusunod sa mga espesyal na idinisenyong algorithm (mga tagubilin sa paggamot) na natatangi sa Linya ng Payo ng Nars. Maaaring i-refer ka ng Linya ng Payo ng Nars sa PCP, sa isang espesyalista, sa 911 o sa ER. Sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga pasyente, at paggabay sa iyo sa mga susunod na hakbang sa pangangalaga, maaari nitong mabawasan ang mga gastos at maling paggamit ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga.

Ang agarang pangangalaga ay maaaring para sa:

- Sipon
- Pananakit ng lalamunan
- Lagnat
- Pananakit ng tainga
- Pilay
- Mga serbisyo sa pagbubuntis



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kapag nasa loob ka ng lugar na sineserbisuhan ng Molina Healthcare at kailangan mo ng agarang pangangalaga, dapat na makuha mo ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga mula sa isang provider na nasa network. Hindi mo kailangan ng pre-approval (paunang awtorisasyon) para sa agarang pangangalaga mula sa mga provider na nasa network sa loob ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare.

Kung nasa labas ka ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare, pero nasa loob ng Estados Unidos, hindi mo kailangan ng pre-approval (paunang awtorisasyon) para makatanggap ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo. Pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga.

Hindi saklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyong agarang pangangalaga sa labas ng Estados Unidos. Kung bibiyahe ka sa labas ng Estados Unidos at nangangailangan ng agarang pangangalaga, hindi namin sasagutin ang pangangalaga mo.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip, tawagan ang inyong county mental health plan o Member Services sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Tawagan ang inyong county mental health plan o Molina Healthcare Behavioral Health Organization anumang oras, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para mahanap ang lahat ng toll-free na numero ng telepono ng county online, pumunta sa: <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContaktList.aspx>.

Kung kukuha ka ng mga gamot bilang bahagi ng pagpapatingin na saklaw sa agarang pangangalaga habang naroon ka, sasagutin ito ng Molina Healthcare bilang bahagi ng iyong saklaw na pagpapatingin. Kung bibigyan ka ng provider mo sa agarang pangangalaga ng reseta na kailangan mong dalhin sa isang parmasya, Medi-Cal Rx ang magpapasya kung saklaw ito. Para malaman pa ang tungkol sa Medi-Cal Rx, basahin ang “Mga inireresetang gamot na saklaw ng Medi-Cal Rx” sa “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Chapter 4 ng handbook na ito.

---

## Pang-emergency na pangangalaga

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER). Para sa pang-emergency na pangangalaga, **hindi** mo kailangan ng pre-approval (paunang awtorisasyon) mula sa Molina Healthcare.

Sa loob ng Estados Unidos, kabilang ang alinmang Teritoryo ng Estados Unidos, may karapatan kang gumamit ng anumang ospital o iba pang lugar para sa pangangalagang pang-emergency.

Kung ikaw ay nasa labas ng Estados Unidos, tanging ang pang-emergency na pangangalaga na kailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico ang saklaw. Hindi saklaw ang pang-emergency na pangangalaga at iba pang pangangalaga sa ibang mga bansa.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



Ang pang-emergency na pangangalaga ay para sa mga kondisyong medikal na nagbabanta sa buhay. Ang pangangalagang ito ay para sa karamdaman o pinsala na maaaring asahan ng isang masinop (makatuwirang) na layko (hindi isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na may karaniwang kaalaman sa kalusugan at gamot na, kung hindi ka kaagad maaalagaan, ay maglalagay sa iyong kalusugan (o kalusugan ng hindi pa isinisilang na sanggol mo) sa malubhang panganib. Kabilang dito ang panganib ng malubhang pinsala sa paggana ng iyong katawan, mga organ ng katawan, o mga bahagi ng katawan. Kabilang sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa:

- Aktibong pag-labor
- Nabaling buto
- Matinding pananakit
- Pananakit ng dibdib
- Hirap sa paghinga
- Matinding pagkapaso
- Pag-overdose sa droga
- Pagkahimatay
- Matinding pagdurugo
- Mga pang-emergency na karamdamang psychiatric, kagaya ng matinding depresyon o pag-iisip na magpakamatay

**Huwag** pupunta sa ER para sa routine na pangangalaga o pangangalaga na hindi kinakailangan agad-agad. Dapat kang tumanggap ng routine na pangangalag mula sa PCP mo, na pinaka-nakakikilala sa iyo. Hindi mo kailangang magpaalam sa PCP mo o sa Molina Healthcare bago ka pumunta sa ER. Pero, kung hindi ka nakasisiguro kung isang emergency o hindi ang medikal na karamdaman mo, tawagan ang PCP mo. Makatawag ka rin sa 24/7 na Linya ng Payo ng Nars sa numerong 1-888-275-8750 (English) o 1-866-648-3537 (Spanish).

Kung kailangan mo ng pang-emergency na pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare, pumunta sa pinakamalapit na ER kahit na wala ito sa network ng Molina Healthcare . Kung pupunta ka sa isang ER, hilingin sa kanila na tawagan ang Molina Healthcare. Ikaw o ang ospital na nag-admit sa iyo ay dapat na tumawag sa Molina Healthcare sa loob ng 24 na oras pagkaraang makatanggap ka ng pang-emergency na pangangalaga. Kung bibiyahe ka sa labas ng Estados Unidos bukod sa Canada at Mexico at kailangan ng pang-emergency na pangangalaga, **hindi** sasagutin ng Molina Healthcare ang pangangalaga mo.

Kung kailangan mo ng pang-emergency na transportasyon, tumawag sa **911**.

Kung kailangan mo ng pangangalaga sa isang ospital na wala-sa-network pagkatapos ng emergency (pangangalaga pagkatapos ma-stabilize), tatawagan ng ospital ang Molina Healthcare.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay malagay sa krisis, makipag-ugnayan sa 988 Suicide and Crisis Lifeline: **Tumawag o mag-text sa 988 o mag-chat online sa [988lifeline.org/chat](https://988lifeline.org/chat)**. Nag-aalok ang 988 Suicide and Crisis Lifeline ng libre at lihim na suporta para sa sinumang nalalagay sa krisis. Kasama roon ang mga taong may emosyonal na kabigatan at mga nangangailangan ng suporta para sa krisis ng pagpapakamatay, kalusugan ng pag-iisip, at/o paggamit ng substansya.

**Tandaan:** Huwag tatawag sa **911** maliban kung makatuwiran mong pinaniniwalaang mayroon kang medikal na emergency. Kumuha lang ng pang-emergency na pangangalaga para sa isang emergency, hindi para sa routine na pangangalaga o maliit na karamdaman kagaya ng sipon o pananakit ng lalamunan. Kung isa itong emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ER.

**Nagbibigay sa iyo ang Linya ng Payo ng Nars ng Molina Healthcare ng libreng impormasyong medikal at pagpapayo nang 24 na oras sa isang araw, sa bawat araw ng taon. Tawagan ang Linya ng Payo ng Nars sa numerong 1-888-275-8750 (English) o 1-866-648-3537 (Spanish) (TTY/TDD o 711).**

---

## Linya ng Payo ng Nars

Nagbibigay sa iyo ang Linya ng Payo ng Nars ng Molina Healthcare ng libreng impormasyong medikal at pagpapayo nang 24 na oras sa isang araw, sa bawat araw ng taon. Tumawag sa Linya ng Payo ng Nars sa numerong 1-888-275-8750 (English) o 1-866-648-3537 (Spanish) (TTY/TDD o 711) para:

- Kausapin ang isang nars na sasagot sa mga katanungang medikal, magbibigay ng payo sa pangangalaga, at makatutulong sa iyo na magpasya kung dapat kang pumunta agad sa isang provider
- Para makakuha ng tulong sa mga karamdamang medikal kagaya ng diabetes o hika, kabilang ang payo sa kung anong uri ng provider ang maaaring wasto para sa karamdaman mo

**Hindi** makatutulong ang Linya ng Payo ng Nars sa mga appointment sa klinika o mga pag-refill ng gamot. Tumawag sa opisina ng provider mo kung kailangan mo ng tulong sa mga ito.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

---

## Mga advance health care directive

Ang advance health care directive, o advance directive, ay isang legal na form. Maililista mo sa form ang pangangalagang pangkalusugan na gusto mo kung sakaling hindi ka makapagsalita o makagawa ng mga desisyon sa pagdating ng panahon. Maililista mo rin kung anong pangangalagang pangkalusugan ang **hindi** mo gusto. Mapapangalanan mo ang isang tao, tulad ng asawa, para gumawa ng mga desisyon para sa pangangalaga ng kalusugan mo kung hindi mo magagawa.

Makahihiling ang mga miyembrong kinontak ng mga Molina Case Manager ng impormasyon tungkol sa mga advance directive mula sa kani-kanilang mga Case Manager. Makahihiling din ang mga miyembro ng karagdang impormasyon tungkol sa mga advance directive at mga serbisyo sa Pamamahala ng Kaso sa pamamagitan ng pagtawag sa Molina Healthcare sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Makakukuha ka ng advance directive form sa mga parmasya, ospital, law office, at opisina ng mga doktor. Maaaring kailanganin mong magbayad para sa form. Makahahanap at makakapag-download ka rin ng libreng form online. Mahihiling mo sa iyong kapamilya, PCP, o taong pinagkakatiwalaan mo na punan ang form.

Karapatan mo na ipalagay ang advance directive mo sa mga medical record mo. Karapatan mo na baguhin ang advanced directive mo anumang oras.

Karapatan mong malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga batas sa advance directive. Sasabihin sa iyo ng Molina Healthcare ang tungkol sa mga pagbabago sa batas ng estado nang hindi hihigit sa 90 araw pagkaraan ng pagbabago.

Para alamin pa, matatawagan mo ang Molina Healthcare sa numerong 1-888-665-4621.

---

## Pag-donate ng organ at tissue

Makatutulong kang magligtas ng mga buhay sa pamamagitan ng pagiging isang organ o tissue donor. Kung nasa pagitan ka ng 15 at 18 taon gulang, maaari kang maging isang donor na may nasusulat na pahintulot ng magulang o tagapag-alaga mo.

Mababago mo ang isip mo tungkol sa pagiging organ donor anumang oras. Kung nais mong malaman pa ang tungkol sa organ o tissue donation, makipag-usap sa PCP mo. Mabibisita mo rin ang website ng United States Department of Health and Human Services sa [www.organdonor.gov](http://www.organdonor.gov).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

# 4. Mga benepisyo at serbisyo

## Ano-anong benepisyo at serbisyo ang saklaw ng planong pangkalusugan mo

Ipinapaliwanag ng chapter na ito ang mga benepisyo at serbisyo na saklaw ng Molina Healthcare. Libre ang mga saklaw na serbisyo mo hangga't medikal na kinakailangan ang mga ito at ibinibigay ng provider na nasa network ng Molina Healthcare. Dapat kang humingi sa Molina Healthcare ng pre-approval (paunang awtorisasyon) kung wala sa-network ang pangangalaga para sa ilang maselang serbisyo at pang-emergency na pangangalaga. Maaaring saklaw ng plan mo ang mga serbisyong medikal na kinakailangan mula sa isang provider na wala sa network, pero humingi ka dapat sa Molina Healthcare ng pre-approval (paunang awtorisasyon) para rito.

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatuwiran at kinakailangan para protektahan ang buhay mo, para makaiwas ka mula sa lalong pagkakasakit o pagkalumpo, o mabawasan ang matinding pananakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang edad na 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalagang medikal na kinakailangan para ayusin o tumulong na mapawi ang isang pisikal o mental na sakit o kondisyon. Para sa higit pa tungkol sa mga saklaw na serbisyo mo, tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

May makukuhang mga ekstrang benepisyo at serbisyo ang mga miyembro na wala pang 21 taong gulang. Para alamin pa, basahin ang Chapter 5, "Pangangalaga para sa kabutihan ng musmos at kabataan" sa handbook na ito.

Nakalista sa ibaba ang ilan sa mga pangunahing benepisyo at serbisyo na inaalok ng Molina Healthcare . Ang mga benepisyo at serbisyo na may star (\*) ay kailangan ng pre-approval (paunang awtorisasyon).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Acupuncture\*
- Mga acute (panandaliang paggagamot) na paggagamot at serbisyo sa tahanan
- Mga pagbabakuna sa nasa gulang (mga pagturok)
- Pagsusuri sa allergy at mga iniksyon
- Mga serbisyo ng ambulansya para sa isang emerhensiya
- Mga serbisyo ng anesthesiologist
- Pag-iwas sa hika
- Audiology\*
- Mga paggagamot para sa behavioral health\*
- Pagsusuri sa biomarker\*
- Cardiac rehabilitation (pagpapalakas ng puso)
- Mga serbisyo sa Chiropractic\*
- Chemotherapy at Radiation therapy
- Mga pagsusuri sa kalusugan ng kognitibo
- Mga serbisyo ng manggagawang pangkalusugan sa komunidad
- Mga serbisyong dental - limitado (isinasagawa ng medical professional/tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP) sa isang medikal na opisina)
- Mga serbisyong dialysis/hemodialysis
- Mga serbisyo ng Doula
- Matibay na kagamitang medikal (DME)\*
- Mga serbisyong dyadic
- Mga pagbisita sa emergency room
- Enteral at parenteral na nutrisyon\*
- Mga serbisyo sa pagplano ng pamilya (makapupunta ka sa isang hindi kalahok na provider)
- Mga serbisyo at aparatong pang-habilitasyon\*
- Mga hearing aid
- Pangangalaga sa kalusugan ng tahanan\*
- Pangangalaga sa hospice\*
- Pangangalagang medikal at surgical sa inpatient\*
- Mga serbisyo ng pamagitnang pasilidad
- Lab at radiology\*
- Mga pangmatagalang paggagamot at serbisyo sa tahanan\*
- Pangangalaga sa pagbubuntis at bagong silang
- Pag-transplant ng major organ\*
- Terapiya sa trabaho\*
- Orthotics/prostheses\*
- Ostomy at urological supplies
- Mga serbisyo sa ospital sa labas ng pasyente
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient
- Outpatient na operasyon\*
- Palliative na pangangalaga\*
- Mga pagbisita sa PCP
- Mga serbisyong pediatric
- Pisikal na therapy\*
- Mga serbisyo sa podiatry\*
- Rehabilitasyon ng baga
- Mabilis na Sequencing ng Buong Genome
- Mga serbisyo at aparatong pang-rehabilitasyon\*
- Mga skilled nursing service, kabilang ang mga subacute na serbisyo
- Mga pagpapatingin sa espesyalista
- Terapi sa pagsasalita\*
- Mga serbisyong pang-operasyon
- Telemedicine/Telehealth
- Mga serbisyong pang-transgender\*
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo sa paningin\*
- Mga serbisyo sa kalusugan ng kababaihan



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Ang mga kahulugan at paglalarawan sa mga saklaw na serbisyo ay nasa Chapter 8, “Mga importanteng numero at salitang dapat malaman” sa handbook na ito.

**Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatuwiran at kinakailangan para protektahan ang buhay mo, para makaiwas ka mula sa lalong pagkakasakit o pagkalumpo, o mabawasan ang matinding pananakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala.**

**Kasama sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang mga serbisyong iyon na kinakailangan para sa paglaki at pag-unlad na naaangkop sa edad, o para makamit, mapanatili, o mabawi ang kapasidad na gumana.**

**Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kung kinakailangan para iwasto o pahusayin ang mga depekto at pisikal at mental na sakit o karamdaman sa ilalim ng benepisyong Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan (kilala rin bilang Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostiko at Paggamot (EPSDT)). Kabilang dito ang pangangalaga na kinakailangan para ayusin o tumulong na mapawi ang isang pisikal o mental na sakit o karamdaman o makontrol ang karamdaman ng miyembro para mapigilan ito sa paglala.**

**Hindi kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang:**

- **Mga paggamot na hindi pa nasusubok o sinusubok pa lang**
- **Mga serbisyo o item na hindi karaniwang tinatanggap na mabisa**
- **Mga serbisyo sa labas ng normal na kurso at haba ng paggamot o mga serbisyong walang klinikal na pamatnubay**
- **Mga serbisyo para sa kaginhawahan ng nag-aalaga o provider**

**Nakikipag-coordinate ang Molina Healthcare sa iba pang mga programa para matiyak na natatanggap mo ang lahat ng serbisyong medikal na kinakailangan, kahit na ang mga serbisyong iyon ay saklaw ng ibang programa at hindi ng Molina Healthcare.**



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang mga saklaw na serbisyo na makatwiran at kinakailangan para:

- Protektahan ang buhay,
- Pigilan ang malaking pagkakasakit o kapansanan,
- Mapawi ang matinding pananakit,
- Makamit ang paglaki at pag-unlad na angkop sa edad, o
- Makamit, mapanatili, at mabawi ang kakayahang gumana

Para sa mga miyembrong wala pang 21 taon gulang, kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang lahat ng saklaw na serbisyong nakalista sa itaas kasama ang anumang iba pang kinakailangang pangangalagang pangkalusugan, pag-screen, pagbabakuna, mga serbisyong diagnostic, paggamot, at iba pang mga hakbang para iwasto o pahusayin ang mga depekto at pisikal at mental na mga sakit at karamdaman, na hinihingi ng benepisyong Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan. Ang benepisyong ito ay kilala bilang benepisyong Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment (EPSDT) sa ilalim ng pederal na batas.

Ang Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan ay nagbibigay ng mga serbisyo sa pag-iwas, diagnostic, at paggamot para sa mga sanggol, musmos, at kabataan na wala pang 21 taong gulang mula sa mga tahanang mababa ang kinikita. Saklaw ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan ang mas maraming serbisyo kaysa sa mga benepisyo para sa mga nasa hustong gulang. Idinisenyo ito para matiyak na matatanggap ng mga bata ang maagang pagtuklas at pangangalaga para mapigil o masuri at magamot ang mga problema sa kalusugan. Ang layunin ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan ay tiyaking natatanggap ng bawat bata ang pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila kapag kailangan nila ito – ang tamang pangangalaga sa tamang bata sa tamang oras sa tamang setting.

Makikipag-coordinate ang Molina Healthcare sa iba pang mga programa para matiyak na natatanggap mo ang lahat ng serbisyong medikal na kinakailangan, kahit na ang mga serbisyong iyon ay saklaw ng ibang programa at hindi ng Molina Healthcare. Basahin ang “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa bandang huli ng chapter na ito.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

---

## Mga benepisyo ng Medi-Cal na saklaw ng Molina Healthcare

### Mga serbisyo (ambulatory) sa outpatient

#### ***Mga pagbabakuna sa nasa hustong gulang (mga pagturok)***

Makatatanggap ka ng mga pagbabakuna para sa nasa gulang (mga pagturok) mula sa isang provider na nasa network nang walang pre-approval (paunang awtorisasyon) kapag serbisyong pang-agap ang mga ito. Saklaw ng Molina Healthcare ang mga pagbabakuna (pagturok) na inirerekomenda ng Komite ng Pagpapayo sa Mga Kasanayan ng Pagbabakuna (ACIP) ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC) bilang mga serbisyong pang-agap, kabilang ang mga imunisasyon (mga bakuna) na kailangan mo kapag bumibiyahe ka.

Makakukuha ka rin ng ilang serbisyo sa imunisasyon (mga bakuna) para sa mga nasa hustong gulang mula sa isang parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx. Para malaman pa ang tungkol sa Medi-Cal Rx, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa bandang huli ng chapter na ito.

#### ***Pangangalaga para sa allergy***

Saklaw ng Molina Healthcare ang pagsusuri at paggagamot sa allergy, kabilang ang allergy desensitization, hypo-sensitization, o immunotherapy.

#### ***Mga serbisyo ng anesthesiologist***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong pag-anesthesia na medikal na kinakailangan kapag tumatanggap ka ng pangangalaga sa outpatient. Maaaring kabilang dito ang anesthesia para sa mga dental procedure kapag inilalapat ng isang anesthesiologist na maaaring mangailangan ng pre-approval (paunang awtorisasyon).

#### ***Mga serbisyong chiropractic***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong chiropractic, na limitado sa paggamot ng gulugod sa pamamagitan ng mano-manong pagmanipula. Limitado ang mga serbisyong chiropractic sa maximum na 2 serbisyo kada buwan, o kumbinasyon ng 2 serbisyo kada buwan mula sa mga sumusunod na serbisyo: acupuncture, audiology, occupational therapy, at speech therapy. Hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang. Maaaring i-preapprove ng Molina Healthcare ang iba pang mga serbisyo kung medikal na kinakailangan.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



Kwalipikado ang mga miyembrong ito para sa mga serbisyong chiropractic:

- Mga batang wala pang 21 taong gulang
- Mga buntis hanggang sa katapusan ng buwan na kinabibilangan ng 60-araw pagkaraang matapos ang pagbubuntis
- Mga residente sa isang skilled nursing facility, intermediate care facility, o subacute care facility
- Lahat na miyembro kapag ang mga serbisyo ay ibinibigay sa mga departamento ng outpatient ng ospital ng county, mga klinika ng outpatient, mga Pederal na Kwalipikadong Sentro ng Kalusugan (mga FQHC), o mga Rural na Klinikang Pangkalusugan (mga RHC) na nasa network ng Molina Healthcare. Hindi lahat ng FQHC, RHC, o mga ospital ng county ay nag-aalok ng mga serbisyong chiropractic para sa outpatient.

### ***Mga pagsusuri sa kalusugan ng kognitibo***

Saklaw ng Molina Healthcare ang isang taunang pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga miyembrong 65 taong gulang o mas matanda pa na hindi kuwalipikado para sa katulad na pagtatasa bilang bahagi ng taunang pagbisita sa kalusugan sa ilalim ng programa ng Medicare. Hinahanap sa isang pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip ang mga palatandaan ng Alzheimer's disease o dementia.

### ***Mga serbisyo ng manggagawang pangkalusugan sa komunidad***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng manggagawang pangkalusugan sa komunidad (CHW) para sa mga indibidwal kapag inirerekomenda ng isang doktor o iba pang lisensyadong practitioner para mapigilan ang pagkakasakit, kapansanan, at iba pang kondisyon ng kalusugan o paglala ng mga ito; pahabain ang buhay; at itaguyod ang pisikal at mental na kalusugan at husay. Walang limit sa lokasyon ang mga serbisyo ng CHW at makatatanggap ang mga miyembro nito ng mga serbisyo sa mga setting na tulad ng emergency department. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang:

- Edukasyong pangkalusugan at indibidwal na suporta o adbokasiya, kabilang ang pagkontrol at pagpigil sa mga pangmatagalan o nakakahawang sakit; mga karamdaman sa pag-uugali, perinatal, at kalusugan ng bibig; at pagpigil sa karahasan o pinsala
- Pagsulong sa kalusugan at pagtuturo, kabilang ang pagtakda ng mithiin at paglikha ng mga planong pagkilos para matugunan ang pagpigil at pamamahala sa sakit
- Pag-navigate sa kalusugan, kabilang ang pagbibigay ng impormasyon, pagsasanay, at suporta para makatulong sa pagkuha ng pangangalagang pangkalusugan at mga mapagkukunan sa komunidad
- Mga serbisyong pag-screen at pagtatasa na nakatutulong na ikonekta ang isang miyembro sa mga serbisyo para mapahusay ang kanilang kalusugan.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Magagamit ang mga serbisyo ng CHW sa pagpigil ng karahasan para sa mga miyembrong nakasasapat sa alinman sa mga sumusunod na sitwasyon ayon sa pagkakatakoy ng lisensyadong practitioner:

- Marahas na napinsala ang isang miyembro dahil sa karahasan sa komunidad.
- Malaki ang peligrong makaranas ang miyembro ng marahas na pinsala bilang resulta ng karahasan sa komunidad.
- Dumanas ang miyembro ng matagalang pagkakalantad sa karahasan sa komunidad.

Partikular ang mga serbisyo ng CHW sa pagpigil sa karahasan sa karahasan sa komunidad (hal., karahasan ng gang). Maibibigay ang mga serbisyo ng CHW sa mga miyembro para sa karahasang personal/karahasan sa tahanan sa pamamagitan ng iba pang mga paraan na may pagsasanay/karanasan na partikular sa mga pangangailangang iyon.

### ***Mga serbisyong dialysis at hemodialysis***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga paggagamot na dialysis. Saklaw din ng Molina Healthcare ang mga serbisyong hemodialysis (pangmatagalang dialysis) kung magsusumite ng kahilingan ang doktor mo at inaprubahan ito ng Molina Healthcare .

Hindi kabilang sa nasasaklaw ng Medi-Cal ang:

- Mga kagamitan para sa kaalwanan, kaghinhawahan, o luho, mga supply, at mga tampok
- Mga hindi medical na item, kagaya ng mga generator o aksesorya para gawing nabibitbit para sa biyahe ang kagamitan sa pag-dialysis sa tahanan

### ***Mga serbisyo ng doula***

Saklaw ng Molina Healthcare ang serbisyo ng doula na ibinibigay ng mga doula provider na nasa network sa panahon ng pagbubuntis ng isang miyembro; sa panahon ng pag-labor at panganganak, kabilang ang patay na panganganak, nakunan, at nagpalaglag; at sa loob ng isang taon pagkatapos ng pagbubuntis ng isang miyembro. Hindi saklaw ng Medi-Cal ang lahat na serbisyo ng doula.

Ang mga doula provider ay mga manggagawa sa panganganak na nagbibigay ng edukasyong pangkalusugan, adbokasiya, at pisikal, emosyonal, at hindi medikal na suporta para sa mga buntis at mga nanganak na, habang, at pagkatapos ng panganganak, kabilang ang suporta sa panahon ng patay na panganganak, nakunan, at nagpalaglag.

Bilang benepisyong pang-agap, ang mga serbisyo ng doula ay nangangailangan ng nasusulat na rekomendasyon mula sa isang doktor o iba pang lisensyadong practitioner ng healing arts na saklaw ng kanilang pagsasanay. Nagbigay ang DHCS ng umiiral na



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

rekomendasyon para sa mga serbisyo ng doula na tumutupad sa kinakailangan para sa isang paunang rekomendasyon. Kasama sa paunang rekomendasyon para sa mga serbisyo ng doula ang mga sumusunod na pahintulot:

- Isang paunang pagbisita
- Hanggang 8 karagdagang pagbisita na maaaring pinaghalong prenatal at postpartum na mga pagbisita
- Suporta sa panahon ng pag-labor at panganganak (kabilang ang pag-labor at panganganak na nagreresulta sa patay na panganganak), nagpalaglag o nakunan
- Hanggang dalawang (2) pinalawig na 3-oras na postpartum na pagbisita pagkarang magwakas ang pagbubuntis

Maaaring makatanggap ang mga miyembro ng hanggang siyam na karagdagang postpartum na pagbisita na may karagdagang nasusulat na rekomendasyon mula sa isang doktor o iba pang lisensyadong practitioner.

Dapat mag-coordinate ang Molina Healthcare para sa access na wala-sa-network sa mga serbisyo ng doula para sa mga miyembro kung walang magagamit na doula provider na nasa network.

### ***Mga serbisyong dyadic***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong medikal na kinakailangang dyadic behavioral health (DBH) para sa mga miyembro at kani-kanilang mga tagapag-alaga. Ang isang dyad ay isang bata at kaniyang mga magulang o tagapag-alaga. Pinaglilingkuran sa dyadic na pangangalaga ang mga magulang o tagapag-alaga at ang bata nang magkasama. Tina-target nito ang kapakanan ng pamilya para masuportahan ang malusog na pag-unlad ng bata at kalusugan ng pag-iisip.

Kabilang sa mga serbisyong dyadic na pangangalaga ang:

- Mga DBH well-child na pagbisita
- Dyadic na mga komprehensibong serbisyo sa Community Support
- Dyadic na psycho-educational na serbisyo
- Dyadic na serbisyo sa magulang o tagapag-alaga
- Dyadic na pagsasanay sa pamilya, at
- Pagpapayo para sa pag-unlad ng bata, at mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan ng ina

### ***Outpatient na operasyon***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga surgical procedure para sa outpatient. Para sa ilang procedure, kakailanganin mong kumuha ng pre-approval (paunang awtorisasyon) bago makuha ang mga serbisyong iyon. Itinuturing na elective ang mga diagnostic



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

procedure at ilang pang-outpatient na medikal o dental na procedure. Dapat kang makakuha ng pre-approval (paunang awtorisasyon).

### ***Mga serbisyo ng doktor***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng doktor na medikal na kinakailangan.

### ***Mga serbisyong podiatry (paa)***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong podiatry bilang medikal na kinakailangan para sa pag-diagnose at para sa medical, surgical, mechanical, manipulative, at electrical na paggamot sa paa ng tao. Kabilang dito ang paggamot para sa ankle (bukung-bukong) at para sa mga tendon (litid) na konektado sa paa. Kabilang din dito ang hindi-inooperang paggamot sa mga kalamnan at tendon ng binti na kumokontrol sa mga galaw ng paa.

### ***Mga therapy sa paggamot***

Saklaw ng Molina Healthcare ang iba-ibang therapy sa paggamot, kabilang ang:

- Chemotherapy
- Radiation therapy

## **Pangangalaga sa pagbubuntis at bagong silang**

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong pangangalaga sa pagbubuntis at bagong silang na ito:

- Mga serbisyo sa birthing center
- Mga bomba ng suso at suplay
- Edukasyon at pangtulong sa pagpapasuso
- Pag-coordinate ng pangangalaga
- Certified Nurse Midwife (CNM)
- Pagpapayo
- Pagapapaanak at postpartum na pangangalaga
- Diagnosis ng mga fetal genetic disorder at pagpapayo
- Mga Serbisyo ng Doula
- Lisensyadong Komadrona (LM)
- Mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan ng ina
- Pangangalaga sa bagong silang
- Edukasyon sa nutrisyon
- Edukasyon na kaugnay ng kalusugan sa pagbubuntis
- Prenatal na pangangalaga
- Mga pagtatasa at referral sa kalusugang social at mental
- Mga suplementong bitamina at mineral



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### Mga serbisyong Telehealth

Ang Telehealth ay isang paraan ng pagkuha ng mga serbisyo habang wala sa parehong pisikal na lokasyon ng provider mo. Maaaring kabilang sa Telehealth ang pagkakaroon ng live na pakikipag-usap sa provider mo sa pamamagitan ng telepono, video, o iba pang paraan. O maaaring kabilang sa telehealth ang pagbabahagi ng impormasyon sa provider mo nang walang live na pag-uusap. Marami kang makukuhang serbisyo sa pamamagitan ng telehealth.

Maaaring hindi magagamit ang Telehealth para sa lahat ng saklaw na serbisyo. Maaari kang makipag-ugnayan sa provider mo para malaman kung aling mga serbisyo ang makukuha mo sa pamamagitan ng telehealth. Mahalaga na magkasundo kayo ng provider mo na ang paggamit ng telehealth para sa isang serbisyo ay naaangkop para sa iyo. May karapatan ka sa mga personal na serbisyo. Hindi mo kinakailangang gumamit ng telehealth kahit na sumang-ayon ang provider mo na ito ay angkop para sa iyo.

### Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip

#### *Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient*

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga paunang pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip nang hindi nangangailangan ng pre-approval (paunang awtorisasyon). Maaari kang makakuha ng pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip anumang oras mula sa isang lisensyadong provider sa kalusugang ng pag-iisip sa Molina Healthcare network nang walang referral.

Maaaring gumawa ng referral ang PCP mo o provider sa kalusugan ng pag-iisip para sa higit pang pagsusuri sa kalusugan ng pag-iisip sa isang espesyalista na nasa network ng Molina Healthcare para pagpasyahan ang level ng pangangalaga na kailangan mo. Kung lumabas sa mga resulta ng pagsusuri sa kalusugan ng pag-iisip mo na ikaw ay may banayad o katamtamang pagkabalisa o may kapansanan sa paggana ng pag-iisip, emosyonal, o pag-uugali, maaaring magbigay ang Molina Healthcare ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa iyo. Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip kagaya ng:

- Pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng isip ng indibidwal at grupo (psychotherapy)
- Psychological na pagsusuri kapag ipinahiwatig sa klinika na suriin ang lagay ng kalusugan ng pag-iisip
- Pag-unlad ng mga kakayahang mag-isip para mapahusay ang atensyon, memorya, at paglutas ng problema
- Mga serbisyong pang-outpatient para sa layunin ng pagsubaybay sa therapy sa gamot
- Mga serbisyong pang-laboratoryo ng outpatient
- Mga gamot ng outpatient na hindi pa saklaw sa ilalim ng Medi-Cal Rx Listahan ng



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Mga Nakakontratang Gamot (<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>), mga supply, at mga suplemento

- Psychiatric na konsultasyon
- Family therapy na kinabibilangan ng hindi bababa sa 2 miyembro ng pamilya. Kabilang sa mga halimbawa ng family therapy ang, ngunit hindi limitado sa:
  - Psychotherapy ng magulang-anak (edad 0 hanggang 5)
  - Interactive therapy ng magulang at anak (edad 2 hanggang 12)
  - Cognitive-behavioral therapy ng mag-asawa (mga nasa hustong gulang)

Para sa tulong sa paghanap ng mas maraming impormasyon sa mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip na hatid ng Molina Healthcare, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Maaaring ipasa ka sa isang Behavioral Health Team para matiyak na maikokonekta ka sa napapanahon, at angkop na mga serbisyo.

Kung ang paggamot na kailangan mo para sa isang mental health disorder ay hindi makukuha mula sa network ng Molina Healthcare o hindi maibigay ng PCP mo o ng mental health provider ang pangangalaga na kailangan mo sa oras na nakalista sa itaas sa “Napapanahong access sa pangangalaga,” sasaklawin ng Molina Healthcare ito at tutulungan kang makakuha ng mga serbisyong wala-sa-network.

Kung makita sa pagsuri sa kalusugan ng pag-iisip mo na maaaring mayroon kang mataas na level ng kapansanan at nangangailangan ng espesyal na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan (SMHS), mairerfer ka ng PCP mo o ng mental health provider mo sa mental health plan ng county para makuha ang pangangalagang kailangan mo. Tutulungan ka ng Molina Healthcare na i-coordinate ang unang appointment mo sa isang mental health plan provider ng county para mapili ang wastong pangangalaga para sa iyo. Para alamin pa, basahin ang Chapter 4, “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa ilalim ng Espesyal na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan sa handbook na ito.

### **Mga serbisyong pang-emergency na pangangalaga**

#### ***Mga kinakailangang serbisyo sa inpatient at outpatient para gamutin ang isang medikal na emergency***

Saklaw ng Molina Healthcare ang lahat na serbisyong kailangan para gamutin ang isang medikal na emergency na nangyayari sa Estados Unidos (kabilang ang mga teritoryo tulad ng Puerto Rico, United States Virgin Islands, atbp.). Sasagutin din ng Molina Healthcare ang pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagkaka-ospital sa Canada o Mexico.

Ang medikal na emergency ay isang medikal na karamdaman na may matinding panakit o malalang pinsala. Napakaseryoso ng kondisyon na, kung hindi ito makakakuha ng agarang medikal na atensyon, maaaring asahan ng isang



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

makatuwirang layko (hindi isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na magreresulta ito sa alinman sa mga sumusunod:

- Seryosong peligro sa kalusugan mo
- Seryosong pinsala sa mga function ng katawan
- Seryosong pagpalya ng anumang organo o bahagi ng katawan
- Seryosong peligro sa mga kaso ng isang buntis na aktibong nagla-labor, ibig sabihin ay pag-labor sa panahong maaaring maganap ang alinman sa mga sumusunod:
  - Walang sapat na oras para ligtas kang ilipat sa ibang ospital bago manganak
  - Ang paglipat ay maaaring magdulot ng banta sa kalusugan o kaligtasan mo o sa batang nasa sinapupunan

Kung bibigyan ka ng isang provider ng emergency room ng ospital ng hanggang 72-oras na supply ng isang iniresetang gamot para sa outpatient bilang bahagi ng iyong paggamot, sasagutin ng Molina Healthcare ang iniresetang gamot bilang bahagi ng mga saklaw na serbisyong pang-emergency mo. Kung bibigyan ka ng provider sa emergency room ng ospital ng reseta na kailangan mong dalhin sa isang parmasya ng outpatient para mapunan, sasagutin ng Medi-Cal Rx ang reseta na iyon.

Kung kailangan mo ng pang-emergency na supply ng isang gamot mula sa isang parmasya ng outpatient habang naglalakbay, Medi-Cal Rx ang may responsibilidad sa pagsaklaw sa gamot, at hindi Molina Healthcare. Kung kailangan ng parmasya ng tulong sa pagbigay sa iyo ng pang-emergency na supply ng gamot, patawagin sila sa Medi-Cal Rx sa numerong 1-800-977-2273.

### ***Mga serbisyong pang-emergency na transportasyon***

Sagot ng Molina Healthcare ang mga serbisyo ng ambulansya para matulungan kang makarating sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa isang emergency. Nangangahulugan ito na sapat na malubha ang kondisyon mo na maaaring maging mapanganib sa kalusugan o buhay mo ang ibang paraan ng pagpunta sa isang lugar. Walang saklaw na serbisyo sa labas ng Estados Unidos maliban sa pang-emergency na pangangalaga na kinakailangang nasa ospital ka sa Canada o Mexico. Kung kukuha ka ng pang-emergency na serbisyo ng ambulansya sa Canada o Mexico at hindi ka naospital sa yugto ng pangangalagang iyon, hindi sasagutin ng Molina Healthcare ang serbisyo ng ambulansya.

### **Pangangalagang hospisyong at palliative**

Saklaw ng Molina Healthcare ang pangangalagang hospisyong at palliative para sa mga bata at matatanda, na nakatutulong na mabawasan ang pisikal, emosyonal, panlipunan, at espirituwal na mga kakulangan sa ginhawa. Ang mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang o mas matanda pa ay hindi maaaring makakuha ng pangangalagang hospisyong at curative (pagpapagaling) nang sabay.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### ***Pangangalaga ng hospisyo***

Ang pangangalaga ng hospisyo ay isang benepisyo para sa mga miyembrong mamamatay na sa sakit. Kailangan sa pangangalaga ng hospisyo na ang miyembro ay may inaasahang itatagal ng buhay na anim na buwan o mas maikli. Ito ay isang interbensyon na pangunahing nakatuon sa pagkontrol sa pananakit at sintomas sa halip na sa lunas upang mapahaba ang buhay.

Kabilang sa pangangalaga ng hospisyo ang:

- Serbisyong pag-aalaga
- Mga serbisyong pisikal, occupational, o speech
- Mga serbisyong panlipunang medikal
- Mga serbisyong home health aide and homemaker
- Mga medical na supply at kagamitan
- Ilang gamot at biological na serbisyo (maaaring makukuha ang ilan sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx)
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Tuloy-tuloy na mga serbisyo sa pag-aalaga sa isang 24 na oras na batayan sa panahon ng krisis at kung kinakailangan para mamantini ang miyembrong mamamatay na sa sakit
  - Pangangalagang pahinga ng inpatient para sa hanggang palima-limang magkakasunod na araw sa isang ospital, pasilidad ng skilled nursing, o pasilidad ng hospisyo
  - Panandaliang pangangalaga sa inpatient para sa pagkontrol sa pananakit o pamamahala ng sintomas sa isang ospital, pasilidad ng skilled nursing, o pasilidad ng hospisyo

Maaaring hingin ng Molina Healthcare na kumuha ka ng pangangalagang hospisyo mula sa isang provider na nasa network maliban kung ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay hindi makukuha sa network.

### ***Palliative na pangangalaga***

Ang palliative na pangangalaga ay pangangalagang nakatuon sa pasyente at pamilya na nagpapabuti sa kalidad ng buhay sa pamamagitan ng paghahanda, pagpipigil, at pagbibigay-lunas sa pagdurusa. Hindi kailangan sa palliative na pangangalaga na ang miyembro ay may inaasahang itatagal ng buhay na anim na buwan o mas kaunti. Maaaring ibigay ang palliative na pangangalaga kasabay ng curative (nagpapagaling) na pangangalaga.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



Kasama sa palliative na pangangalaga ang:

- Maagang pagplano ng pangangalaga
- Pagtatasa at konsultasyon sa palliative na pangangalaga
- Plano ng pangangalaga na kasama ang lahat ng awtorisadong palliative at curative na pangangalaga
- Team sa palliative na pangangalaga kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
  - Doktor ng medisina o osteopathy
  - Katulong ng doktor
  - Registered nurse
  - Lisensyadong vocational nurse o propesyonal na nars
  - Social worker
  - Chaplain
- Pag-coordinate ng pangangalaga
- Pamamahala sa pananakit at sintomas
- Kalusugan ng pag-iisip at mga serbisyong panlipunang medikal

Ang mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang o mas matanda ay hindi maaaring makakuha ng parehong palliative (curative) na pangangalaga at pangangalagang hospisyo nang sabay. Kung tumatanggap ka ng palliative na pangangalaga at kwalipikado para sa pangangalagang hospisyo, mahihiling mo na mailipat sa pangangalagang hospisyo anumang oras.

### **Pagkaka-ospital**

#### ***Mga serbisyo ng anesthesiologist***

Saklaw ng Molina Healthcare ang medikal na kinakailangang serbisyo ng anesthesiologist sa mga saklaw na pananatili sa ospital. Ang anesthesiologist ay isang provider na dalubhasa sa pagbibigay ng anesthesia sa mga pasyente. Ang anesthesia ay isang uri ng gamot na ginagamit sa ilang medikal o dental na procedure.

#### ***Mga serbisyo ng ospital para sa outpatient***

Saklaw ng Molina Healthcare ang medikal na kinakailangang pangangalaga sa ospital para sa inpatient kapag na-admit ka sa ospital.

#### ***Mabilis na Sequencing ng Buong Genome***

Ang Mabilis na Sequencing ng Buong Genome (RWGS) ay isang saklaw na benepisyo para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na 1 taong gulang o mas bata at tumatanggap ng mga serbisyo ng ospital sa inpatient sa isang intensive care unit. Kabilang dito ang individual sequencing, trio sequencing para sa isang magulang o mga magulang at kanilang sanggol, at ultra-rapid sequencing.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Ang RWGS ay isang bagong paraan para suriin ang mga kondisyon sa tamang oras para maapektuhan ang pangangalaga sa Intensive Care Unit (ICU) ng mga batang 1 taong gulang o mas bata pa. Kung kwalipikado ang iyong anak para sa programa ng Mga Serbisyong Pambata ng California (CCS), maaaring sagutin ng CCS ang pananatili sa ospital at ang RWGS.

### ***Mga serbisyong pang-operasyon***

Saklaw ng Molina Healthcare ang medikal na kinakailangang mga operasyon na isinasagawa sa isang ospital.

### **Pinahabang pagsaklaw sa postpartum**

Saklaw ng Molina Healthcare ang full-scope na pagsaklaw na hanggang sa 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis anuman ang pagkamamamayan, status sa imigrasyon, mga pagbabago sa kinikita, o kung paano nagtapos ang pagbubuntis.

### **Mga rehabilitative at habilitative (paggagamot) na mga serbisyo at device**

Kasama sa benepisyong ito ang mga serbisyo at device para tulungan ang mga taong may pinsala, kapansanan, o malalang kondisyon na magkaroon o mabawi ang mga mental at pisikal na kakayahan.

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong rehabilitative at habilitative na inilarawan sa seksiyon na ito kung nasasapatan ang lahat ng sumusunod na kinakailangan:

- Ang mga serbisyo ay medikal na kinakailangan
- Ang mga serbisyo ay upang tugunan ang isang kondisyong pangkalusugan
- Ang mga serbisyo ay para tulungan kang mapanatili, matutunan, o mapabuti ang mga kakayahan at paggawa para sa pang-araw-araw na pamumuhay
- Nakukuha mo ang mga serbisyo sa isang pasilidad na nasa network, maliban kung nakita ng isang doktor na nasa network na medikal na kinakailangan para sa iyo na makuha ang mga serbisyo sa ibang lugar o ang isang pasilidad na nasa network ay hindi magagamit upang gamutin ang iyong kondisyong pangkalusugan

### ***Saklaw ng Molina Healthcare ang mga rehabilitative/habilitative na serbisyong ito:***

#### ***Acupuncture***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong acupuncture upang maiwasan, baguhin, o mapawi ang batid na malubha, nagpapatuloy na pangmatagalang pananakit na nagreresulta mula sa isang pangkalahatang kinikilalang medikal na kondisyon.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Limitado ang mga serbisyo sa outpatient na acupuncture, mayroon o walang electric stimulation sa mga karayom, sa 2 serbisyo bawat buwan kasama ng audiology, chiropractic, occupational therapy, at mga serbisyo ng speech therapy kapag ibinigay ng isang doktor, dentista, podiatrist, o acupuncturist. Hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang. Maaaring bigyan ng Molina Healthcare ng pre-approval (paunang awtorisasyon) ang marami pang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

### ***Audiology (pandinig)***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong audiology. Limitado ang audiology ng outpatient sa dalawang serbisyo kada buwan, kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, chiropractic, occupational therapy, at speech therapy (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taon gulang). Maaaring bigyan ng Molina Healthcare ng pre-approval (paunang awtorisasyon) ang marami pang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

### ***Mga paggamot para sa behavioral health***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong behavioral health treatment (BHT) para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang sa pamamagitan ng benepisyo ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan. Kasama sa BHT ang mga serbisyo at programa sa paggamot tulad ng inilapat na pagsusuri sa pag-uugali at mga programang interbensyon sa pag-uugali na nakabatay sa ebidensya na bubuo o nagpapanumbalik, hanggang sa pinakamaraming magagawa, ang paggana ng isang miyembrong wala pang 21 taong gulang.

Nagtuturo ang mga serbisyong BHT ng mga kasanayan gamit ang pagmamasid sa ikinikilos at pagpapalakas o sa pamamagitan ng pag-udyok na ituro ang bawat hakbang ng isang naka-target na ikinikilos. Nakabatay ang mga serbisyong BHT sa maaasahang ebidensya. Hindi ineksperimento ang mga ito. Kasama sa mga halimbawa ng serbisyong BHT ang mga behavioral intervention, cognitive behavioral intervention package, comprehensive behavioral treatment, at inilapat na behavioral analysis.

Ang mga serbisyong BHT ay dapat medikal na kinakailangan, na inireseta ng isang lisensyadong doktor o psychologist, na inaprubahan ng Molina Healthcare, at ibinigay sa paraang sumusunod sa naaprubahang plano ng paggamot.

### ***Cardiac rehabilitation (pagpapalakas ng puso)***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong pagpapalakas ng puso sa inpatient at outpatient.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### ***Durable medical equipment (DME)***

Saklaw ng Molina Healthcare ang pagbili o pagrenta ng mga supply, kagamitan, at iba pang serbisyo ng DME na may reseta mula sa isang doktor, katulong ng doktor, propesyonal na nars, o clinical nurse specialist. Saklaw ang mga iniresetang DME bilang medikal na kinakailangan para mapanatili ang mga function ng katawan na mahalaga sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay o para maiwasan ang malaking pisikal na kapansanan.

Sa pangkalahatan, hindi saklaw ng Molina Healthcare ang:

- Mga kagamitang pangkaalwanan, kaginhawahan, o luho, mga tampok, at supply, maliban sa mga retail-grade na breast pump gaya ng inilarawan sa unahan ng chapter na ito sa ilalim ng “Mga breast pump at supply” sa “Pangangalaga sa pagbubuntis at bagong silang”
- Mga item na hindi nilayon para mapanatili ang mga normal na aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay, tulad ng mga kagamitan sa paghersisyo kabilang ang mga device na nilayon para magbigay ng dagdag na suporta para sa mga aktibidad na panglibangan o sports
- Mga kagamitan sa kalinisan, maliban kung medikal na kinakailangan para sa isang miyembro na wala pang 21 taong gulang
- Mga hindi medikal na item katulad ng mga sauna bath o elevator
- Mga modipikasyon sa iyong tahanan o sasakyan
- Ang mga aparato para sa pagsusuri ng dugo o iba pang mga sustansya sa katawan (saklaw ng Medi-Cal Rx ang mga diabetes blood glucose monitor, continuous glucose monitor, mga test strip, at lancet)
- Mga electronic monitor ng puso o baga maliban sa mga apnea monitor ng sanggol
- Pagpakumpuni o pagpapalit ng kagamitan dahil sa pagkawala, pagnanakaw, o maling paggamit, maliban kung medikal na kinakailangan para sa isang miyembrong wala pang edad na 21
- Iba pang mga item na hindi karaniwang ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan

Sa ilang kaso, maaaring maaprubahan ang mga item na ito kapag nagsumite ang doktor mo ng kahilingan para sa pre-approval (paunang awtorisasyon).

### ***Enteral at parenteral na nutrisyon***

Ginagamit ang mga pamamaraang ito ng paghahatid ng nutrisyon sa katawan kapag pinipigilan ka ng isang medikal na karamdaman na makakain ng pagkain nang normal. Ang mga enteral nutrition formula at parenteral nutrition na produkto ay maaaring saklawin sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx, kapag medikal na kinakailangan. Saklaw ng Molina Healthcare ang enteral at parenteral pump at tubing, kapag medikal na kinakailangan.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### **Mga hearing aid**

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga hearing aid kung nasuri ka para sa pagkawala ng pandinig, ang mga hearing aid ay medikal na kinakailangan, at ikaw ay may reseta mula sa iyong doktor. Limitado ang pagsaklaw sa pinakamurang hearing aid na nakasasapat sa mga medikal na pangangailangan mo. Saklaw ng Molina Healthcare ang isang hearing aid maliban kung kailangan ng hearing aid para sa bawat tainga para sa mas magandang resulta kaysa sa kung isang hearing aid lang.

Mga hearing aid para sa mga miyembrong wala pang edad na 21:

Sa county ng Los Angeles, hinihingi ng batas ng estado na i-refer ang mga batang wala pang 21 taong gulang na nangangailangan ng mga hearing aid sa programa ng Mga Serbisyong Pambata ng California (CCS) para mapagpasyahan kung kwalipikado ang bata para sa CCS. Kung kwalipikado ang bata para sa CCS, sasagutin ng CCS ang mga gastos para sa mga medikal na kinakailangang hearing aid. Kung hindi magkwalipika ang bata para sa CCS, sasagutin ng Molina Healthcare ang mga medikal na kinakailangang hearing aid bilang bahagi ng saklaw ng Medi-Cal.

Mga hearing aid para sa mga miyembrong edad 21 at mas matanda pa.

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasagutin ng Molina Healthcare ang mga sumusunod para sa bawat saklaw na hearing aid:

- Mga hulma sa tainga na kailangan para sa pagsukat
- Isang karaniwang battery pack
- Mga pagbisita para matiyak na gumagana nang wasto ang hearing aid
- Mga pagbisita para sa paglilinis at pagkabit ng hearing aid mo
- Pagkumpuni sa hearing aid mo
- Mga accessory at pagrenta ng hearing aid

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasagutin ng Molina Healthcare ang isang kapalit na hearing aid kung:

- Hindi kayang iwasto ng kasalukuyang hearing aid mo ang pagkawala ng pandinig mo
- Nawala, ninakaw, o nasira ang iyong hearing aid at hindi maaayos at hindi mo ito kasalanan. Dapat mo kaming bigyan ng liham na nagsasabi sa amin kung paano ito nangyari

Para sa mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang at mas matanda pa, **hindi** saklaw ng Medi-Cal ang:

- Mga kapalit na baterya ng hearing aid



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### ***Mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong pangkalusugan na ibinibigay sa iyong tahanan kapag nakitang medikal na kinakailangan at inireseta ng iyong doktor o ng isang katulong ng doktor, propesyonal na nars, o clinical nurse specialist.

Limitado ang mga serbisyong kalusugan sa tahanan sa mga serbisyong saklaw ng Medi-Cal, kabilang ang:

- Part-time na skilled nursing care
- Part-time na home health aide
- Skilled physical, occupational, at speech therapy
- Mga serbisyong panlipunang medikal
- Mga medikal na supply

### ***Mga medikal na supply, kagamitan, at kasangkapan***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga medikal na supply na inireseta ng mga doktor, katulong ng doktor, propesyonal na nars, at clinical nurse specialist. Saklaw ang ilan sa mga medikal na supply sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx, bahagi ng Bayarin para sa Serbisyo (FFS) Medi-Cal, at hindi ng Molina Healthcare. Kapag sinagot ng Medi-Cal Rx ang mga supply, sisingilin ng provider ang Medi-Cal.

**Hindi** saklaw ng Medi-Cal ang:

- Mga karaniwang gamit sa tahanan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
  - Mga adhesive tape (lahat na uri)
  - Rubbing alcohol
  - Mga cosmetic
  - Mga cotton ball at swab
  - Mga dusting powder
  - Mga tissue wipe
  - Witch hazel
- Kabilang sa mga karaniwang panlunas sa tahanan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
  - White petrolatum
  - Mga oil at lotion para sa dry skin
  - Talc at mga produktong kumbinasyon ng talc
  - Mga oxidizing agent kagaya ng hydrogen peroxide (agua oxinada)
  - Carbamide peroxide at sodium perborate
- Mga shampoo na hindi inireseta
- Mga inihahandang pamahid na naglalaman ng benzoic at salicylic acid ointment, salicylic acid cream, ointment o likido, at zinc oxide paste



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

- Iba pang mga bagay na hindi karaniwang ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan, at na regular at pangunahing ginagamit ng mga taong walang partikular na medikal na pangangailangan para sa mga ito

### ***Occupational therapy***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong occupational therapy kabilang ang pagsusuri ng occupational therapy, pagplano sa paggamot, paggagamot, pagtuturo, at mga serbisyong pagkonsulta. Limitado ang mga serbisyong occupational therapy sa 2 serbisyo kada buwan kasabay ng mga serbisyong acupuncture, audiology, chiropractic, at speech therapy (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring bigyan ng Molina Healthcare ng pre-approval (paunang awtorisasyon) ang marami pang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

### ***Orthotics/prostheses***

Saklaw ng Molina Healthcare ang orthotic at prosthetic na mga device at serbisyo na medikal na kinakailangan at inireseta ng iyong doktor, podiatrist, dentista, o medical provider na hindi doktor. Kabilang sa mga ito ang mga naka-implant na hearing device, breast prosthesis/mastectomy bra, mga compression burn garment, at prosthetics para ibalik ang paggana o palitan ang bahagi ng katawan, o para suportahan ang humina o malpormadong bahagi ng katawan.

### ***Ostomy at urological supplies***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga ostomy bag, urinary catheter, draining bag, mga irrigation supply, at adhesive. Hindi kabilang sa mga ito ang mga supply na para sa kaalwanan o kaginhawahan, o pangluhong kagamitan o tampok.

### ***Physical therapy***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong physical therapy na medikal na kinakailangan, kabilang ang pagsusuri ng physical therapy, pagplano ng paggamot, paggagamot, pagtuturo, mga serbisyong pagkonsulta, at paglalapat ng mga gamot na ipinapahid.

### ***Rehabilitasyon ng baga***

Saklaw ng Molina Healthcare ang rehabilitasyon ng baga na medikal na kinakailangan at inireseta ng doktor.

### ***Mga serbisyo ng skilled nursing facility***

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong skilled nursing facility kung medikal na kinakailangan kung ikaw ay may kapansanan at nangangailangan ng mataas na



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

antas ng pangangalaga. Kasama sa mga serbisyong ito ang kuwarto at board sa isang lisensiyadong pasilidad na may 24 na oras bawat araw na skilled nursing care.

### ***Speech therapy (therapy para sa pagsasalita)***

Saklaw ng Molina Healthcare ang speech therapy na medikal na kinakailangan. Limitado ang mga serbisyong speech therapy sa 2 serbisyo kada buwan, kasama ng mga serbisyong acupuncture, audiology, chiropractic, at occupational therapy. Hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang. Maaaring bigyan ng Molina Healthcare ng pre-approval (paunang awtorisasyon) ang marami pang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

### **Mga serbisyong pang-transgender**

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong pang-transgender (mga serbisyong nagsesegunda sa kasarian) kapag medikal na kinakailangan ang mga ito o kapag nasasapatan ng mga serbisyo ang mga panuntunan para sa reconstructive surgery.

### **Mga klinikal na pagsubok**

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga karaniwang gastos sa pangangalaga ng pasyente para sa mga pasyenteng tinanggap sa mga klinikal na pagsubok, kabilang ang mga klinikal na pagsubok para sa kanser, na nakalista para sa Estados Unidos sa <https://clinicaltrials.gov>.

Saklaw ng Medi-Cal Rx, bahagi ng FFS Medi-Cal, ang karamihan ng mga iniresetang gamot para sa outpatient. Para malaman pa, basahin ang “Mga iniresetang gamot para sa outpatient” sa bandang huli ng chapter na ito.

### **Mga serbisyo sa laboratoryo at radiology**

Saklaw ng Molina Healthcare ang pang-outpatient at inpatient na mga serbisyo sa laboratoryo at X-ray kapag medikal na kinakailangan. Saklaw ang mga advanced na pamamaraan sa imaging tulad ng mga CT scan, MRI, at PET scan, batay sa medikal na pangangailangan.

### **Mga serbisyong pang-agap at pangkabutihang-lagay at pamamahala sa pangmatagalang sakit**

Saklaw ng Molina Healthcare ang:

- Mga rekomendadong bakuna ng Advisory Committee for Immunization Practices (ACIP)
- Mga serbisyo sa pagplano ng pamilya



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



- Mga rekomendasyon ng American Academy of Pediatrics Bright Futures ([https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf))
- Pag-screen para sa Adverse childhood experiences (ACE)
- Mga serbisyo sa pagpigil ng hika
- Mga serbisyong pangpigil para sa mga kababaihan na rekomendado ng American College of Obstetricians and Gynecologists
- Tumulong na huminto sa paninigarilyo, na tinatawag din na mga serbisyo sa pagtigil sa paninigarilyo
- Mga rekomendadong serbisyong pampigil ng United States Preventive Services Task Force Grade A at B

### ***Mga serbisyo sa pagplano ng pamilya***

Ang mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya ay ibinibigay sa mga miyembro na nasa edad na maaaring manganak para bigyang-daan ang pagpili nila sa bilang at agwat ng mga bata. Kabilang sa mga serbisyong ito ang lahat na paraan ng pagkontrol sa pagbubuntis na aprubado ng Food and Drug Administration (FDA). Malalapitan ang mga espesyalista ng Molina Healthcare sa PCP at OB/GYN para sa mga serbisyo sa pagplano ng pamilya.

Para sa mga serbisyo sa pagplano ng pamilya, mapipili mo ang sinumang doktor o klinika ng Medi-Cal na wala sa network ng Molina Healthcare nang hindi kinakailangang kumuha ng pre-approval (paunang awtorisasyon) mula sa Molina Healthcare. Kung kukuha ka ng mga serbisyong hindi kaugnay sa pagplano ng pamilya mula sa isang provider na wala sa network, maaaring hindi saklawin ang mga serbisyong iyon. Para malaman pa, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

### ***Pamamahala sa sakit na pangmatagalan (pabalik-balik)***

Saklaw din ng Molina Healthcare ang mga programa sa pamamahala ng pangmatagalang sakit na nakatuon sa mga sumusunod na karamdaman:

- Diabetes
- Cardiovascular disease (sakit sa puso)
- Hika

Para sa impormasyon sa pangangalagang pagpigil para sa mga miyembrong wala pang edad na 21, basahin ang Chapter 5, "Pangangalaga para sa kabutihan ng musmos at kabataan" sa handbook na ito.

## **Diabetes Prevention Program**

Ang Diabetes Prevention Program (DPP) ay isang programa sa pagbabago ng pamumuhay na nakabatay sa ebidensya. Nakatuon ang 12-buwan na programang ito



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

sa mga pagbabago sa pamumuhay. Dinisenyo ito para mapigilan o maantala ang pagsimula ng Type 2 diabetes sa mga taong na-diagnose na may prediabetes. Maaaring magkwalipika para sa ikalawang taon ang mga miyembrong nakasasapat sa panukatan. Nagbibigay ang programa ng edukasyon at suporta sa grupo. Kabilang sa mga technique ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagbibigay ng peer coach
- Pagtuturo ng pagsubaybay sa sarili at paglutas ng problema
- Pagbibigay ng paghihikayat at feedback
- Pagbibigay ng mga babasahing pang-impormasyon para suportahan ang mga mithiin
- Pagsubaybay sa mga routine na weigh-in para makatulong na makamit ang mga mithiin

Dapat na masapatan ng mga miyembro ang ilang partikular na panuntunan para makasali sa DPP. Tawagan ang Molina Healthcare para malaman kung kwalipikado ka para sa programa.

### **Mga serbisyong reconstructive**

Saklaw ng Molina Healthcare ang pag-opera para iwasto o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawan para mapabuti o malikha ang isang normal na hitsura sa abot ng maaari. Ang mga abnormal na istruktura ng katawan ay dulot ng mga congenital defect (depekto noong ipinanganak), mga abnormalidad sa pag-unlad, trauma, impeksyon, mga tumor, mga sakit, o paggamot sa sakit na nagresulta sa pagkawala ng istraktura ng katawan, gaya ng mastectomy. Maaaring malapat ang ilang limitasyon at di-pagkakabilang.

### **Mga serbisyong pag-screen sa problema sa paggamit ng substansya**

Saklaw ng Molina Healthcare ang:

- Alcohol and Drug Screening, Assessment, mga Brief Intervention, and Referral to Treatment (SABIRT) para sa mga miyembrong edad 11 at mas matanda pa, kabilang ang mga buntis na miyembro, sa mga setting ng pangunahing pangangalaga, kabilang ang tabako, alkohol, pag-screen ng ipinagbabawal na gamot.

Bilang karagdagan, hatid ng Molina Healthcare ang mga sumusunod na serbisyo:

- Mga Medications for Addiction Treatment (MAT, kilala rin bilang medication-assisted treatment) na ibinibigay sa pangunahing pangangalaga, mga pang-inpatient na medikal na ospital, emergency department, at iba pang kinontratang medikal na setting; at
- Mga serbisyong pang-emergency na kinakailangan para mai-stabilize ang miyembro.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

- Magbibigay o aaregluhin ng Molina Healthcare ang pagbibigay ng kinakailangang espesyal na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan (SMHS) para sa mga miyembro sa kani-kanilang mga county na nakasasapat sa panukatan para sa pag-access para sa SMHS.

Para sa pagsaklaw sa paggagamot sa pamamagitan ng county, basahin ang “Mga serbisyo sa paggamot sa Substance use disorder” sa bandang huli ng chapter na ito.

### Mga benepisyo sa paningin

Saklaw ng Molina Healthcare ang:

- Isang regular na pagsuri sa mata nang minsan sa bawat 24 na buwan; saklaw ang mga mas madalas na pagsuri sa mata kung medikal na kinakailangan para sa mga miyembro, tulad ng mga may diabetes
- Salamin sa mata (mga frame at lens) nang minsan sa bawat 24 na buwan na may balidong reseta
- Mga pamalit na salamin sa mata sa loob ng 24 na buwan kung nagbago ang iyong reseta o kung nawala, nanakaw, o nasira ang salamin sa mata mo at hindi na maayos, at hindi mo ito kasalanan. Dapat kang magbigay sa amin ng liham na nagsasabi sa amin kung paano nawala, nanakaw, o nabasag ang salamin sa mata mo.
- Mga device para sa mahinang paningin kung mayroon kang kapansanan sa paningin na nakakaapekto sa iyong kakayahang magsagawa ng mga pang-araw-araw na aktibidad (tulad ng macular degeneration na may kaugnayan sa edad) at hindi maitama ng karaniwang salamin, contact lens, gamot, o operasyon ang iyong kapansanan sa paningin.
- Medikal na kinakailangang contact lens. Maaaring saklawin ang pagsusuri para sa contact lens at contact lens kung hindi posible ang paggamit ng salamin sa mata dahil sa sakit sa mata o kondisyon (tulad ng kawalan ng tainga). Kabilang sa mga medikal na kondisyon na kwalipikado para sa mga espesyal na contact lens ang, ngunit hindi limitado sa, aniridia, aphakia, at keratoconus.
- Hindi limitado ang mga pagsuri sa mata at salamin sa mata para sa mga bata at kabataang wala pang edad na 21 sa bawat 24 na buwan; sa ilalim ng “Medi-Cal for Kids & Teens”, ibinibigay ang mga ito kapag ipinakita ng provider na medikal na kinakailangan ang serbisyo.
- Ang mga bata at kabataan na wala pang edad na 21 na may mga kondisyon tulad ng keratoconus at aphakia ay kailangang i-refer sa CCS para sa karagdagang pangangalaga.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### Mga benepisyong transportasyon para sa mga sitwasyong hindi emergency

Maaari kang makakuha ng medikal na transportasyon kung mayroon kang mga medikal na pangangailangan na hindi nagpapahintulot sa iyo na gumamit ng kotse, bus, tren, o taxi para makarating sa iyong mga appointment para sa pangangalagang medikal.

Maaari kang makakuha ng medikal na transportasyon para sa mga saklaw na serbisyo at mga appointment sa parmasya na saklaw ng Medi-Cal. Makahihiling ka ng medikal na transportasyon sa pamamagitan ng paghiling sa iyong doktor, dentista, podiatrist, o provider sa kalusugan ng pag-iisip o substance use disorder. Ang provider mo ang magpapasya sa tamang uri ng transportasyong sasapat sa mga pangangailangan mo.

Kung matanto niyang kailangan mo ng medikal na transportasyon, irereseta niya ito sa pamamagitan ng pagsagot sa isang form at pagsusumite nito sa Molina Healthcare. Sa sandaling maaprubahan, magagamit ang pag-apruba nang hanggang 12 buwan, depende sa medikal na pangangailangan. Sa sandaling maaprubahan, makakukuha ka ng transportasyon hangga't kailangan mo. Kakailanganin ng doktor mo na muling tasahan ang medikal na pangangailangan mo para sa medikal na transportasyon at, kung naaangkop, muling aprubahan ang iyong reseta para sa medikal na transportasyon kapag paso na ito, kung kwalipikado ka pa rin. Maaaring muling aprubahan ng doktor mo ang medikal na transportasyon nang hanggang 12 buwan o mas kaunti.

Ang medikal na transportasyon ay transportasyon sa isang ambulansya, litter van, wheelchair van, o air transport. Nagbibigay-daan ang Molina Healthcare sa pinakamurang medikal na transportasyon para sa mga medikal na pangangailangan mo kapag kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyong appointment. Nangangahulugan iyon ng, halimbawa, kung maaari kang pisikal o medikal na maihatid ng isang wheelchair van, hindi babayaran ng Molina Healthcare ang ambulansya. Nararapat ka lamang para sa sasakyang panghimpapawid kung hindi posible sa kondisyong medikal mo ang anumang uri ng transportasyon sa lupa.

Makakukuha ka ng medikal na transportasyon kung:

- Ito ay pisikal o medikal na kinakailangan, na may nasusulat na awtorisasyon ng isang doktor o iba pang provider dahil hindi mo kayang gamitin sa pisikal o medikal na paraan ang kotse, bus, tren, o taxi para makarating sa iyong appointment
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver papunta at mula sa tahanan mo, sasakyan, o lugar ng paggamot dahil sa isang pisikal o mental na kapansanan

Para humiling ng medikal na transportasyon na inireseta ng iyong doktor para sa mga hindi agarang (routine) appointment, tumawag sa Molina Healthcare sa numerong 1-888-665-4621 o American Logistics sa numerong 1-844-292-2688 nang 2 araw man lang na may maagang abiso (Lunes-Biyernes) bago ang appointment mo. Para sa mga



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

agarang appointment, tumawag sa lalong madaling panahon. Ihanda ang Molina Healthcare member ID card mo kapag tumawag ka.

### **Mga limitasyon ng medikal na transportasyon**

Nagbibigay ang Molina Healthcare ng pinakamababang gastos na medikal na transportasyon na nakasasapat sa mga medikal na pangangailangan mo sa pinakamalapit na provider mula sa iyong tahanan kung saan may appointment na magagamit. Hindi ka makakukuha ng medikal na transportasyon kung hindi saklaw ng Medi-Cal ang serbisyong nakukuha mo, o hindi ito isang appointment sa parmasya na saklaw ng Medi-Cal. Ang lista ng mga saklaw na serbisyo ay nasa seksiyon na “Mga benepisyo at serbisyo” sa Chapter 4 ng handbook na ito.

Kung saklaw ng Medi-Cal ang uri ng appointment ngunit hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan, hindi sasagutin ng Molina Healthcare ang medikal na transportasyon ngunit matutulungan ka na i-schedule ang transportasyon mo sa Medi-Cal. Hindi saklaw ang transportasyon sa labas ng network o lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare maliban kung may paunang awtorisasyon ng Molina Healthcare. Para alamin pa o para humiling ng medikal na transportasyon, tumawag sa Molina Healthcare sa numerong 1-888-665-4621 o sa American Logistics sa numerong 1-844-292-2688.

### **Gagastusin ng miyembro**

Walang gagastusin kapag Molina Healthcare ang mag-aareglo ng transportasyon.

### ***Paano makakukuha ng hindi-medikal na transportasyon***

Kasama sa mga benepisyo mo ang pagkuha ng masasakyan papunta sa mga appointment mo kapag ang appointment mo ay para sa serbisyong saklaw ng Medi-Cal at wala kang anumang access sa transportasyon. Makakukuha ka ng masasakyan, nang libre, kapag sinubok mo na ang lahat ng iba pang paraan para makakuha ng transportasyon at ikaw ay:

- Bibiyahe papunta at mula sa isang appointment para sa isang serbisyong Medi-Cal na awtorisado ng provider mo, o
- Kukuha ng mga reseta at mga medikal na supply

Pinapayagan ng Molina Healthcare na gumamit ka ng kotse, taxi, bus, o iba pang pampubliko o pribadong paraan ng pagpunta sa medikal na appointment mo para sa mga serbisyong saklaw ng Medi-Cal. Sasagutin ng Molina Healthcare ang pinakamababang gastos ng hindi medikal na uri ng transportasyon na nakasasapat sa mga pangangailangan mo. Minsan, maaaring i-reimburse ng Molina Healthcare sa iyo (pay you back) ang para sa mga sakay sa isang pribadong sasakyan na iyong inayos. Dapat na aprubahan muna ito ng Molina Healthcare bago ka makasasakay.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Dapat mong sabihin sa amin kung bakit hindi ka makakasakay sa ibang paraan, kagaya ng sa bus. Makatatawag ka sa 1-888-665-4621. Kung mayroon kang access sa transportasyon o maaari mong imaneho ang sarili mo papunta sa appointment, hindi ka ire-reimburse ng Molina Healthcare. Ang benepisyong ito ay para lamang sa mga miyembrong walang access sa transportasyon.

Para sa pag-reimburse ng milyahe, dapat kang magsumite ng mga kopya ng:

- Lisensya ng driver,
- Rehistro ng sasakyan, at
- Katibayan ng insurance ng kotse

Para humiling ng masasakyan para sa mga awtorisadong serbisyo, tumawag sa American Logistics sa numerong 1-844-292-2688 nang 2 araw man lang na mas maaga (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment, o sa lalong madaling panahon kapag mayroon kang agarang appointment. Ihanda ang Molina Healthcare member ID card mo kapag tumawag ka.

**Tandaan:** Ang mga American Indian ay maaari rin na makipag-ugnayan sa kanilang Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian para humiling ng hindi-medikal na transportasyon.

### **Mga limitasyon ng hindi-medikal na transportasyon**

Nagbibigay ang Molina Healthcare ng pinakamababang gastos na hindi-medikal na transportasyon na nakasasapat sa mga medikal na pangangailangan mo sa pinakamalapit na provider mula sa iyong tahanan kung saan may appointment na magagawa. Hindi maaaring imaneho ng mga miyembro ang sarili nila o ma-reimburse nang direkta para sa hindi-medikal na transportasyon. Para malaman pa, tumawag sa Molina Healthcare sa numerong 1-888-665-4621 o sa American Logistics sa numerong 1-844-292-2688.

### **Hindi nalalapat ang hindi-medikal na transportasyon kung:**

- Medikal na kinakailangan ang isang ambulansya, litter van, wheelchair van, o iba pang anyo ng medikal na transportasyon para makapunta sa serbisyong saklaw ng Medi-Cal
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver papunta at mula sa tahanan mo, sasakyan, o lugar ng paggamot dahil sa isang pisikal o medikal na kondisyon
- Naka-wheelchair ka at hindi makakikilos pasakay at pababa ng sasakyan nang walang tulong mula sa driver
- Hindi saklaw ng Medi-Cal ang serbisyo

### **Gagastusin ng miyembro**

Walang gagastusin kapag Molina Healthcare ang mag-aareglo ng hindi-medikal na transportasyon.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### Gastos sa pagbiyahe

Sa ilang kaso, kung kailangan mong bumiyaha para sa appointment sa doktor na hindi makukuha na malapit sa tahanan mo, maaaring sagutin ng Molina Healthcare ang mga gastos sa pagbiyahe gaya ng mga pagkain, pananatili sa hotel, at iba pang kaugnay na gastos gaya ng parking, toll, atbp. Ang mga gastos sa pagbiyahe na ito ay maaari rin na saklawin para sa isang taong kasama mo sa pagbiyahe para tulungan ka sa iyong appointment o isang taong nag-donate ng organ sa iyo para sa isang organ transplant. Kailangan mong humiling ng pre-approval (paunang awtorisasyon) para sa mga serbisyong ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Molina Healthcare sa numerong 1-888-665-4621 o sa American Logistics sa numerong 1-844-292-2688.

### Mga serbisyong dental

Gumagamit ang Medi-Cal ng mga pangangalagang may pamamahala para maibigay sa iyo ang mga serbisyong dental. Maaari kang manatili sa Bayarin para sa Serbisyo Dental, o maaari mong piliin ang Dental Managed Care. Para piliin o baguhin ang dental plan mo, tumawag sa Health Care Options sa numerong 1-800-430-4263. Hindi ka maaaring naka-enroll sa isang PACE o SCAN plan at sa isang Dental Managed Care plan nang magkasabay.

Saklaw ng Medi-Cal ang mga serbisyong dental, kabilang ang:

- Mga diagnostic at pang-agap na serbisyong dental kagaya ng mga examination, X-ray, at paglinis ng ngipin
- Mga serbisyong pang-emergency para sa pagkontrol sa pananakit
- Mga pagpabunot ng ngipin
- Mga pagpasta
- Mga root canal treatment (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratory)
- Scaling at root planing
- Buo at partial na pustiso
- Orthodontics para sa mga batang kwalipikado
- Ipinapahid na fluoride

Kung mayroon kang mga tanong o nais mong malaman pa ang tungkol sa mga serbisyong dental at naka-enroll ka sa isang Dental Managed Care plan, tawagan ang nakatalagang Dental Managed Care plan mo.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

---

## Iba pang mga benepisyo at programang saklaw ng Molina Healthcare

### Mga serbisyo at suporta sa pangmatagalang pangangalaga

Saklaw ng Molina Healthcare, para sa mga miyembrong kwalipikado, ang mga serbisyo at suporta sa pangmatagalang pangangalaga sa mga sumusunod na uri ng mga pasilidad o tahanan ng pangmatagalang pangangalaga:

- Mga serbisyo ng Skilled nursing facility ayon sa pag-apruba ng Molina Healthcare
- Mga serbisyo ng Subacute care facility (kabilang ang para sa nasa hustong gulang at bata) ayon sa pag-apruba ng Molina Healthcare
- Mga serbisyo ng Intermediate care facility na aprubado ng Molina Healthcare, kabilang ang:
  - Intermediate care facility/developmentally disabled (ICF/DD)
  - Intermediate care facility/developmentally disabled-habilitative (ICF/DD-H)
  - Intermediate care facility/developmentally disabled-nursing (ICF/DD-N)

Kung kwalipikado ka para sa mga serbisyong pangmatagalang pangangalaga, titiyakin ng Molina Healthcare na mailalagay ka sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan o tahanan na nagbibigay ng level ng pangangalaga na pinakaangkop sa mga medikal na pangangailangan mo.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyong pangmatagalang pangangalaga, tumawag sa Member Services sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

### Community-Based Adult Services (CBAS)

Nagbibigay ang Community Based Adult Services (CBAS) ng mga serbisyong pang-araw sa mga mahihinang matatanda at mga nasa gulang na may mga kapansanan na nagpapanumbalik o nagpapanatili sa kakayahan nilang pangalagaan ang kanilang sarili. Ibinibigay ang mga serbisyong ito sa isang lisensyadong health care center at may kasamang nursing, therapy, at mga serbisyong panlipunan. Magagamit ang CBAS program para sa mga miyembro na nakasasapat sa panukatan at batay sa pangangailangan.

Para magkwalipika para sa CBAS, dapat na ikaw ay 18 taong gulang o mas matanda pa, may isa man lang na pangmatagalan o nagpapatuloy na kondisyong medikal, sa pag-iisip, o pag-uugali at nangangailangan ng tulong sa mga pang-araw-araw na gawain.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyong CBAS, tumawag sa Member Services sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



### Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay (IHSS)

Nagbibigay ang programang Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay (IHSS) ng nasa-tahanan na personal na pangangalagang tulong bilang alternatibo sa pangangalaga sa labas ng tahanan sa mga kwalipikadong tao na nararapat sa Medi-Cal, kabilang ang mga may edad, bulag, at/o may kapansanan. Nagbibigay-daan ang IHSS sa mga tumatanggap nito na ligtas na manatili sa loob ng sarili nilang mga tahanan. Dapat na sumang-ayon ang provider mo ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo ng nasa-tahanang personal na pangangalaga at nanganganib kang malagay sa pangangalagang wala sa tahanan kung hindi ka kukuha ng mga serbisyong IHSS. Magsasagawa rin ang IHSS program ng pagtatasa sa pangangailangan.

Para malaman pa ang tungkol sa IHSS na makukuha sa inyong county, pumunta sa <https://www.cdss.ca.gov/inforesources/ihss> o tumawag sa inyong lokal na social services agency ng county.

### Multipurpose Senior Services Program

Ang Multipurpose Senior Services Program (MSSP) ay isang waiver program na ibinigay ng estado na idinisenyo para masuportahan ang mahihina, at matatandang miyembro ng komunidad. Kabilang dito ang mga serbisyong panlipunan at pangangalagang pangkalusugan na nakabase sa bahay na hatid ng mga lokal na lisensyadong provider. Para magkwalipika para sa programang ito, dapat na ikaw ay 65 o mas matanda pa, kailangan ng pangangalaga na ibinigay sa isang nursing home, at handang payagan ang serbisyo na maibigay sa iyong tahanan.

Para malaman pa ang tungkol sa MSSP, pumunta sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/MSSPMedi-CalWaiver.aspx> o tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

### Pamamahala ng pangunahing pangangalaga

Mapanghamon ang pagkuha ng pangangalaga mula sa maraming iba't ibang provider o sa iba't ibang sistema ng kalusugan. Nais ng Molina Healthcare na matiyak na natatanggap ng mga miyembro ang lahat ng kinakailangang serbisyong medikal, mga inireresetang gamot, at mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali. Makatutulong ang Molina Healthcare na i-coordinate at pamahalaan ang mga pangangailangan mo sa kalusugan nang libre. Makukuha ang tulong na ito kahit na saklaw ng isa pang programa ang mga serbisyo.

Maaaring mahirap malaman kung paano matutugunan ang mga pangangailangan mo sa pangangalagang pangkalusugan pagkatapos mong umalis ng ospital o kung tumatanggap ka ng pangangalaga mula sa iba't ibang sistema. Narito ang ilang paraan na matutulungan ka ng Molina Healthcare:



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

- Kung nahihirapan kang makakuha ng follow-up na appointment o mga gamot pagkatapos mong ma-discharge mula sa ospital, matutulungan ka ng Molina Healthcare.
- Kung kailangan mo ng tulong sa pagkuha ng personal na appointment, matutulungan ka ng Molina Healthcare na makakuha ng libreng transportasyon.

Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong kalusugan o kalusugan ng iyong anak, tumawag sa Member Services sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

### **Complex Care Management (CCM)**

Maaaring magkwaliipika ang mga miyembrong may mas kumplikadong pangangailangan sa kalusugan para sa mga karagdagang serbisyo na nakatuon sa koordinasyon ng pangangalaga. Inaalok ng Molina Healthcare ang mga serbisyong Complex Care Management (CCM) sa mga miyembrong nagkaroon ng malubhang medikal na kaganapan o diagnosis na nangangailangan ng karagdagang suporta at higit na paggamit ng mga mapagkukunang pangkalusugan at panlipunan.

Kung naka-enroll ka sa CCM o Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga, (basahin sa ibaba) titiyakin ng Molina Healthcare na mayroon kang nakatalagang Care Manager na makatutulong sa pamamahala ng pangunahing pangangalaga na inilarawan sa itaas at sa iba pang mga suporta sa paglipat ng pangangalaga na magagamit kung ikaw ay pinalabas mula sa isang ospital, pasilidad ng skilled nursing, psychiatric na ospital, o residential na paggamot.

Kung interesado ka o may mga tanong tungkol sa Care Management program ng Molina, pakitawagan ang Member Services sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

### **Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (ECM)**

Saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong ECM para sa mga miyembrong may mga lubos na kumplikadong pangangailangan. May mga karagdagang serbisyo ang ECM para matulungan kang makuha ang pangangalagang kailangan mo upang manatiling malusog. Kino-coordinate nito ang pangangalaga mo mula sa mga doktor at iba pang provider. Tumutulong ang ECM na i-coordinate ang pangunahin at pang-agap na pangangalaga, acute na pangangalaga, behavioral health, developmental, kalusugan ng bibig, mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS) sa komunidad, at mga referral sa mga mapagkukunan sa komunidad.

Kung kwalipikado ka, maaaring kontakin ka tungkol sa mga serbisyo ng ECM. Makatatawag ka rin sa Molina Healthcare para alamin kung at kailan ka makakukuha ng ECM o makipag-usap sa provider mo ng pangangalagang pangkalusugan. Malalaman niya kung kwalipikado ka para sa ECM o ire-refer ka para sa mga serbisyo sa pamamahala ng pangangalaga.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### ***Mga saklaw na serbisyo ng ECM***

Kung kwalipikado ka para sa ECM, magkakaroon ka ng sarili mong team ng pangangalaga na may lead care manager. Kakausapin ka nila at ang mga doktor, espesyalista, parmasyutiko, tagapamahala ng kaso, tagapagbigay ng serbisyong panlipunan, at iba pa. Tinitiyak nila na nagtutulungan ang lahat para maibigay sa iyo ang pangangalagang kailangan mo. Matutulungan ka rin ng lead care manager mo na maghanap at mag-apply para sa iba pang mga serbisyo sa iyong komunidad. Kasama sa ECM ang:

- Outreach at pakikipag-usap
- Komprehensibong pagtatasa at pamamahala sa pangangalaga
- Pinahusay na koordinasyon ng pangangalaga
- Pagsulong ng kalusugan
- Komprehensibong pangangalaga sa paglipat
- Mga serbisyong suporta sa miyembro at pamilya
- Koordinasyon at pag-refer sa mga suporta sa komunidad at lipunan

Para malaman kung maaaring tama para sa iyo ang ECM, makipag-usap sa kinawatan ng Molina Healthcare o sa provider ng pangangalaga ng kalusugan.

### ***Gagastusin ng miyembro***

Walang gagastusin ang miyembro para sa mga serbisyong ECM.

Kung mag-enroll ka sa ECM, makikipag-ugnayan sa iyo ang nakatalagang ECM Lead Care Manager mo (batay sa gusto mong paraan ng pakikipag-ugnayan) para simulan ang pagbigay ng mga serbisyong ECM. Dapat kang makatanggap ng mga serbisyong ECM bawat buwan sa sandaling naka-enroll na. Makikipagtulungan sa iyo ang ECM Lead Care Manager hanggang sa handa ka nang magtapos sa programa. Kung nais mong mag-disenroll sa programa anumang oras, pakisabihan ang nakatalagang ECM Lead Care Manager mo. Maaaring i-disenroll ka mula sa programa nang hindi mo ninanais kung hindi ka na nararapat para sa mga benepisyo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng Molina Healthcare, o kung may mga alalahanin tungkol sa ikinikilos o di-ligtas na kapaligiran para sa ECM Provider.

### **Community Supports (Mga Suporta sa Komunidad)**

Maaari kang magkwalipika na makakuha ng ilang partikular na serbisyong Community Supports, kung naaangkop. Ang Community Supports ay mga medikal na naaangkop at matipid na alternatibong serbisyo o setting sa mga nasasaklaw sa ilalim ng Medi-Cal State Plan. Opsiyonal ang mga serbisyong ito para sa mga miyembro. Kung kwalipikado ka at sang-ayon na tumanggap ng mga serbisyong ito, maaaring



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

makatulong ang mga ito sa iyo na mas mamuhay nang nakapag-iisa. Hindi pinapalitan ng mga ito ang mga benepisyong natatanggap mo na sa ilalim ng Medi-Cal.

Tanging mga miyembro lang ng Molina Medi-Cal at mga Medicare Duals na mayroong Molina for Medi-Cal ang nararapat para sa Community Supports (CS).

**Housing Transition Navigation Services:** Tinutulungan ang mga miyembrong nakararanas ng kawalan ng tirahan sa pagkuha ng pabahay sa pamamagitan ng pagbigay ng suporta sa mga bagay tulad ng mga application sa pabahay, adbokasiya sa mga benepisyong pagkuha ng mga magagamit na mapagkukunan, at pagbigay ng tulong sa mga kasero kapag lumilipat.

Pagka-nararapat:

- Mga miyembrong inuuna para sa permanenteng pangsuportang pabahay o mapagkukunan ng subsidy sa paupa sa pamamagitan ng lokal na Coordinated Entry System (CES) para sa walang tahanan o ng katulad na sistema; o
- Mga miyembrong nakasasapat sa kahulugan ng walang tahanan ayon sa Housing and Urban Development (HUD) at tumatanggap ng Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (ECM), o may isa o higit pang malubhang pangmatagalang kondisyon at/o malubhang sakit sa pag-iisip at/o nanganganib na ma-institutionalize o nangangailangan ng mga serbisyo sa tahanan bilang resulta ng substance use disorder; o
- Mga miyembrong nakasasapat sa kahulugan ng HUD sa nanganganib na mawalan ng tirahan gaya ng tinukoy sa Section 91.5 ng Title 24 ng Code of Federal Regulations; o
- Mga miyembrong nanganganib na mawalan ng tirahan at mayroon ng isa o higit pang malubhang malalang kondisyon; mayroong malubhang sakit sa pag-iisip; nanganganib na ma-institutionalize o mag-overdose o nangangailangan ng mga serbisyo sa tahanan bilang resulta ng substance use disorder o may Serious Emotional Disturbance (mga bata at lalabintaunin); tumatanggap ng ECM; o ay isang Transition-Age Youth na may malalaking hadlang sa katatagan ng pabahay, tulad ng isa o higit pang mga pagkakahatol, kasaysayan sa foster care, pagkakasangkot sa juvenile justice o criminal justice system, at/o may malubhang sakit sa pag-iisip at/o isang bata o lalabintaunin na may malubhang emosyonal na kaguluhan at/o naging biktima ng trafficking o karahasan sa tahanan.

**Mga Deposito sa Pabahay:** Tinutulungan ang mga miyembrong nakararanas ng kawalan ng tirahan sa pagtukoy, pag-coordinate, pagkuha, o pagpondo ng mga serbisyo sa minsanan at mga pagbabagong kinakailangan upang bigyang-daan ang



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

isang tao na magtatag ng isang pangunahing sambahayan na hindi maituturing na room and board. Dapat na matukoy ang mga serbisyong ito bilang makatuwiran at kinakailangan sa nakahiwalay na plano ng suporta sa pabahay ng indibidwal at magagamit lamang kapag hindi masasapatan ng miyembro ang naturang gastos. Dapat na tumatanggap ang miyembro o nai-refer para sa Housing Transition Navigation Services CS.

Pagka-nararapat:

- Mga miyembrong nakatanggap ng Housing Transition Navigation Services CS; o
- Mga miyembrong binibigyang-prioridad para sa permanenteng sumusuportang unit ng pabahay o mapagkukunan ng subsidy sa pag-upa sa pamamagitan ng lokal na homeless CES o katulad na sistema; o
- Mga miyembrong nakasasapat sa kahulugan ng walang tahanan ayon sa HUD at tumatanggap ng ECM, o may isa o higit pang malubhang pangmatagalang kondisyon at/o malubhang sakit sa pag-iisip at/o nanganganib na ma-institutionalize o nangangailangan ng mga serbisyo sa tahanan bilang resulta ng substance use disorder.
- Pagbabawal/Limitasyon: Magagamit nang minsan sa buong buhay ng isang miyembro. Maaari lang aprubahan ang mga Deposito sa Pabahay nang isang karagdagang pagkakataon. Dapat na magbigay ng dokumentasyon ang nag-refer sa kung ano-anong mga kondisyon ang nagbago para maipakita kung bakit magiging mas matagumpay ang pagbigay ng Housing Deposits sa ikalawang tangka.

**Mga Serbisyo sa Pangungupahan at Pananatili:** Nagbibigay ng mga serbisyo sa pangungupahan at pagpapanatili para mapanatili ang ligtas at matatag na paninirahan sa sandaling makuha ang pabahay para sa mga miyembrong nakararanas ng kawalan ng tirahan at ngayon ay may bagong tirahan. Dapat na nakabatay ang ibinibigay na serbisyo sa indibidwal na pagtatasa ng mga pangangailangan at nakadokumento sa indibidwal na plano ng suporta sa pabahay.

Pagka-nararapat:

- Mga miyembrong nakatanggap ng Housing Transition/Navigation Services CS; o
- Mga miyembrong binibigyang-prioridad para sa permanenteng sumusuportang unit ng pabahay o mapagkukunan ng subsidy sa pag-upa sa pamamagitan ng lokal na homeless CES o katulad na sistema; o
- Mga miyembrong nakasasapat sa kahulugan ng walang tahanan ayon sa HUD at tumatanggap ng ECM, o may isa o higit pang malubhang pangmatagalang kondisyon at/o malubhang sakit sa pag-iisip at/o nanganganib na ma-institutionalize o



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

nangangailangan ng mga serbisyo sa tahanan bilang resulta ng substance use disorder; o

- Mga miyembrong nakasasapat sa kahulugan ng HUD sa nanganganib na mawalan ng tirahan gaya ng tinukoy sa Section 91.5 ng Title 24 ng Code of Federal Regulations; o

- Mga miyembrong nanganganib na mawalan ng tirahan at mayroong ng isa o higit pang malubhang malalang kondisyon; mayroong malubhang sakit sa pag-iisip; nanganganib na ma-institutionalize o mag-overdose o nangangailangan ng mga serbisyo sa tahanan bilang resulta ng substance use disorder o may Serious Emotional Disturbance (mga bata at lalabintaunin); tumatanggap ng ECM; o ay isang Transition-Age Youth na may malalaking hadlang sa katatagan ng pabahay, tulad ng isa o higit pang mga pagkakahatol, kasaysayan sa foster care, pagkakasangkot sa juvenile justice o criminal justice system, at/o may malubhang sakit sa pag-iisip at/o isang bata o lalabintaunin na may malubhang emosyonal na kaguluhan at/o naging biktima ng trafficking o karahasan sa tahanan.

- Pagbabawal/Limitasyon: Magagamit lang ang Housing Tenancy and Sustaining Services para sa isang itatagal sa buhay ng indibidwal at maaaring maaprubahan ng isang karagdagang pagkakataon. Dapat na magbigay ng dokumentasyon ang nag-refer sa kung ano-anong mga kondisyon ang nagbago para maipakita kung bakit magiging mas matagumpay ang pagbigay ng Housing Tenancy and Sustaining Services sa ikalawang tangka.

**Panandaliang Pabahay Pagkatapos Maospital:** Mga miyembrong walang tirahan at may mataas na pangangailangang medical o behavioral health na may pagkakataong ipagpatuloy ang kanilang paggaling sa medical/psychiatric/substance use disorder agad-agad pagkaraang lumabas mula sa isang inpatient na ospital, residensyal na substance use disorder treatment o recovery facility, residensyal na mental health treatment facility, kulungan, nursing facility, o recuperative care at umiiwas sa karagdagang paggamit sa mga serbisyo ng State plan.

Pagka-nararapat:

- Mga miyembrong may pangangailangang medical/behavioral health gaya ng nararanasang pagkawala ng tahanan pagkaraang ma-discharge mula sa ospital, pasilidad sa substance use o kalusugan ng pag-iisip, kulungan, nursing facility, o recuperative care ay malamang na mauwi sa pagkaka-ospital, muling pagkaka-ospital, o muling ma-institutionalize; at



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

- Mga miyembrong umaalis ng recuperative na pangangalaga; o
  - Mga miyembrong lumalabas ng inpatient na pananatili sa ospital (acute, psychiatric, o Chemical Dependency at Recovery hospital), residensyal na substance use disorder treatment/recovery facility, residensyal na pasilidad sa paggagamot sa kalusugan ng pag-iisip, kulungan, o nursing facility AT nakasasapat sa isa sa sumusunod na tatlong (3) panukatan:
    - o Mga miyembrong nakasasapat sa kahulugan ng walang tahanan ayon sa HUD at tumatanggap ng ECM, o may isa o higit pang malubhang pangmatagalang kondisyon at/o malubhang sakit sa pag-iisip at/o nanganganib na ma-institutionalize o nangangailangan ng mga serbisyo sa tahanan bilang resulta ng substance use disorder; o
    - o Mga miyembrong nakasasapat sa kahulugan ng HUD sa nanganganib na mawalan ng tirahan gaya ng tinukoy sa Section 91.5 ng Title 24 ng Code of Federal Regulations; o
    - o Mga miyembrong nanganganib na mawalan ng tirahan at mayroong ng isa o higit pang malubhang malalang kondisyon; mayroong malubhang sakit sa pag-iisip; nanganganib na ma-institutionalize o mag-overdose o nangangailangan ng mga serbisyo sa tahanan bilang resulta ng substance use disorder o may Serious Emotional Disturbance (mga bata at lalabintaunin); tumatanggap ng ECM; o ay isang Transition-Age Youth na may malalaking hadlang sa katatagan ng pabahay, tulad ng isa o higit pang mga pagkakahatol, kasaysayan sa foster care, pagkakasangkot sa juvenile justice o criminal justice system, at/o may malubhang sakit sa pag-iisip at/o isang bata o lalabintaunin na may malubhang emosyonal na kaguluhan at/o naging biktima ng trafficking o karahasan sa tahanan.
  - Pagbabawal/Limitasyon: Magagamit ang Short-Term Post-Hospitalization Housing nang minsan sa buong buhay ng isang miyembro at hindi maaaring humigit sa anim (6) na buwan (ngunit maaaring pahintulutan para sa mas maikling panahon batay sa mga pangangailangan ng miyembro).

**Pangangalaga sa Pagpapagaling (Medical Respite):** Mga miyembrong nangangailangan ng panandaliang pangangalaga sa tahanan na hindi na nangangailangan ng pagpapaospital ngunit kailangan pa ring gumaling mula sa isang pinsala o karamdaman (kabilang ang mga kondisyon sa behavioral health) at lalala ang kanilang kondisyon sa hindi matatag na kaligirang tinitirhan. Dapat ibigay ang klinikal na impormasyon.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### Pagka-nararapat:

- Mga miyembrong nanganganib na ma-ospital o nakalabas na ng ospital at namumuhay nang mag-isa na walang pormal na suporta; o nahaharap sa kawalang-katiyakan sa pabahay o may tinutuluyang bahay na maglalagay sa panganib sa kanilang kalusugan at kaligtasan kung walang babaguhin; o
- Mga miyembrong nakasasapat sa kahulugan ng walang tahanan ayon sa Housing and Urban Development (HUD) at tumatanggap ng ECM, o may isa o higit pang malubhang pangmatagalang kondisyon at/o malubhang sakit sa pag-iisip at/o nanganganib na ma-institutionalize o nangangailangan ng mga serbisyo sa tahanan bilang resulta ng substance use disorder; o
- Mga miyembrong nakasasapat sa kahulugan ng HUD na nasa panganib ng kawalan ng tirahan; o
- Mga miyembrong nanganganib na mawalan ng tirahan at mayroong ng isa o higit pang malubhang malalang kondisyon; mayroong malubhang sakit sa pag-iisip; nanganganib na ma-institutionalize o mag-overdose o nangangailangan ng mga serbisyo sa tahanan bilang resulta ng substance use disorder o may Serious Emotional Disturbance (mga bata at lalabintaunin); tumatanggap ng ECM; o ay isang Transition-Age Youth na may malalaking hadlang sa katatagan ng pabahay, tulad ng isa o higit pang mga pagkakahatol, kasaysayan sa foster care, pagkakasangkot sa juvenile justice o criminal justice system, at/o may malubhang sakit sa pag-iisip at/o isang bata o lalabintaunin na may malubhang emosyonal na kaguluhan at/o naging biktima ng trafficking o karahasan sa tahanan.
- Pagbabawal/Limitasyon: Hindi hihigit ang Recuperative Care ng siyamnapung (90) araw na tuloy-tuloy na tagal. Maaaring magsimula muli ang siyamnapung (90) araw na panahon ng pag-aalaga sa pagpapagaling kung muling naospital ang miyembro na may ibang diagnosis sa panahon at/o pagkalipas ng unang siyamnapung (90) araw na awtorisasyon, sa kondisyon na ang mga panukatan ng pangangalaga sa pagpapagaling ay nasapatan. Kinakailangan na makamit o mapanatili ang medikal na katatagan at maiwasan ang pagka-admit sa ospital o muling pagka-admit, na maaaring mangailangan ng mga interbensyon sa behavioral health at walang kasamang pondo para sa modipikasyon ng gusali o rehabilitasyon ng gusali.

**Mga Serbisyo sa Pagpapahinga:** Ibinibigay sa mga tagapag-alaga kapag ito ay kapaki-pakinabang at kinakailangan para mapanatili ang isang miyembro sa kanilang sariling tahanan at maiwasan ang pagka-burnout ng tagapag-alaga para maiwasan ang mga serbisyong institusyonal. Ibinibigay ang mga serbisyo sa isang panandaliang batayan dahil sa kawalan o pangangailangan para sa tulong para sa tagapag-alaga at



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



hindi medikal ang kalikasan. Ang serbisyonang ito ay pahinga para sa tagapag-alaga lang at para lamang maiwasan ang pagkakalagay sa mga Pangmatagalang Pangangalaga.

Pagka-nararapat:

- Ang mga miyembrong naninirahan sa komunidad at nakompromiso sa kanilang Mga Aktibidad ng Pang-araw-araw na Pamumuhay (Activities of Daily Living, ADL) na nangangailangan ng pagdepende sa isang kwalipikadong tagapag-alaga, at ang kwalipikadong tagapag-alaga, na nagbibigay ng karamihan sa suporta ng miyembro, ay nangangailangan ng tulong ng tagapag-alaga para maiwasan ang pagkaka-institutionalize para sa miyembro; o

- Ang miyembro ay isang bata na dati nang nakatanggap ng Mga Serbisyo sa Pagpapahinga sa ilalim ng Pediatrics Palliative Care Waiver, mga benepisyaryo ng foster care program, Mga Miyembro na naka-enroll sa alinman sa Mga Serbisyonang Pambata ng California o Genetically Handicapped Persons Program (GHPP), at Mga Miyembro na may Mga Pangangailangan sa Kumplikadong Pangangalaga.

- Pagbabawal/Limitasyon: Ang mga serbisyonang ito, kasama ng anumang mga serbisyonang direktang pangangalaga na natatanggap, ay hindi maaaring lumampas sa 24 na oras kada araw ng pangangalaga. Naka-max ang Mga Serbisyo sa Pagpapahinga sa 336 na oras kada taon ng kalendaryo. Maaaring gawin ang mga pagbubukod sa 336 na oras kada taon ng kalendaryo kapag nakaranas ang tagapag-alaga ng episode, kabilang ang medikal na paggamot at pagpapaospital na nag-iwan sa isang Miyembro ng Medicaid na wala ang kaniyang tagapag-alaga. Maaaring hindi ibilang sa 336 na oras na taunang limitasyon ang suportang ibinibigay sa panahon ng mga episode na ito. Gayundin, ang mga serbisyo ng pahinga ay hindi maaaring ibigay nang virtual, o sa pamamagitan ng telehealth.

**Mga Programang Pang-araw na Habilidad:** Ibinibigay sa tahanan ng isang miyembro o sa labas ng tahanan, hindi-pasilidad na setting upang tulungan ang mga miyembro sa pagkuha, pagpapanatili, at pagpapabuti ng tulong sa sarili, pakikisalamuha, at mga kakayahang umangkop na kinakailangan para matagumpay na manirahan sa likas na kapaligiran ng miyembro.

Pagka-nararapat:

- Mga miyembrong nakaranas ng kawalan ng tirahan; o
- Mga miyembrong hindi na walang tirahan at may pabahay na sa loob ng nakalipas na 24 na buwan; o



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Mga miyembrong nanganganib na mawalan ng tirahan o ma-institutionalize na ang katatagan ng pabahay ay maaaring mapabuti sa pamamagitan ng paglahok sa programang Pang-araw na Habilidadasyon.

**Paglipat sa Nursing Facility/Paglipat sa mga Assisted Living na Pasilidad, kagaya ng mga Residential na Pasilidad ng Pangangalaga para sa Matatanda at Nasa Hustong Gulang:** Tinutulungan ang mga miyembro na manirahan sa komunidad at/o maiwasan ang pagkaka-institutionalize kung maaari. Nagbibigay-daan sa paglipat mula sa nursing facility pabalik sa mala-tahanan na setting ng komunidad at/o pinipigilan ang mga pagka-admit sa skilled nursing para sa mga miyembrong may napipintong pangangailangan para sa nursing level of care (LOC). May pagpipilian ang mga miyembro na manirahan sa isang assisted living na setting bilang isang alternatibo sa pangmatagalang pagkakalagay sa isang nursing facility kapag nasapatan ang mga kinakailangan sa pagka-nararapat. Dapat na tuklasin ang California Community Transitions (CCT) at gamitin bago ang Community Support na ito.

Pagka-nararapat:

- Paglipat sa Nursing Facility:
- Nanirahan nang 60+ araw sa isang nursing facility; at handang manirahan sa isang assisted living na setting bilang alternatibo sa isang nursing facility; at kayang manirahan nang ligtas sa isang assisted living na pasilidad na may mga angkop at matipid na suporta.
- Paglipat sa Nursing Facility:
- Interesado na manatili sa komunidad; at handa at kayang manirahan nang ligtas sa isang assisted living na pasilidad na may mga angkop at matipid na suporta at serbisyo; at dapat ay kasalukuyang tumatanggap ng medikal na kinakailangang nursing facility LOC o nasasapatan ang minimum na panukatan para makatanggap ng nursing facility LOC at bilang kapalit ng pagpunta sa isang pasilidad, ay pinipiling manatili sa komunidad at patuloy na tumanggap ng medikal na kinakailangang serbisyo ng nursing facility LOC sa isang assisted living na pasilidad.
- Mga Pagbabawal/Mga Limitasyon: Direktang responsable ang mga miyembro sa pagbabayad para sa sarili nilang mga gastusin sa pamumuhay.

### **Community Transition Services/Nursing Facility Transition to a Home:**

Tinutulungan ang mga miyembrong naninirahan sa isang nursing facility na manirahan sa komunidad at maiwasan ang karagdagang pagkaka-institutionalize sa pamamagitan



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

ng pagsuporta sa mga miyembro na manatili sa isang pribadong tirahan at pagsaklaw sa hindi umuulit na mga gastos sa pag-setup.

Pagka-nararapat:

- Ang mga miyembrong kasalukuyang tumatanggap ng level of care (LOC) ng pasilidad ng pangangalagang medikal na kinakailangan at bilang kapalit ng pananatili sa nursing facility o Medical Respite na setting, ay pinipiling lumipat sa tahanan at patuloy na tumanggap ng mga serbisyong LOC ng pasilidad ng pangangalagang medikal na kinakailangan; at

- o Nanirahan nang 60+ araw sa isang nursing home at/o Medical Respite na setting; at

- o Interesado na bumalik sa komunidad; at

- o Kayang manirahan nang ligtas sa komunidad na may angkop at matipid na suporta at serbisyo.

- Pagbabawal/Limitasyon: Makukuha ang Community Transition Services/Nursing Facility Transition to a Home na may panghabambuhay na maximum na \$7,500. Maaari lang na aprubahan ang Community Transition Services/Nursing Facility Transition to a Home nang minsanang beses pa. Dapat na magbigay ng dokumentasyon ang nag-refer na ang miyembro ay napilitang lumipat mula sa isang nakaareglong paninirahan na pinagana ng provider papunta sa nakaareglong paninirahan sa isang pribadong tahanan dahil sa mga sitwasyong hindi niya kontrolado.

- o Dapat na kinakailangan ang Community Transition Services para matiyak ang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng Miyembro, at kung wala ito ay hindi makalilipat ang Miyembro sa pribadong tahanan at sa gayon ay kakailanganing ituloy ang o muling ma-institutionalize.
- o Hindi kasama sa Community Transition Services ang buwanang gastos sa pag-upa o mortgage, pagkain, mga regular na singil sa utility, at/o mga kasangkapan sa bahay o mga bagay na nilayon para sa mga layuning panlilibang lamang/libangan.

**Serbisyong Personal Care and Homemaker:** Nagbibigay ng pangangalaga para sa mga miyembrong nangangailangan ng tulong sa Mga Aktibidad ng Pang-araw-araw na Pamumuhay (mga ADL) at Instrumental na mga Aktibidad ng Pang-araw-araw na Pamumuhay (mga IADL).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### Pagka-nararapat:

- Mga miyembrong nanganganib na maospital o ma-institutionalize sa isang nursing facility o may mga kakulangan sa paggana at walang ibang sapat na sistema ng suporta na may:

- o Pangangailangan ng higit pa sa anumang aprubadong oras ng Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay (IHSS) ng county kung kailan kailangan ng karagdagang oras (nakabinbing muling pagtatasa); o

- o Unang nai-refer sa IHSS at habang nasa panahon ng paghihintay para maapruba ang IHSS at kumuha ng tagapag-alaga (dapat na nai-refer na ang Miyembro sa Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay); o

- o Mga Miyembro na hindi nararapat na makatanggap ng Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay at nangangailangan ng tulong para maiwasan ang panandaliang pananatili sa isang skilled nursing facility na hindi maaaring humigit sa 60 araw.

- Pagbabawal/Limitasyon: Hindi magagamit ang CS na ito sa halip na mag-refer sa programang Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay. Dapat i-refer ang mga Miyembro sa programang Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay kapag nasasapatan nila ang mga panukatan sa pag-referr o kung mayroon silang anumang pagbabago sa kanilang kasalukuyang kondisyon.

**Mga Pag-akma para sa Pag-access sa Kapaligiran (Mga Modipikasyon sa Tahanan):** Mga pisikal na pag-akma sa isang tahanan na kinakailangan para matiyak ang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng miyembro, o bigyang-kakayahan ang miyembro na gumana nang may higit na kalayaan sa tahanan: na kung wala ay kakailanganin ng miyembro na ma-institutionalize.

### Pagka-nararapat:

- Mga miyembrong nanganganib na ma-institutionalize sa isang nursing facility.
- Mga Pagbabawal/Mga Limitasyon: Nababayaran ang mga EAA nang hanggang sa kabuuang panghabambuhay na maximum na \$7500. Ang tanging mga pagbubukod sa kabuuang maximum na \$7500 ay kung magbabago ang tinitirhan ng miyembro o kung napakalaki ng ipinagbago ng kondisyon ng miyembro na kakailanganin ang mga karagdagang modipikasyon na iyon para matiyak ang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng miyembro, o kinakailangan para bigyang-kakayahan ang miyembro na makakilos nang may higit na kalayaan sa tahanan at maiwasan ang pagkaka-institutionalize o pagkaka-ospital.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

**Mga Pagkaing Medikal na Nakasusuporta/Mga Pagkain/Mga Pagkaing Medikal na Pasadya:** Nagbibigay ng mga pagkain para sa mga miyembrong na-discharge kamakailan mula sa isang ospital o pasilidad ng skilled nursing o para matugunan ang mga natatanging pangangailangan sa pagkain ng mga miyembrong may pangmatagalang karamdaman.

Pagka-nararapat:

- Ang mga miyembrong na-discharge mula sa ospital o isang skilled nursing facility o mataas ang panganib na ma-ospital o malagay sa nursing home na nai-refer at nakasasapat sa panukatan ay makatatanggap ng hanggang dalawang (2) pagkain bawat araw, at/o medikal na pansuportang pagkain hanggang sa apat (4) na linggo sa kada pagkaka-ospital sa maximum na labindalawang (12) linggo sa isang taon ng kalendaryo.
- Mga indibidwal na may mga pangmatagalang karamdaman, tulad ng ngunit hindi limitado sa diabetes, mga sakit na cardiovascular, congestive heart failure, stroke, mga pangmatagalang sakit sa baga, human immunodeficiency virus (HIV), cancer, gestational diabetes, o iba pang perinatal na karamdaman na mataas ang peligro, at pangmatagalan o mga nakalulumpo ng kalusugan ng pag-iisip/pag-uugali.

**Mga Sobering Center:** Nagbibigay ng mga alternatibong destinasyon para sa mga miyembrong napag-alamang lasing sa pampublikong lugar (dahil sa alak at/o iba pang droga) at kung hindi man ay dadalhin sa emergency department o kulungan. Ang serbisyong saklaw ay para sa itatagal sa wala pang 24 na oras.

Pagka-nararapat:

- Mga miyembrong may edad na 18 at mas matanda pa na lasing ngunit may malay, nakikipagtulungan, nakalalakad, walang dahas, at walang anumang medikal na pagkabalisa (kabilang ang mga sintomas ng withdrawal na nagbabanta sa buhay o maliwanag na pinagbabatayan ng mga sintomas) at kung hindi man ay dadalhin sa emergency department o kulungan o kung sino ang nagharap sa isang emergency department at nararapat na ilihis sa isang Sobering Center.

**Asthma Remediation:** Tumutulong sa mga miyembro sa pamamagitan ng pagtukoy, pag-coordinate, pagkuha, o pagpondo sa mga serbisyo at modipikasyon na kinakailangan sa kapaligiran ng tahanan upang matiyak ang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng indibidwal o para bigyang-kakayahan ang indibidwal na makakilos sa tahanan nang walang matinding atake ng hika, na maaaring magresulta sa pangangailangan para sa mga serbisyong pang-emergency at pagpapaospital. Dapat na may lagda ng lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ang referral.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Pagka-nararapat:

- Mga miyembro na hindi maayos na ginagamot ang hika (ayon sa pagtukoy sa isang pagbisita sa emergency department visit o pagkaka-ospital o ng dalawang Primary Care Physician (PCP) o mga pagpapatingin para sa agarang pangangalaga sa nakalipas na 12 buwan o score na 19 o mas mababa pa sa Asthma Control Test) kung saan nai-dokumento ng isang lisensyadong provider ng pangangalaga ng kalusugan na malamang na makatutulong ang mga serbisyo sa pag-iwas sa mga pagkaka-ospital na kaugnay ng hika, mga pagbisita sa emergency department, o ng iba pang serbisyo na mahal ang halaga.

- Pagbabawal/Limitasyon: Dapat na tuklasin ang pondo ng Asthma Mitigation Project at gamitin bago ang CS. Magagamit ang Asthma Remediation na may panghabambuhay na maximum na \$7,500. Maaari lang aprubahan ang mga Asthma Remediation nang isang karagdagang pagkakataon. Dapat na magbigay ang nag-refer ng dokumentasyon na naglalarawan sa malalaking pagbabago sa karamdaman na kinakailangan ang mga karagdagang modipikasyon para matiyak ang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng miyembro, o kinakailangan para bigyang-kakayahan ang miyembro na makakilos nang may higit na kalayaan sa tahanan at maiwasan ang pagkaka-institutionalize o pagkaka-ospital.

### **Paunang Pag-apruba para sa Community Supports**

Lahat ng Community Supports, maliban sa mga Sobering Center, ay kailangan ng paunang pag-apruba ng Molina.

Kung kailangan mo ng tulong o nais mong alamin kung ano-anong Community Supports ang maaari mong magamit, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). O tawagan ang provider mo ng pangangalagang pangkalusugan.

### **Pag-transplant ng major organ**

#### ***Mga transplant para sa mga batang wala pang edad na 21***

Sa Los Angeles county, hinihingi ng batas ng estado na i-refer ang mga batang nangangailangan ng mga transplant sa programa ng Mga Serbisyong Pambata ng California (CCS) para mapagpasyahan kung kwalipikado ang bata para sa CCS. Kung kwalipikado ang bata para sa CCS, sasagutin ng CCS ang mga gastos para sa transplant at mga kaugnay na serbisyo.

Kung hindi kwalipikado para sa CCS ang bata, ire-refer ng Molina Healthcare ang bata sa kwalipikadong transplant center para sa pagsusuri. Kung kukumpirmihin ng transplant center na ligtas ang transplant at kinakailangan para sa karamdamang medikal ng bata, sasagutin ng Molina Healthcare ang transplant at iba pang kaugnay na serbisyo.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### ***Mga transplant para sa mga nasa hustong gulang na edad 21 at mas matanda pa***

Kung magpasya ang doktor mo na maaaring kailangan mo ng pag-transplant ng isang major organ, ire-refer ka ng Molina Healthcare sa isang kwalipikadong transplant center para sa pagsusuri. Kung kukumpirmihin ng transplant center na kinakailangan ang pag-transplant at ligtas para sa iyong karamdamang medikal, sasagutin ng Molina Healthcare ang transplant at iba pang kaugnay na serbisyo.

Kabilang sa mga major na organ transplant na saklaw ng Molina Healthcare ang, ngunit hindi limitado sa:

- Bone marrow
- Puso
- Puso/baga
- Bato
- Bato/lapay
- Atay
- Atay/small bowel
- Baga
- Small bowel

### **Mga Street medicine program**

Maaaring makatanggap ang mga miyembrong nakaranas ng kawalan ng tirahan ng mga saklaw na serbisyo mula sa mga street medicine provider na nasa network ng mga provider ng Molina Healthcare. Mapipili ng mga miyembrong nakaranas ng kawalan ng tahanan na piliin ang isang street medicine provider ng Molina Healthcare para maging tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP) nila, kung nasasapatan ng street medicine provider ang mga panuntunan sa pagka-nararapat ng PCP at sumasang-ayon na maging PCP ng miyembro. Para malaman pa ang tungkol sa street medicine program ng Molina Healthcare, tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

---

## **Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal**

### **Iba pang mga serbisyong makukuha mo sa pamamagitan ng Bayarin para sa Serbisyo (FFS) Medi-Cal o iba pang mga programa ng Medi-Cal**

Hindi saklaw ng Molina Healthcare ang ilan sa mga serbisyo, pero makukuha mo pa rin ang mga ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal o iba pang programa ng Medi-Cal. Magko-coordinate ang Molina Healthcare sa iba pang mga programa para matiyak na natatanggap mo ang lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo, kabilang ang mga saklaw ng iba pang programa at hindi ng Molina Healthcare. Inililista ng seksiyon na ito ang ilan sa mga serbisyong ito. Para malaman pa, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## Mga inireresetang gamot sa outpatient

### ***Mga inireresetang gamot na saklaw ng Medi-Cal Rx***

Saklaw ng Medi-Cal Rx ang mga inireresetang gamot na mula sa isang parmasya, na bahagi ng FFS Medi-Cal. Maaaring sagutin ng Molina Healthcare ang ilang gamot na ibibigay ng isang provider sa isang opisina o klinika. Kung nagreseta ang provider mo ng mga gamot na ibinigay sa opisina ng doktor o sa infusion center, maaaring ituring ang mga ito bilang mga gamot na inilapat ng doktor.

Kung naglapat ng gamot ang isang propesyunal sa medikal na kalusugan na hindi nakabase sa isang parmasya, saklaw ito sa ilalim ng benepisyong medikal. Maaaring magreseta ang provider ng mga gamot na nasa Listahan ng Mga Nakakontratang Gamot ng Medi-Cal Rx.

Kung minsan, kailangan mo ng gamot na wala sa Listahan ng Mga Nakakontratang Gamot. Kailangan ng mga gamot na ito ng pag-apruba bago mo mapupunan ang reseta sa parmasya. Rerepasuhin ng Medi-Cal Rx at pagpapasyahan ang mga kahilingan na ito sa loob ng 24 na oras.

- Maaaring bigyan ka ng parmasyutiko sa pang-outpatient na parmasya ng isang 14 na araw ng pang-emergency na supply kung sa palagay nila ay kailangan mo nito. Medi-Cal Rx ang magbabayad para sa pang-emergency na gamot na ibibigay ng pang-outpatient na parmasya.
- Maaaring humindi ang Medi-Cal Rx sa hiling na hindi pang-emergency. Kung gagawin nila ito, magpapadala sila sa iyo ng liham na nagsasabi kung bakit. Sasabihin nila sa iyo kung ano-ano ang mga mapagpipilian mo. Para alamin pa, basahin ang “Mga Reklamo” sa Chapter 6 ng handbook na ito.

Para malaman kung ang isang gamot ay nasa Listahan ng Mga Nakakontratang Gamot o para makakuha ng kopya ng Listahan ng Mga Nakakontratang Gamot, tawagan ang Medi-Cal Rx sa numerong 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711. O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

### ***Mga Parmasya***

Kung pinupunan mo o muling pinupunan ang isang reseta, dapat mong makuha ang nakaresetang gamot mo mula sa isang parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx. Makahahanap ka ng lista ng mga parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa:

<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>

Makahahanap ka rin ng parmasya na malapit sa iyo o parmasyang makapagpapadala sa iyo ng gamot mo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa numerong 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



Sa sandaling pumili ka ng isang parmasya, maaaring magpadala ng reseta ang provider mo sa parmasya mo sa elektronikong paraan. Maaari ka rin bigyan ng provider ng nasusulat na reseta na dadalhin mo sa parmasya mo. Ibigay sa parmasya ang reseta mo kasama ng Medi-Cal Card ng Pagkakakilanlan sa Benepisyo (BIC) mo. Tiyak na batid ng parmasya ang lahat na gamot na iniinom mo at anumang mga allergy na maaaring mayroon ka. Kung may mga tanong ka tungkol sa reseta mo, itanong sa parmasyutiko.

Maaari rin na makakuha ang mga miyembro ng serbisyong transportasyon mula sa Molina Healthcare para makapunta sa mga parmasya. Para alamin pa ang tungkol sa mga serbisyong transportasyon, basahin ang “Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyong hindi emergency” sa Chapter 4 ng handbook na ito.

### **Espesyal na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan (SMHS)**

Hatid ng mga planong pangkalusugan ng county ang ilan sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa halip na Molina Healthcare. Kabilang sa mga ito ang SMHS para sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakasasapat sa mga panuntunan ng serbisyo para sa SMHS. Maaaring kasama sa SMHS ang mga serbisyo sa outpatient, sa tahanan, at sa inpatient na ito:

#### ***Mga serbisyo sa outpatient:***

- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyong pangsupta sa gamot
- Day treatment intensive na serbisyo
- Day rehabilitation na serbisyo
- Crisis intervention na serbisyo
- Crisis stabilization na serbisyo
- Naka-target na pamamahala ng kaso
- Saklaw ang mga therapeutic behavioral na serbisyo para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Saklaw ang intensive care coordination (ICC) para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Saklaw ang intensive home-based services (IHBS) para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Saklaw ang therapeutic foster care (TFC) para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Mga mobile crisis na serbisyo
- Peer Support Services (PSS) (opsiyonal)

#### ***Mga serbisyo sa tahanan:***

- Adult residential treatment na serbisyo
- Crisis residential treatment na serbisyo



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### **Mga serbisyo sa inpatient:**

- Psychiatric inpatient hospital na serbisyo
- Psychiatric health facility na serbisyo

Para malaman pa ang tungkol sa SMHS na hatid ng county mental health plan, matatawagan mo ang inyong county mental health plan.

Para mahanap ang lahat ng toll-free na numero ng telepono ng mga county online, pumunta sa [dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx](https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx). Kung matanto ng Molina Healthcare na kakailanganin mo ng mga serbisyo mula sa county mental health plan, tutulongan ka ng Molina Healthcare na makipag-ugnayan sa mga serbisyo ng county mental health plan.

### **Mga serbisyong paggamot sa substance use disorder**

Hinihikayat ng Molina Healthcare ang mga miyembro na nais na makahingi ng tulong sa paggamit ng alkohol o iba pang substansya na kumuha ng pangangalaga. Makakukuha ng mga serbisyo para sa paggamit ng substansya mula sa mga provider ng pangkalahatang pangangalaga gaya ng pangunahing pangangalaga, mga ospital sa inpatient, at mga emergency department, at mula sa mga provider ng serbisyong specialty substance use. Madalas na nagbibigay ang County Behavioral Health Plans ng mga specialty service.

Para malaman pa ang tungkol sa mga opsiyon sa pagpapagamot para sa mga substance use disorder, tawagan ang numero ng mga serbisyo sa miyembro ng Molina Healthcare sa 1(888) -665-4621.

Maaaring magpatasa ang mga miyembro ng Molina Healthcare para maitugma sila sa mga serbisyong pinakaangkop sa kanilang mga pangangailangan at kagustuhan sa kalusugan. Kapag medikal na kinakailangan, kabilang sa mga magagamit na serbisyo ang paggamot sa outpatient, paggamot sa tahanan, at mga gamot para sa mga substance use disorder (tinatawag din na Medications for Addiction Treatment o MAT) gaya ng buprenorphine, methadone, at naltrexone.

Nagbibigay ang county ng mga serbisyo para sa substance use disorder sa mga miyembro ng Medi-Cal na kwalipikado para sa mga serbisyong ito. Ang mga miyembro na natukoy para sa mga serbisyong paggamot sa substance use disorder ay ire-refer sa kanilang county department para sa paggagamot. Para sa lista ng mga numero ng telepono ng lahat na county pumunta sa [https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD\\_County\\_Access\\_Lines.aspx](https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx).

Ibibigay o ihahanda ng Molina Healthcare na maibigay ang MAT sa pangunahing pangangalaga, ospital ng inpatient, emergency department, at iba pang mga medikal na setting. Nagbibigay din ang Molina Healthcare ng mga saklaw na reseta ng MAT sa



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

mga outpatient behavioral na setting. Makukuha mula sa mga benepisyo ng Molina Healthcare ang mas mataas na level ng pangangalaga para sa substance use at behavioral health. Malalagay ang mga serbisyong MAT na nasa mga setting na ito sa kaugnay na benepisyo ng county. Para malaman pa ang tungkol sa mga opsiyon sa paggagamot para sa mga serbisyong MAT, tawagan ang numero ng mga serbisyo sa miyembro ng Molina Healthcare sa 1-888-665-4621.

### **Mga Serbisyong Pambata ng California (CCS)**

Isang programa ng Medi-Cal ang CCS na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may ilang partikular na kondisyon sa kalusugan, sakit, o matagalang problema sa kalusugan at nakasasapat sa mga panuntunan ng programang CCS. Kung naniniwala ang Molina Healthcare o ang PCP mo na may karamdaman ang anak mo na nararapat para sa CCS, ire-refer siya sa CCS program ng county para masuri kung kwalipikado siya.

Ang kawani ng County CCS ang magpapasya kung ikaw o ang iyong anak ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng CCS. Hindi Molina Healthcare ang nagpapasya sa pagka-nararapat para sa CCS. Kung magkwalipika ang anak mo na makatanggap ng ganitong uri ng pangangalaga, gagamutin siya ng mga provider ng CCS para sa nararapat na kondisyon. Patuloy na sasaklawin ng Molina Healthcare ang mga uri ng serbisyo na walang kinalaman sa kondisyon ng CCS tulad ng mga pisikal, bakuna, at well-child check-up.

Hindi saklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyong saklaw ng programa ng CCS. Para saklawin ng CCS ang mga serbisyong ito, dapat aprubahan ng CCS ang provider, mga serbisyo, at kagamitan.

Saklaw ng CCS ang karamihan sa mga kondisyon ng kalusugan. Kabilang sa mga karamdamang kararapat para sa CCS ang, ngunit hindi limitado sa:

- Congenital heart disease
- Mga kanser
- Mga tumor
- Hemophilia
- Sickle cell anemia
- Mga problema sa thyroid
- Diabetes
- Mga seryosong pangmatagalang problema sa bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa intestines
- Cleft lip/palate
- Spina bifida
- Pagkawala ng pandinig
- Mga katarata
- Cerebral palsy
- Mga seizure sa ilang sitwasyon
- Rheumatoid arthritis
- Muscular dystrophy
- HIV/AIDS
- Matitinding pinsala sa ulo, utak, o gulugod
- Matinding pagkapaso
- Labis na balikong ngipin



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Medi-Cal ang magbabayad para sa mga serbisyong CCS. Kung hindi kwalipikado ang anak mo para sa mga serbisyo ng CCS program, patuloy siyang makatatanggap ng medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa Molina Healthcare.

Para alamin pa ang tungkol sa CCS, pumunta sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/ccs>. O tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

### ***Gastos sa transportasyon at pagbiyahe para sa CCS***

Maaari kang makakuha ng transportasyon, pagkain, matutuluyan, at iba pang mga gastos tulad ng paradahan, mga toll, atbp. kung kailangan mo o ng pamilya mo ng tulong para makapunta sa isang medikal na appointment na kaugnay ng isang karamdaman na kwalipikado sa CCS at walang ibang magagamit na mapagkukunan. Tawagan ang Molina Healthcare at humiling ng pre-approval (paunang awtorisasyon) bago ka magbayad mula sa sariling bulsa para sa transportasyon, mga pagkain, at matutuluyan. Hindi nagbibigay ang Molina Healthcare ng hindi-medical at hindi pang-emergency na medikal na transportasyon gaya ng nabanggit sa Chapter 4, “Mga benepisyo at serbisyo” sa handbook na ito.

Kung ang mga gastos sa transportasyon o pagbiyahe na ikaw mismo ang nagbayad ay natanto na kinakailangan at na-verify ng Molina Healthcare na sinubok mong makakuha ng transportasyon sa pamamagitan ng Molina Healthcare, ibabalik ng Molina Healthcare ang ibinayad mo. Dapat ka naming bayaran sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa na isumite mo ang mga kinakailangang resibo at katibayan ng mga gastos sa transportasyon.

### ***Mga serbisyong nakabatay sa bahay at komunidad (HCBS) sa labas ng mga serbisyo ng CCS***

Kung kwalipikado kang mag-enroll sa isang 1915(c) waiver, maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa bahay at nakabatay sa komunidad na hindi nauugnay sa isang kondisyon na kwalipikado sa CCS ngunit kinakailangan para manatili ka sa isang setting ng komunidad sa halip na isang institusyon. Halimbawa, kung kailangan mo ng mga modipikasyon sa bahay para masapatan ang mga pangangailangan mo sa setting na nakabatay sa komunidad, hindi mababayaran ng Molina Healthcare ang mga gastos na ito bilang kondisyon na kaugnay ng CCS. Pero kung naka-enroll ka sa isang 1915(c) waiver, maaaring saklawin ang mga modipikasyon sa tahanan kung medikal na kinakailangan ang mga ito para maiwasan ang pagkaka-institutionalize.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## 1915(c) waiver Mga Serbisyong Nakabatay sa Bahay at Komunidad (HCBS)

Ang 6 na Medi-Cal 1915(c) waiver ng California ay nagpapahintulot sa estado na magkaloob ng mga serbisyo sa mga taong mangangailangan sana ng pangangalaga sa isang nursing facility o ospital sa setting na nakabase sa komunidad na kanilang pinili. May kasunduan ang Medi-Cal sa Pederal na Pamahalaan na nagpapahintulot sa mga serbisyong waiver na maialok sa isang pribadong tahanan o sa isang setting sa komunidad na mala-tahanan. Ang mga serbisyong inaalok sa ilalim ng mga waiver ay hindi dapat mas malaki kaysa sa alternatibong level ng pangangalaga sa institusyon. Ang mga tatanggap ng HCBS Waiver ay dapat maging kwalipikado para sa full-scope na Medi-Cal. Ang ilang 1915(c) waiver ay may limitadong pagkahandang magamit sa buong Estado ng California at/o maaaring may waitlist. Ang 6 na Medi-Cal 1915(c) waiver ay:

- California Assisted Living Waiver (ALW)
- California Self-Determination Program (SDP) Waiver para sa Individuals with Developmental Disabilities
- HCBS Waiver para sa Californians with Developmental Disabilities (HCBS-DD)
- Home and Community-Based Alternatives (HCBA) Waiver
- Medi-Cal Waiver Program (MCWP), na tinatawag noon na Human Immunodeficiency Virus/Acquired Immune Deficiency Syndrome (HIV/AIDS) Waiver
- Multipurpose Senior Services Program (MSSP)

Para alamin pa ang tungkol sa mga Medi-Cal Waiver, pumunta sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/Pages/HCBSWaiver.aspx>. O tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

## Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay (IHSS)

Nagbibigay ang programang Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay (IHSS) ng nasa-tahanan na personal na pangangalagang tulong bilang alternatibo sa pangangalaga sa labas ng tahanan sa mga kwalipikadong tao na nararapat sa Medi-Cal, kabilang ang mga may edad, bulag, at/o may kapansanan. Nagbibigay-daan ang IHSS sa mga tumatanggap nito na ligtas na manatili sa loob ng sarili nilang mga tahanan. Dapat na sumang-ayon ang provider mo ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo ng nasa-tahanang personal na pangangalaga at nanganganib kang malagay sa pangangalagang wala sa tahanan kung hindi ka kukuha ng mga serbisyong IHSS. Magsasagawa rin ang IHSS program ng pagtatasa sa pangangailangan.

Para alamin pa ang tungkol sa IHSS na magagamit sa inyong county, pumunta sa <https://www.cdss.ca.gov/inforesources/ihss>. O tawagan ang inyong lokal na social services agency ng county.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

---

## Mga serbisyong hindi mo makukuha sa pamamagitan ng Molina Healthcare o Medi-Cal

Hindi sasaklawin ng Molina Healthcare at Medi-Cal ang ilang serbisyo. Kabilang sa mga serbisyong hindi saklaw ng Molina Healthcare o ng Medi-Cal ang, ngunit hindi limitado sa:

- In vitro fertilization (IVF) kabilang ang, pero hindi limitado sa mga pag-aaral sa pagkabaog o mga procedure para i-diagnose o gamutin ang pagkabaog
- Fertility preservation (pagpreserba sa kakayahang magbuntis)
- Mga ineksperimentong serbisyo
- Mga modipikasyon sa sasakyan
- Cosmetic surgery

Maaaring saklawin ng Molina Healthcare ang isang hindi saklaw na serbisyo kung medikal na kinakailangan ito. Dapat na magsumite ang provider mo ng kahilingan para sa pre-approval (paunang awtorisasyon) sa Molina Healthcare o sa Medical Group/IPA mo kasama ng mga dahilan na medikal na kinakailangan ang mga benepisyong hindi saklaw.

Para malaman pa tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

# 5. Pangangalaga sa bata at kabataan

Makakukuha ang mga miyembrong bata at kabataan na wala pang 21 taon gulang ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan sa sandaling ma-enroll sila. Tinitiyak nito na natatanggap nila ang wastong pangangalagang pang-agap, dental, at kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang mga developmental at specialty service. Ipinapaliwanag ng chapter na ito ang mga serbisyong ito.

## Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan

Saklaw ang mga miyembro na wala pang 21 taong gulang para sa kinakailangang pangangalaga nang libre. Kasama sa lista sa ibaba ang mga serbisyong medikal na kinakailangan para sa paggamot o pangangalaga para sa anumang depekto at pisikal o mental na diagnosis. Kabilang sa mga saklaw na serbisyo ang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga Well-child visit at mga teen check-up (mga importanteng pagpapatingi na kailangang ng mga bata)
- Mga imunisasyon (mga bakuna)
- Pagtasa at paggamot sa behavioral health (kalusugan ng pag-uugali)
- Pagsuri at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang pang-indibidwal, panggrupo, at pampamilyang psychotherapy (saklaw ng county ang mga espesyal na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan (SMHS))
- Pag-screen para sa Adverse childhood experiences (ACE)
- Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (ECM) para sa mga Children and Youth Populations of Focus (mga POF) (isang benepisyo ng Medi-Cal managed care plan (MCP))
- Mga pagsusuri sa lab, kabilang ang pag-screen para sa blood lead poisoning
- Edukasyong pangkalusugan at pang-agap
- Mga serbisyo para sa paningin
- Mga serbisyong dental (saklaw sa ilalim ng Medi-Cal Dental)
- Mga serbisyo sa pandinig (saklaw ng Mga Serbisyong Pambata ng California (CCS) para sa mga batang kwalipikado. Sasagutin ng Molina Healthcare ang mga serbisyo para sa mga bata na hindi kwalipikado para sa CCS)



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

- Mga Serbisyong Pangkalusugan sa Tahanan, gaya ng private duty nursing (PDN), occupational therapy, physical therapy, at mga medikal na kagamitan at supply

Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan (kilala rin bilang mga serbisyong Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostiko at Paggamot (EPSDT)). Mahahanap dito ang karagdagang impormasyon para sa mga miyembro kaugnay ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan,

<https://www.dhcs.ca.gov/services/Medi-Cal-For-Kids-and-Teens/Pages/Member-Information.aspx>. Ang mga serbisyo ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan na

rekomendado ng mga pamatnubay ng pediatrician sa Bright Futures para matulungan ka, o ang iyong anak, na manatiling malusog ay saklaw nang libre. Para basahin ang mga pamatnubay ng Bright Futures, pumunta sa

[https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf).

Ang Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (ECM) ay isang benepisyong managed care plan (MCP) ng Medi-Cal na magagamit sa lahat na county ng California para suportahan ang komprehensibong pamamahala ng pangangalaga para sa mga miyembro ng MCP na may mga kumplikadong pangangailangan. Dahil ang mga bata at kabataan na may mga kumplikadong pangangailangan ay kadalasang pinaglilingkuran na ng isa o higit pang mga case manager o iba pang service provider sa loob ng hiwa-hiwalay na sistema ng paghahatid, nag-aalok ang ECM ng koordinasyon sa pagitan ng mga sistema. Kabilang sa mga Children and Youth Populations of Focus na nararapat para sa benepisyong ito ang:

- Mga Bata at Kabataan na Nakakaranas ng Kawalan ng Tahanan
- Mga Bata at Kabataang Nangananib sa Maiiwasang Paggamit ng Ospital o Emergency Department (ED).
- Mga Bata at Kabataan na May Mga Seryosong Pangangailangan sa Kalusugan ng Pag-iisip at/o Substance Use Disorder (SUD)
- Mga Bata at Kabataan na Naka-enroll sa Mga Serbisyong Pambata ng California (CCS) o CCS Whole Child Model (WCM) na May Karagdagang Pangangailangan na Higit sa Kondisyon ng CCS
- Mga Bata at Kabataang Sangkot sa Child Welfare

Mahamanap ang karagdagang impormasyon sa ECM dito:

<https://www.dhcs.ca.gov/CalAIM/ECM/Documents/ECM-Children-And-Youth-POFs-Spotlight.pdf>

Bilang karagdagan, lubos na hinihikayat ng mga ECM Lead Care Manager na suriin ang mga miyembro ng ECM para sa mga pangangailangan para sa mga serbisyong Community Supports na hatid ng mga MCP bilang matitipid na alternatibo sa mga tradisyunal na serbisyong medikal o mga setting—at sumangguni sa mga Suporta ng Komunidad na iyon kapag nararapat at magagamit. Maaaring makinabang ang mga bata at kabataan mula sa marami sa mga serbisyong Community Supports, kabilang ang asthma remediation, pag-navigate sa pabahay, pahingang medikal, at mga sobering center.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



Ang Community Supports ay mga serbisyong ibinibigay ng mga managed care plans (mga MCP) ng Medi-Cal at magagamit ng mga karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal nagkwalipika man sila para sa mga serbisyong ECM o hindi.

Mahahanap ang mas maraming impormasyon sa Community Supports dito:

<https://www.dhcs.ca.gov/CalAIM/Documents/DHCS-Medi-Cal-Community-Supports-Supplemental-Fact-Sheet.pdf>

Ang ilan sa mga serbisyong makukuha sa pamamagitan ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan, gaya ng PDN, ay itinuturing na mga pandagdag na serbisyo. Hindi ito magagamit ng mga miyembro ng Medi-Cal na may edad 21 at mas matanda. Para patuloy na makuha ang mga serbisyong ito nang libre, ikaw o ang iyong anak ay maaaring kailangang mag-enroll sa isang 1915(c) Mga Serbisyong Nakabatay sa Bahay at Komunidad (HCBS) waiver o iba pang Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (LTSS) sa o bago mag-21 taong gulang. Kung ikaw o ang iyong anak ay tumatanggap ng mga karagdagang serbisyo sa pamamagitan ng Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan at malapit nang mag-21 taong gulang, makipag-ugnayan sa Molina Healthcare para pag-usapan ang mga pagpipilian para sa patuloy na pangangalaga.

---

## Mga Well-child health check-up at pangangalagang pang-agap

Kasama sa pangangalagang pang-agap ang mga regular na pagsusuri sa kalusugan, mga pag-screen para matulungan ang doktor mo na mahanap ang mga problema nang maaga, at mga serbisyo sa pagpapayo para matukoy ang mga karamdaman, sakit, o kondisyong medikal bago magdulot ng mga problema ang mga ito. Nakatutulong sa iyo o sa doktor ng anak mo ang mga regular na pag-check up na maghanap ng anumang mga problema. Maaaring kabilang sa mga problema ang medikal, dental, paningin, pandinig, kalusugan ng pag-iisip, at anumang sakit sa paggamit ng substansya (alkohol o droga). Saklaw ng Molina Healthcare ang mga check-up para mag-screen para sa mga problema (kabilang ang pagtatasa sa level ng lead sa dugo) anumang oras na kailanganin ang mga ito, kahit na hindi ito sa panahon ng regular na check-up mo o ng iyong anak.

Kasama rin sa pangangalaga sa pang-agap ang mga imunisasyon (mga bakuna) na kailangan mo o ng iyong anak. Dapat tiyakin ng Molina Healthcare na ang lahat ng naka-enroll na bata ay up-to-date sa lahat ng imunisasyon (mga bakuna) na kailangan nila kapag nagpapatingin sila sa kanilang doktor. Magagamit ang mga serbisyo at pag-screen sa pangangalagang pang-agap nang libre at walang paunang pre-approval (paunang awtorisasyon).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Dapat magpa-check-up ang iyong anak sa mga edad na ito:

- 2-4 na araw pagkaraang ipanganak
- 1 buwan
- 2 buwan
- 4 na buwan
- 6 na buwan
- 9 na buwan
- 12 buwan
- 15 buwan
- 18 buwan
- 24 na buwan
- 30 buwan
- Minsan sa isang taon mula 3 hanggang 20 taong gulang

Kabilang sa mga well-child na check-up sa kalusugan ang:

- Isang kumpletong history at mula ulo hanggang paa na pisikal na pagsusuri
- Mga imunisasyon (mga bakuna) na angkop sa edad (Sinusunod ng California ang schedule ng American Academy of Pediatrics Bright Futures: [https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf))
- Mga pagsusuri sa lab, kabilang ang pag-screen para sa blood lead poisoning
- Edukasyong pangkalusugan
- Pag-screen para sa paningin at pandinig
- Pag-screen sa kalusugan ng bibig
- Pagtatasa sa behavioral health (kalusugan ng pag-uugali)

Kung makakita ang doktor ng problema sa pisikal o mental na kalusugan mo o ng iyong anak sa panahon ng check-up o pag-screen, maaaring kailanganin mo o ng iyong anak na kumuha ng karagdagang pangangalagang medikal. Sasagutin ng Molina Healthcare ang pangangalagang iyon nang libre, kabilang ang:

- Doktor, propesyonal na nars, at pangangalaga sa ospital
- Mga imunisasyon (mga bakuna) para mapanatili kang malusog
- Mga physical, speech/language, at occupational therapy
- Mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan, kabilang ang mga medikal na kagamitan, supply, at appliance
- Paggamot para sa mga problema sa paningin, kabilang ang mga salamin sa mata
- Paggamot para sa mga problema sa pandinig, kabilang ang mga hearing aid kapag hindi saklaw ng CCS ang mga ito
- Paggamot sa Behavioral Health (Kalusugan ng pag-uugali) para sa mga kondisyong pangkalusugan gaya ng mga autism spectrum disorder, at iba pang kapansanan sa pag-unlad
- Pamamahala ng kaso at edukasyon sa kalusugan
- Reconstructive surgery, na operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawan na dulot ng mga depekto noong isinilang, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksyon, tumor, o sakit upang mapabuti ang paggana o lumikha ng normal na hitsura



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

---

## Pag-screen para sa Blood lead poisoning

Lahat ng batang naka-enroll sa Molina Healthcare ay dapat makatanggap ng pag-screen para sa Blood lead poisoning sa edad na 12 at 24 na buwan, o sa pagitan ng 24 at 72 buwang gulang kung hindi sila nasuri nang mas maaga. Makatatanggap ng pag-screen para sa blood lead ang mga bata kung humiling ang isang magulang o tagapag-alaga. Dapat din suriin ang mga bata sa tuwing naniniwala ang doktor na ang pagbabago sa buhay ay naglagay sa panganib sa bata.

---

## Tulong sa pagkuha ng mga well care service para sa bata at kabataan

Tutulungan ng Molina Healthcare ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang at kani-kanilang mga pamilya na makuha ang mga serbisyong kailangan nila. Magagawa ng Molina Healthcare care coordinator na:

- Sabihin sa iyo ang tungkol sa mga magagamit na serbisyo
- Tumulong sa paghanap ng mga provider na nasa network o mga provider na wala sa network, kapag kinakailangan
- Tumulong sa paggawa ng mga appointment
- Mag-areglo ng medikal na transportasyon para makapunta ang mga bata sa kani-kanilang mga appointment
- Tumulong sa pag-coordinate ng pangangalaga para sa mga serbisyong makukuha sa pamamagitan ng Bayarin para sa Serbisyo (FFS) Medi-Cal, gaya ng:
  - Mga serbisyo sa paggamot at rehabilitative para sa kalusugan ng pag-iisip at substance use disorder
  - Paggamot para sa mga problema sa ngipin, kabilang ang orthodontics

---

## Iba pang mga serbisyong makukuha mo sa pamamagitan ng Bayarin para sa Serbisyo (FFS) Medi-Cal o iba pang mga programa

### Mga check-up sa ngipin

Panatilihin malinis ang mga gilagid ng sanggol mo sa pamamagitan ng dahan-dahang pagpunas sa mga gilagid gamit ang labakara araw-araw. Sa humigit-kumulang 4 hanggang 6 na buwan, magsisimula ang “pagngingipin” habang nagsisimulang



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

lumabas ang mga ngipin ng sanggol. Dapat kang gumawa ng appointment para sa unang pagbisita para sa ngipin ng iyong anak sa sandaling lumabas ang unang ngipin niya o sa unang kaarawan niya, alinman ang mauna.

Ang mga serbisyong ito ng Medi-Cal dental ay libre o mga murang serbisyo para sa:

### Mga sanggol na edad 0-3

- Unang pagbisita ng sanggol sa dentista
- Unang pagsusuri ng sanggol sa dentista
- Mga pagsuri sa ngipin (bawat 6 na buwan at minsan ay higit pa)
- Mga X-ray
- Paglinis ng ngipin (bawat 6 na buwan at minsan ay higit pa)
- Fluoride varnish (bawat 6 na buwan at minsan ay higit pa)
- Mga pagpasta
- Mga pagpabunot (pagtanggap ng ngipin)
- Mga pang-emergency na serbisyong dental
- \*Pagpapatulog (kung medikal na kinakailangan)

### Mga bata na edad 4-12

- Mga pagsuri sa ngipin (bawat 6 na buwan at minsan ay higit pa)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (bawat 6 na buwan at minsan ay higit pa)
- Paglinis ng ngipin (bawat 6 na buwan at minsan ay higit pa)
- Mga Molar sealant (pasta)
- Mga pagpasta
- Mga Root canal
- Mga pagpabunot (pagtanggap ng ngipin)
- Mga pang-emergency na serbisyong dental
- \*Pagpapatulog (kung medikal na kinakailangan)

### Mga kabataan na edad 13-20

- Mga pagsuri sa ngipin (bawat 6 na buwan at minsan ay higit pa)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (bawat 6 na buwan at minsan ay higit pa)
- Paglinis ng ngipin (bawat 6 na buwan at minsan ay higit pa)
- Orthodontics (mga brace) para sa mga kwalipikado
- Mga pagpasta
- Mga Crown
- Mga Root canal
- Partial at buong pustiso
- Scaling at root planing
- Mga pagpabunot (pagtanggap ng ngipin)
- Mga pang-emergency na serbisyong dental
- \*Pagpapatulog (kung medikal na kinakailangan)



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

\* Dapat isaalang-alang ng mga provider ang pagpapatulog at general anesthesia kapag natukoy at naidokumento nila ang dahilan kung bakit hindi medikal na naaangkop ang lokal na anesthesia, at ang paggamot sa ngipin ay may pre-approval o hindi nangangailangan ng paunang pre-approval (paunang awtorisasyon).

Ito ang ilan sa mga dahilan kung bakit hindi maaaring gamitin ang local anesthesia at sa halip ay maaaring gamitin ang sedation (pagpapatulog) o general anesthesia:

- Pisikal, behavioral, developmental, o emosyonal na kondisyon na nakapipigil sa pasyente na tumugon sa mga pagtangka ng provider na isagawa ang paggamot
- Malalaking restorative o surgical na procedure
- Hindi sumusunod ang bata
- Talamak na impeksyon sa lugar na tinurukan
- Pagkabigo ng local anesthetic (pampamanhid) na makontrol ang pananakit

Kung mayroon kang mga tanong o nais mong malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Dental Program sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711). O pumunta sa <https://smilecalifornia.org/>.

### **Mga karagdagang mga serbisyo sa referral ng edukasyong pang-agap**

Kung nag-aalala ka na hindi lumalahok at natututo nang maayos ang anak mo sa paaralan, makipag-usap sa doktor, guro, o mga administrador ng anak mo sa paaralan. Bilang karagdagan sa mga benepisyo mong medikal na saklaw ng Molina Healthcare, may mga serbisyong dapat ibigay ng paaralan para matulungan ang iyong anak na matuto at hindi mahuli. Kabilang sa mga serbisyong maaaring ibigay para matulungan ang anak mong matuto ang:

- Mga Speech at language service
- Mga Psychological service
- Physical therapy
- Occupational therapy
- Assistive technology (teknolohiyang pantulong)
- Mga Social Work service
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Mga serbisyo ng School nurse
- Transportasyon papunta at mula sa paaralan

Ang California Department of Education ang nagbibigay at nagbabayad para sa mga serbisyong ito. Kasama ng mga doktor at guro ng iyong anak, maaari kang gumawa ng custom na plano na pinakamahusay na makatutulong sa anak mo.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

# 6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Mayroong dalawang paraan para mag-ulat at lumutas ng mga problema:

- Gamitin ang **reklamo (karaingan)** kapag mayroon kang problema o hindi nasisiyahan sa Molina Healthcare o sa isang provider o sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot na natanggap mo mula sa isang provider.
- Gamitin ang **apela** kapag hindi ka sang-ayon sa desisyon ng Molina Healthcare na baguhin ang mga serbisyo mo o hindi saklawin ang mga ito.

May karapatan kang maghain ng mga karaingan at apela sa Molina Healthcare para sabihin sa amin ang tungkol sa iyong problema. Hindi nito inaalís ang alinman sa iyong mga legal na karapatan at remedyo. Hindi kami magtatangi-tangi o maghihiganti sa iyo dahil sa paghahain mo ng reklamo sa amin o sa pag-ulat ng mga problema.

Makatutulong sa amin ang pagsabi sa amin tungkol sa problema mo na mapabuti ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Maaari kang makipag-ugnayan muna sa Molina Healthcare para ipaalam sa amin ang tungkol sa iyong problema. Tawagan kami sa pagitan ng Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Sabihin sa amin ang tungkol sa iyong problema.

Kung ang iyong hinaing o apela ay hindi pa rin nareresolba pagkaraan ng 30 araw, o hindi ka nasiyahan sa resulta, maaari kang tumawag sa California Department of Managed Health Care (DMHC). Hilingin sa DMHC na suriin ang iyong reklamo o magsagawa ng Independent Medical Review (IMR). Kung apurahan ang iyong usapin, tulad ng mga may kinalaman sa seryosong banta sa iyong kalusugan, maaari kang tumawag kaagad sa DMHC nang hindi muna nagsasampa ng karaingan o apela sa Molina Healthcare. Makatatawag ka sa DMHC nang libre sa numerong 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891 o 711). O pumunta sa: <https://www.dmhc.ca.gov>.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Makatutulong din ang Medi-Cal Managed Care Ombudsman ng California Department of Health Care Services (DHCS). Makatutulong sila kung mayroon kang mga problema sa pagsali, pagbabago, o pag-alis sa isang planong pangkalusugan. Makatutulong din sila kung lumipat ka at nahihirapan kang ilipat ang Medi-Cal mo sa iyong bagong county. Makatatawag ka sa Ombudsman nang Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa numerong 1-888-452-8609. Libre ang tawag.

Makapaghahain ka rin ng karaingan sa county eligibility office ng iyong county tungkol sa pagka-nararapat mo sa Medi-Cal. Kung hindi ka nakasisiguro kung kanino ka maaaring maghain ng hinaing, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Para mag-ulat ng maling impormasyon tungkol sa iyong healthinsurance sa kalusugan, tawagan ang Medi-Cal Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa numerong 1-800-541-5555.

---

## Mga reklamo

Ang reklamo (karaingan) ay kapag mayroon kang problema o hindi nasisiyahan sa mga serbisyong natatanggap mo mula sa Molina Healthcare o mula sa isang provider. Walang limitasyon ng oras sa pagsampa ng reklamo. Maaari kang maghain ng reklamo sa Molina Healthcare anumang oras sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng pagliham, o online. Ang iyong awtorisadong kinatawan o provider ay maaari rin na maghain ng reklamo para sa iyo nang may pahintulot mo.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang Molina Healthcare sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711) sa pagitan ng Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Ibigay ang iyong ID number ng planong pangkalusugan, ang pangalan mo, at ang dahilan ng iyong reklamo.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Tawagan ang Molina Healthcare sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711) at hilingin na padalhan ka ng isang form. Kapag natanggap mo na ang form, punan ito. Tiyakin na isama ang pangalan mo, ID number ng planong pangkalusugan, at dahilan ng reklamo mo. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at kung paano ka namin matutulungan.
- Ipadala ang form sa:  
Atensyon: Member Appeals & Grievances  
200 Oceangate, Suite 100  
Long Beach, CA 90802  
  
Mayroong mga form ng reklamo ang tanggapan ng doktor mo.
- **Online:** Pumunta sa website ng Molina Healthcare sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## 6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Kung kailangan mo ng tulong sa pagpuno sa reklamo mo, matutulungan ka namin. Makapagbibigay kami sa iyo ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Sa loob ng 5 araw ng kalendaryo ng pagtanggap sa reklamo mo, magpapadala ang Molina Healthcare ng liham sa iyo na nagsasabing natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, magpapadala kami sa iyo ng panibagong liham na nagsasabi sa iyo kung paano namin naresolba ang problema mo. Kung tatawag ka sa Molina Healthcare tungkol sa karaingan na hindi tungkol sa pagsaklaw sa pangangalagang pangkalusugan, medikal na kinakailangan, o paggamot na ineksperimento o iniimbestigahan, at naresolba ang karaingan mo sa pagtatapos ng sumunod na araw ng negosyo, maaaring hindi ka makatanggap ng liham.

Kung mayroon kang agarang bagay na kinasasangkutan ng seryosong alalahanin sa kalusugan, magsisimula kami ng expedited (mabilis) na review. Bibigyan ka namin ng desisyon sa loob ng 72 oras. Para humiling ng expedited na review, tawagan kami sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Sa loob ng 72 oras ng pagtanggap sa reklamo mo, magpapasya kami kung paano haharapin ang reklamo mo at kung pabibilisin namin ito. Kung matanto namin na hindi namin pabibilisin ang reklamo mo, sasabihin namin sa iyo na reresolbahin namin ang reklamo mo sa loob ng 30 araw. Maaari kang direktang makipag-ugnayan sa DMHC para sa anumang dahilan, kabilang kung naniniwala kang kwalipikado ang alalahanin mo para sa pinabilis na review, hindi tumutugon ang Molina Healthcare sa iyo sa loob ng 72 oras, o kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon ng Molina Healthcare.

Hindi sasailalim ang mga reklamong kaugnay ng mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx sa proseso ng karaingan ng Molina Healthcare o nararapat para sa Independent Medical Review. Maaaring magsumite ang mga miyembro ng mga reklamo tungkol sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pagpindot sa 7 o 711. O pumunta sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Ang mga reklamong nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging nararapat sa isang Independent Medical Review. Ang toll-free na numero ng DMHC ay 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891). Mahahanap mo ang Independent Medical Review/Complaint form at mga tagubilin online sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov/>.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



### Mga apela

Naiiba ang isang apela sa isang reklamo. Ang apela ay isang kahilingan sa Molina Healthcare na suriin at baguhin ang isang desisyon na ginawa namin tungkol sa iyong mga serbisyo. Kung nagpadala kami sa iyo ng liham na Abiso ng Aksyon (NOA) na nagsasabi sa iyo na aming tinatanggihan, inaantala, binabago, o winawakasan ang isang serbisyo, at hindi ka sang-ayon sa aming desisyon, maaari kang humingi sa amin ng apela. Maaari ring humiling sa amin ng apela ang iyong awtorisadong kinatawan o provider para sa iyo nang may nasusulat na pahintulot mo.

Dapat kang humiling ng apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng NOA na natanggap mo mula sa Molina Healthcare. Kung nagpasya kaming bawasan, suspindihin, o ihinto ang isang serbisyong nakukuha mo ngayon, maaari mong patuloy na matanggap ang serbisyong iyon habang hinihintay mong mapagpasyahan ang iyong apela. Tinatawag itong Aid Paid Pending. Para makatanggap ng Aid Paid Pending, dapat kang humiling sa amin ng apela sa loob ng 10 araw mula sa petsa na nasa NOA o bago ang petsa na sinabi namin na hihinto ang serbisyo mo, alinman ang mas huli. Kapag humiling ka ng apela sa ganitong mga sitwasyon, magpapatuloy ang serbisyo mo habang naghihintay ka ng desisyon sa apela mo.

Makapaghahain ka ng apela sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng pagliham, o online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang Molina Healthcare sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711) sa pagitan ng Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Ibigay ang pangalan mo, ID number ng planong pangkalusugan, at serbisyong inaapela mo.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Tawagan ang Molina Healthcare sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711) at hilingin na padalhan ka ng isang form. Kapag natanggap mo na ang form, punan ito. Tiyakin na isama ang pangalan mo, ID number ng planong pangkalusugan, at ang serbisyong inaapela mo.  
Ipadala ang form sa:  
Atensyon: Member Appeals & Grievances  
200 Oceangate, Suite 100  
Long Beach, CA 90802

May makukuhang mga form ng apela sa tanggapan ng doktor mo.

- **Online:** Bumisita sa website ng Molina Healthcare. Pumunta sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kung kailangan mo ng tulong sa paghingi ng apela o sa Aid Paid Pending, matutulungan ka namin. Makapagbibigay kami sa iyo ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Sa loob ng 5 araw ng pagtanggap sa apela mo, magpapadala ang Molina Healthcare ng liham sa iyo na nagsasabing natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa iyo ang aming desisyon sa apela at padadalhan ka ng liham na Notice of Appeal Resolution (NAR). Kung hindi namin naibigay sa iyo ang aming desisyon sa apela sa loob ng 30 araw, makahihiling ka ng Pagdinig ng Estado mula sa California Department of Social Services (CDSS) at isang Independent Medical Review (IMR) sa DMHC.

Pero kung humiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig para tugunan ang mga partikular na problema mo, hindi ka makahihingi ng IMR sa DMHC para sa parehong mga problema. Sa ganitong kaso, ang Pagdinig ng Estado ang may huling salita. Pero maaari ka pa ring maghain ng reklamo sa DMHC kung hindi kwalipikado para sa isang IMR ang mga problema mo, kahit nangyari na ang Pagdinig ng Estado.

Kung nais mo o ng doktor mo na gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil ang oras na aabutin para magpasya sa iyong apela ay maglalagay sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang gumana sa panganib, makahihingi ka ng isang expedited (pinabilis) na review. Para humiling ng expedited na review, tumawag sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). Magpapasya kami sa loob ng 72 oras ng pagtanggap ng apela mo.

---

## Ano ang gagawin kung hindi ka sang-ayon sa desisyon sa apela

Kung humiling ka ng apela at nakatanggap ka ng liham na NAR na nagsasabi sa iyo na hindi namin binago ang aming desisyon, o hindi ka kailanman nakatanggap ng liham na NAR at umabot na ng 30 araw, magagawa mong:

- Humingi ng **Pagdinig ng Estado** mula sa California Department of Social Services (CDSS) at susuriin ng isang hukom ang iyong kaso. Ang toll-free na numero ng telepono ng CDSS ay 1-800-743-8525 (TTY 1-800-952-8349). Makahihiling ka rin ng isang Pagdinig ng Estado online sa <https://www.cdss.ca.gov>. Matatagpuan ang marami pang paraan ng paghiling ng Pagdinig ng Estado sa “Mga pagdinig ng Estado” sa bandang huli ng chapter na ito.
- Maghain ng Independent Medical Review/Complaint form sa Department of Managed Health Care (DMHC) para ipasuri ang desisyon ng Molina Healthcare. Kung kwalipikado ang reklamo mo para sa proseso ng Independent Medical Review (IMR) ng DMHC, susuriin ng isang panlabas na doktor na hindi bahagi ng Molina Healthcare ang kaso mo at gagawa ng desisyon na dapat sundin ng Molina Healthcare.

Ang toll-free na numero ng telepono ng DMHC ay 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891). Mahahanap mo ang IMR/Complaint form at mga tagubilin online sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov>.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Ikaw ang kailangang magbayad para sa isang Pagdinig ng Estado o IMR.

May karapatan ka sa kapwa Pagdinig ng Estado at IMR. Pero kung humiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig para tugunan ang mga partikular na problema mo, hindi ka makahihingi ng IMR sa DMHC para sa parehong mga problema. Sa ganitong kaso, ang Pagdinig ng Estado ang may huling salita. Pero maaari ka pa ring maghain ng reklamo sa DMHC kung hindi kwalipikado para sa isang IMR ang mga problema, kahit na nangyari na ang Pagdinig ng Estado.

Marami pang impormasyon ang mga seksiyon sa ibaba sa kung paano hihiling ng isang Pagdinig ng Estado at isang IMR.

Ang mga reklamo at apela na nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi pinangangasiwaan ng Molina Healthcare. Para magsumite ng mga reklamo at apela tungkol sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx tumawag sa numerong 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711. Ang mga reklamo at apela na nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging nararapat sa isang Independent Medical Review (IMR) sa DMHC.

Kung hindi ka sang-ayon sa isang desisyon kaugnay ng benepisyo mo sa parmasya ng Medi-Cal Rx, maaari kang humingi ng Pagdinig ng Estado. Hindi ka makahihiling sa DMHC ng isang IMR para sa mga desisyon sa benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx.

---

## Mga Reklamo at Independent Medical Review (IMR) sa Department of Managed Health Care (DMHC)

Ang IMR ay kapag nirepaso ng isang panlabas na doktor na walang kaugnayan sa Molina Healthcare ang kaso mo. Kung nais mo ng isang IMR, kailangan mo munang maghain ng apela sa Molina Healthcare para sa mga hindi-agarang alalahanin. Kung hindi ka makabalita mula sa Molina Healthcare sa loob ng 30 araw ng kalendaryo, o kung hindi ka nasiyahan sa desisyon ng Molina Healthcare, makahihiling ka ng IMR. Dapat kang humiling ng IMR sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa na nasa abiso na nagsabi sa iyo ng desisyon sa apela, pero mayroon ka lang 120 araw para humiling ng Pagdinig ng Estado. Kaya, kung nais mo ng isang IMR at Pagdinig ng Estado, ihain ang reklamo mo sa lalong madaling panahon.

Tandaan, kung humiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig para tugunan ang mga partikular na problema mo, hindi ka makahihingi ng IMR sa DMHC para sa parehong mga problema. Sa ganitong kaso, ang Pagdinig ng Estado ang may huling salita. Pero maaari ka pa rin maghain ng reklamo sa DMHC kung hindi kwalipikado para sa isang IMR ang mga problema, kahit na nangyari na ang Pagdinig ng Estado.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Maaaring makakuha ka ng IMR kaagad nang hindi muna nagsampa ng apela sa Molina Healthcare. Ito ay sa mga kaso kung saan ang alalahanin mo sa kalusugan ay agaran, tulad ng mga may kinalaman sa isang seryosong banta sa iyong kalusugan.

Kung ang iyong reklamo sa DMHC ay hindi kwalipikado para sa isang IMR, susuriin pa rin ng DMHC ang iyong reklamo para matiyak na ginawa ng Molina Healthcare ang tamang desisyon noong inapela mo ang pagtanggap nito sa mga serbisyo.

Ang California Department of Managed Health Care ang may responsibilidad sa pag-regulate sa mga health care service plan. Kung may karaingan ka laban sa planong pangkalusugan mo, dapat mo munang tawagan ang planong pangkalusugan mo sa numerong **1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711)** at gamitin ang proseso sa karaingan ng planong pangkalusugan mo bago makipag-ugnayan sa departamento. Ang paggamit sa proseso ng karaingan na ito ay hindi makapigil ng anumang posibleng legal na karapatan o remedyo na posibleng magagamit mo. Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingan na kaugnay ng isang emergency, karaingan na hindi pa kasiya-siyang naayos ng iyong planong pangkalusugan, o karaingan na nanatiling hindi nareresolba nang mahigit sa 30 araw, makatatawag ka sa departamento para sa tulong. Maaari rin na maging karapat-dapat ka para sa Independent Medical Review (IMR). Kung karapat-dapat ka para sa IMR, ang proseso ng IMR ay magbibigay ng walang kinikilingang pagsusuri sa mga medikal na desisyon na ginawa ng isang planong pangkalusugan na kaugnay ng medikal na pangangailangan ng isang panukalang serbisyo o paggamot, mga desisyon sa pagsaklaw para sa mga paggamot na ineksperimento o iniimbestiga, at mga hindi pagkakasundo sa kabayaran para sa mga serbisyong pang-emergency o agaran. Mayroon din na toll-free na numero ng telepono ang departamento (**1-888-466-2219**) at isang TDD line (**1-877-688-9891**) para sa mahina ang pandinig at pananalita. Ang internet website ng departamento na [www.dmhc.ca.gov](http://www.dmhc.ca.gov) ay may mga form ng reklamo, application form ng IMR at mga tagubilin online.

---

## Mga Pagdinig ng Estado

Ang isang Pagdinig ng Estado ay pakikipagkita sa Molina Healthcare at sa isang hukom mula sa California Department of Social Services (CDSS). Tutulungan ng hukom na lutasin ang iyong problema at magpapasya kung ginawa ng Molina Healthcare ang tamang desisyon o hindi. May karapatan kang humiling ng Pagdinig ng Estado kung humiling ka na ng apela sa Molina Healthcare at hindi ka pa rin nasiyahan sa aming desisyon, o kung hindi ka nakatanggap ng desisyon sa apela mo pagkalipas ng 30 araw.

Dapat kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsa na nasa liham namin na NAR. Kung binigyan ka namin ng Aid Paid Pending sa panahon ng iyong apela at gusto mong magpatuloy ito hanggang sa magkaroon ng



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## 6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw ng aming liham na NAR o bago ang petsa na sinabi namin na hihinto ang mga serbisyo mo, alinman ang mas huli.

Kung kailangan mo ng tulong sa pagtiyak na ang Aid Paid Pending ay magpapatuloy hanggang sa magkaroon ng pangwakas na desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, makipag-ugnayan sa Molina Healthcare sa pagitan ng Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. sa pagtawag sa 1-888-665-4621. Kung hindi ka nakaririnig o nakapagsasalita nang maayos, tumawag sa TYY/TDD o 711. Makahihiling ng apela ang iyong awtorisadong kinatawan o provider para sa iyo nang may nasusulat na pahintulot mo.

Minsan makahihiling ka ng Pagdinig ng Estado nang hindi tinatapos ang aming proseso ng apela.

Halimbawa, kung hindi ka inabisuhan nang wasto o nasa oras ng Molina Healthcare tungkol sa mga serbisyo mo, makahihiling ka ng isang Pagdinig ng Estado nang hindi kinakailangang tapusin ang aming proseso ng apela. Tinatawag itong Deemed Exhaustion. Narito ang ilang halimbawa ng Deemed Exhaustion:

- Hindi kami gumawa ng liham na NOA o NAR na nasa wika mo
- Nakagawa kami ng pagkakamali na nakaapekto sa alinman sa mga karapatan mo
- Hindi kami nagbigay sa iyo ng NOA na liham
- Hindi kami nagbigay sa iyo ng NAR na liham
- Nakagawa kami ng pagkakamali sa aming NAR na liham
- Hindi kami nagdesisyon sa apela mo sa loob ng 30 araw
- Nagdesisyon kami na agaran ang kaso mo pero hindi tinugunan ang apela mo sa loob ng 72 oras

Makahihiling ka ng Pagdinig ng Estado sa ganitong mga paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang State Hearings Division ng CDSS sa numerong 1-800-743-8525 (TTY 1-800-952-8349 o 711)
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Punan ang form na kasama ng abiso sa resolusyon ng apela mo at i-email ito sa:

California Department of Social Services  
State Hearings Division  
P.O. Box 944243, MS 09-17-433  
Sacramento, CA 94244-2430

- **Online:** Humiling ng pagdinig online sa [www.cdss.ca.gov](http://www.cdss.ca.gov)
- **Sa pamamagitan ng email:** Punan ang form na kasama ng abiso sa resolusyon ng apela mo at i-email ito sa [Scopeofbenefits@dss.ca.gov](mailto:Scopeofbenefits@dss.ca.gov)



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

- Tandaan: Kung ipapadala mo ito sa pamamagitan ng email, may panganib na maaaring harangin ng ibang tao bukod sa State Hearings Division ang iyong email. Pag-isipang gumamit ng mas secure na paraan para ipadala ang iyong kahilingan.
- **Sa pamamagitan ng fax:** Punan ang form na kasama ng abiso sa pagresolba ng mga apela mo at i-fax ito sa State Hearings Division sa numerong 916-309-3487 o toll free sa 1-833-281-0903

Kung kailangan mo ng tulong sa paghiling ng isang Pagdinig ng Estado, matutulungan ka namin. Makapagbibigay kami sa iyo ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711).

Sa pagdinig, sasabihin mo sa hukom kung bakit hindi ka sang-ayon sa desisyon ng Molina Healthcare. Sasabihin ng Molina Healthcare sa hukom kung paano namin ginawa ang aming desisyon. Maaaring abutin ng hanggang 90 araw para mapagpasyahan ng hukom ang iyong kaso. Dapat sundin ng Molina Healthcare ang desisyon ng hukom.

Kung nais mong gumawa ng mabilis na desisyon ang CDSS dahil ang oras na aabutin para magkaroon ng Pagdinig ng Estado ay maglalagay sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang ganap na gumana sa panganib, ikaw, ang iyong awtorisadong kinatawan, o ang provider mo ay maaaring makipag-ugnayan sa CDSS at humiling ng isang expedited (pinabilis) na Pagdinig ng Estado. Dapat gumawa ng desisyon ang CDSS nang hindi lalampas sa 3 araw ng negosyo pagkaraang makuha nito ang kumpletong file ng kaso mo mula sa Molina Healthcare.

---

## Panloloko, pagsasayang, at pag-abuso

Kung may hinala ka na ang isang provider o isang tao na tumatanggap ng Medi-Cal ay nakagawa ng panloloko, pag-aksaya, o pag-abuso, responsibilidad mong iulat ito sa pamamagitan ng pagtawag sa lihim na toll-free na numerong 1-800-822-6222 o pagsumite ng reklamo online sa <https://www.dhcs.ca.gov/>.

Kabilang sa panloloko, pagsasayang, at pag-abuso ng provider ang:

- Pagpalsipika ng medical record
- Pagreseta ng mas maraming gamot kaysa sa medikal na kinakailangan
- Pagbigay ng mas maraming serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan kaysa sa medikal na kinakailangan
- Paniningil para sa mga serbisyong hindi ibinigay
- Paniningil para sa mga propesyonal na serbisyo kahit na hindi ginawa ng propesyonal ang serbisyo



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## 6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

- Pag-alok ng mga libre o may diskwentong item at serbisyo sa mga miyembro para maimpluwensyahan kung sinong provider ang pipiliin ng miyembro
- Pagpapalit ng tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga ng miyembro nang hindi nalalaman ng miyembro

Kabilang sa panloloko, pag-aksaya, at pag-abuso ng isang taong tumatanggap ng mga benepisyo ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagpahiram, pagbenta, o pagbigay ng ID card ng planong pangkalusugan o Medi-Cal Card ng Pagkakakilanlan sa Benepisyo (BIC) sa ibang tao
- Pagkuha ng magkatulad o parehong mga paggamot o gamot mula sa higit sa isang provider
- Pagpunta sa emergency room kahit na hindi ito emergency
- Paggamit sa Social Security number o ID number ng planong pangkalusugan ng ibang tao
- Pagsakay sa mga medikal at hindi-medikal na transportasyon para sa mga serbisyong hindi nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan, para sa mga serbisyong hindi saklaw ng Medi-Cal, o kapag walang medikal na appointment o mga reseta na kukunin

Para mag-ulat ng panloloko, pag-aksaya, o pag-abuso, isulat ang pangalan, address, at numero ng ID ng taong gumawa ng panloloko, pag-aksaya, o pag-abuso. Magbigay ng pinakamaraming impormasyon hangga't maaari tungkol sa tao, tulad ng numero ng telepono o espesyalidad kung ito ay isang provider. Ibigay ang mga petsa ng mga kaganapan at isang buod ng saktong nangyari.

Ipadala ang ulat mo sa:

Compliance Director

Molina Healthcare of California

200 Oceangate, Ste. 100

Long Beach, CA 90802

Toll Free na Numero ng Telepono (866) 606-3889

Fax number (562) 499-6150

E-Mail: [MHC\\_Compliance@Molinahealthcare.com](mailto:MHC_Compliance@Molinahealthcare.com)

Tawagan ang Alert Line ng Molina Healthcare sa numerong 866-606-3889 Punan ang isang Fraud, Waste, and Abuse report form online sa

<https://www.molinahealthcare.alertline>.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

# 7. Mga Karapatan at Responsibilidad

Bilang miyembro ng Molina Healthcare, mayroon kang ilang karapatan at responsibilidad. Ipinapaliwanag ng chapter na ito ang mga karapatan at responsibilidad na ito. Kasama rin sa chapter na ito ang mga legal na abiso na mayroon kang karapatang matanggap bilang isang miyembro ng Molina Healthcare.

## Mga karapatan mo

Ito ang mga karapatan mo bilang miyembro ng Molina Healthcare:

- Tratuhan nang may paggalang at dignidad, na nagbibigay ng nararapat na pagsasaalang-alang sa karapatan mo sa privacy at pangangailangang panatilihin ang pagkalahim ng medikal na impormasyon mo tulad ng medikal na kasaysayan, mental at pisikal na kondisyon o paggagamot, at reproductive o sekswal na kalusugan
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa planong pangkalusugan at mga serbisyo nito, kabilang ang mga saklaw na serbisyo, provider, practitioner, at mga karapatan at responsibilidad ng miyembro
- Makakuha ng ganap na naisalin na nasusulat na impormasyon ng miyembro sa wikang nais mo, kasama ang lahat na abiso sa karaingan at apela
- Makagawa ng mga rekomendasyon tungkol sa mga patakaran sa karapatan at responsibilidad ng miyembro ng Molina Healthcare
- Makapili ng tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga sa loob ng network ng Molina Healthcare
- Magkaroon ng napapanahong access sa mga provider ng network
- Lumahok sa paggawa ng desisyon kasama ng mga provider tungkol sa sarili mong pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggagamot
- Magpahayag ng mga karaingan, nang pasalita o sa pagsulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang natanggap mo
- Malaman ang medikal na dahilan para sa desisyon ng Molina Healthcare na tanggihan, iantala, i-terminate (wakasan), o baguhin ang isang kahilingan para sa pangangalagang medikal



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



- Makatanggap ng koordinasyon sa pangangalaga
- Humiling ng apela sa mga desisyon na tanggihan, ipagpaliban, o limitahan ang mga serbisyo o benepisyo
- Makakuha ng mga libheng serbisyo sa pag-interpret at pagsasalin para sa iyong wika
- Makakuha ng libheng legal na tulong sa inyong lokal na legal aid office o sa iba pang grupo
- Bumuo ng mga advance directive (kautusan para sa hinaharap)
- Humiling ng Pagdinig ng Estado kung tinanggihan ang isang serbisyo o benepisyo at nakapaghain ka na ng apela sa Molina Healthcare at hindi pa rin nasiyahan sa desisyon, o kung hindi ka nakatanggap ng desisyon para sa apela mo pagkalipas ng 30 araw, kasama ang impormasyon sa mga pangyayari kung saan posible ang isang pinabilis na pagdinig
- Mag-disenroll (mag-drop) mula sa Molina Healthcare at lumipat sa ibang planong pangkalusugan sa county kapag hiniling
- Ma-access ang mga serbisyong may pahintulot ng menor-de-edad
- Makakuha ng libheng nasusulat na impormasyon ng miyembro na nasa ibang mga format (tulad ng braille, malalaking sukat na print, audio, at mga naa-access na elektronikong format) kapag hiniling at sa napapanahong paraan na naaangkop sa format na hinihiling at alinsunod sa Welfare and Institutions (W&I) Code seksiyon 14182 (b)(12)
- Maging malaya sa anumang anyo ng pagpigil o pagkakabukod na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, pagdisiplina, kaginhawahan, o paghihiganti
- Matapat na talakayin ang impormasyon sa mga magagamit na opsiyon sa paggagamot at mga alternatibo, na ipinakita sa paraang naaangkop sa iyong kondisyon at kakayahang maunawaan, anupaman ang gastos o saklaw
- Magkaroon ng access sa at makakuha ng kopya ng mga medikal na rekord mo, at hilingin na maamyendahan o maiwasto ang mga ito, ayon sa tinukoy sa 45 Code of Federal Regulations (CFR) mga seksiyon na 164.524 at 164.526
- Kalayaan na gamitin ang mga karapatang ito nang hindi naaapektuhan kung paano ka ginagamot ng Molina Healthcare, ng mga provider mo, o ng Estado
- Magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagplano ng pamilya, sa mga Freestanding Birth Center, mga Pederal na Kwalipikadong Sentro ng Kalusugan, sa Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian, mga serbisyo ng midwife (komadrona), mga Rural Health Center, mga serbisyo sa impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik, at mga pang-emergency na serbisyo sa labas ng network ng Molina Healthcare alinsunod sa pederal na batas
- Humiling ng Apela sa isang Adverse Benefit Determination sa loob ng 60 araw ng kalendaryo mula sa petsa ng Notice of Adverse Benefit Determination (NABD) at kung paano itutuloy ang mga benepisyo sa panahon ng proseso ng apela sa loob ng plano sa pamamagitan ng Patas na Pagdinig ng Estado, kapag naaangkop.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

---

## Ang mga responsibilidad mo

Responsibilidad ng mga miyembro ng Molina Healthcare ang mga ito:

- Magbigay ng impormasyon (sa abot ng makakaya) na kailangan ng organisasyon at ng mga practitioner at provider nito para makapagbigay ng pangangalaga.
- Sundin ang mga plano at tagubilin para sa pangangalaga na napagkasunduan nila ng kanilang mga practitioner.
- Maunawaan ang mga problema nila sa kalusugan at makilahok sa pagbuo ng mga mithiin sa paggamot na pinagkasunduan ng isa't isa, sa antas na posible
- Sabihin sa aming Plan kung mayroon kang karagdagang insurance na pangkalusugan
- Kumilos sa paraang sumusuporta sa pangangalagang ibinibigay sa ibang mga pasyente at tumutulong sa maayos na pagpapatakbo ng opisina ng iyong doktor, mga ospital, at iba pang mga tanggapan
- Ipaalam sa amin kung lilipat ka. Kung lilipat ka sa loob ng aming lugar ng serbisyo, kailangan naming panatilihinang napapanahon ang rekord ng membership mo. Kung lilipat ka sa labas ng lugar ng serbisyo ng aming plano, hindi ka maaaring manatiling miyembro ng aming plano, pero maipapaalam sa iyo kung mayroon kaming plano sa lugar na iyon.
- Ipaalam sa amin kung mayroon kang anumang mga tanong, alalahanin, problema, o mungkahi.

---

## Abiso ng kawalang-diskriminasyon

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod ng Molina Healthcare ang mga batas ng estado at pederal sa karapatang-pantao. Hindi nagtatangi-tangi nang labag sa batas ang Molina Healthcare, nagbubukod ng mga tao, o tinatrato sila nang naiiba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, angkan, pinagmulang bansa, kinikilalang grupong etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, kapansanang pisikal, karamdamang medikal, genetic na impormasyon, katayuang-sibil, kasarian, kinikilalang kasarian, o sekswal na oryentasyon.

Nagbibigay ang Molina Healthcare ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan para matulungan silang makipag-usap nang mas mahusay, tulad ng:
  - Mga kwalipikadong sign language interpreter
  - Nasusulat na impormasyon na nasa ibang format (malalaking titik, audio, mga naa-access na elektronikong format, iba pang format)



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

- Libreng serbisyo sa wika sa mga taong ang pangunahing wika ay hindi English, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter
  - Impormasyon na nasusulat sa ibang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Molina Healthcare sa pagitan ng Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-665-4621. O, kung hindi ka nakaririnig o nakapagsasalita nang mabuti, tumawag sa TTY/TDD o 711 o 711 para magamit ang Serbisyo ng Pagpapasa ng California.

### Paano maghain ng karaingan

Kung naniniwala ka na nabigo ang Molina Healthcare na ibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nagtangi-tangi sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, angkan, pinagmulang bansa, kinikilalang grupong etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, kapansanang pisikal, karamdamang medikal, genetic na impormasyon, katayuang-sibil, kasarian, kinikilalang kasarian, o sekswal na oryentasyon, makapaghahain ka ng karaingan sa Civil Rights Coordinator ng Molina Healthcare. Makapaghahain ka ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, sa pagliham, nang personal, o online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Makipag-ugnayan sa Civil Rights Coordinator ng Molina Healthcare sa pagitan ng Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. sa pagtawag sa 1-888-665-4621. O, kung hindi ka nakaririnig o nakapagsasalita nang mabuti, tumawag sa TTY/TDD o 711 para magamit ang Serbisyo ng Pagpapasa ng California.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Punan ang isang complaint form o sumulat ng liham at ipadala ito sa:  
Atensyon: Molina Healthcare Civil Rights Coordinator  
200 Oceangate, Suite 100  
Long Beach, CA 90802
- **Nang personal:** Bumisita sa opisina ng doktor o sa Molina Healthcare at sabihing nais mong maghain ng karaingan.
- **Online:** Bumisita sa website ng Molina Healthcare sa <https://molinahealthcare.Alertline.com> o i-email ang karaingan mo sa [civil.rights@molinahealthcare.com](mailto:civil.rights@molinahealthcare.com).

Kung kailangan mo ng dagdag na tulong sa isang hindi naresolbang problema, maaari ka rin makipag-ugnayan sa Health Net sa numerong 1-800-675-6110.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## Office of Civil Rights – California Department of Health Care Services

Makapaghahain ka rin ng reklamo sa karapatang sibil sa California Department of Health Care Services (DHCS), Office of Civil Rights sa pamamagitan ng telepono, sa pagliham, o online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa 1-916-440-7370. Kung hindi ka nakapagsasalita o nakaririnig nang mabuti, tumawag sa 711 (Telecommunications Relay Service).
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Punan ang isang complaint form o magpadala ng liham sa:  
Deputy Director, Office of Civil Rights  
Department of Health Care Services  
Office of Civil Rights  
P.O. Box 997413, MS 0009  
Sacramento, CA 95899-7413

Makukuha ang mga form ng reklamo sa

[https://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](https://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx).

- **Online:** Magpadala ng email sa [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov).

## Office of Civil Rights – United States Department of Health and Human Services

Kung naniniwala kang naging biktima ka ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, edad, kapansanan, o kasarian, makapaghahain ka ng reklamo sa karapatang-sibil sa United States Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights sa pamamagitan ng telepono, sa pagliham, o online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa 1-800-368-1019. Kung hindi ka nakaririnig o nakapagsasalita nang mabuti, tumawag sa TTY 1-800-537-7697 o 711 para magamit ang Serbisyo ng Pagpapasa ng California.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Punan ang isang complaint form o magpadala ng liham sa:  
U.S. Department of Health and Human Services  
200 Independence Avenue, SW  
Room 509F, HHH Building  
Washington, D.C. 20201

Makukuha ang mga form ng reklamo sa <https://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html>.

- **Online:** Bumisita sa Complaint Portal ng Office for Civil Rights sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp>.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## Mga paraan para makibahagi bilang isang miyembro

Nais ng Molina Healthcare na makarinig mula sa iyo. Bawat quarter, may mga meeting ang Molina Healthcare para pag-usapan kung ano-ano ang gumagana nang maayos at kung papaano maaaring humusay pa ang Molina Healthcare. Imbitado ang mga miyembro na dumalo. Pumunta sa isang meeting!

### Community Advisory Committee

May grupo ang Molina Healthcare na tinatawag na Community Advisory Committee. Binubuo ang grupong ito ng mga miyembro ng Molina Healthcare, ng mga tagapag-alaga nila, mga kapamilya, mga community advocate, mga tradisyunal at Safety Net na mga Provider. Makasasali ka sa grupong ito kung gusto mo. Pinag-uusapan ng grupo ang tungkol sa kung paano mapapahusay ang mga patakaran ng Molina Healthcare at siyang may responsibilidad sa:

- Pagpapayo sa Molina Healthcare sa pagbuo ng mga makabagong programa upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong nahaharap sa mga hadlang kapag nag-access ng pangangalagang pangkalusugan
- Pagsuri sa mga kasalukuyang programa at serbisyo
- Pagbigay ng input at mga rekomendasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa pagpaparating ng mga pangangailangan sa mga lugar tulad ng Network development at assessment, kalidad, at Health Delivery System Reforms na makatutulong na mapabuti ang mga resulta sa kalusugan

Kung nais mong maging bahagi ng grupong ito, tawagan ang Molina Healthcare Growth & Community Engagement Department sa numerong 1-855-665-4621 (TTY/TDD o 711) o mag-email sa [MHCCCommunityEngagement@Molinahealthcare.com](mailto:MHCCCommunityEngagement@Molinahealthcare.com) at magtanong tungkol sa Community Engagement. Mabibisita mo rin ang [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com) o [www.MyMolina.com](http://www.MyMolina.com).

## Abiso ng mga kagawian sa privacy

May pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng Molina Healthcare para sa pagpapanatili sa pagkalihim ng mga medical record na magagamit at maibibigay sa iyo kapag hiniling.

Kung ikaw ay nasa edad at kapasidad na pumayag sa mga maselang serbisyo, hindi mo kailangang kumuha ng pahintulot ng sinumang miyembro para makakuha ng mga maselang serbisyo o magsumite ng claim para sa mga maselang serbisyo. Mababasa mo ang higit pa tungkol sa mga maselang serbisyo sa seksiyon na “Maselang pangangalaga” ng handbook na ito.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Mahihiling mo sa Molina Healthcare na magpadala ng mga komunikasyon tungkol sa mga maselang serbisyo sa ibang mailing address, email address, o numero ng telepono na iyong pinili. Tinatawag itong “request for confidential communications” (kahilingan para sa lihim na komunikasyon). Kung pumayag ka sa pangangalaga, hindi magbibigay ang Molina Healthcare ng impormasyon sa mga serbisyong maselan na pangangalaga sa sinumang iba nang wala ang iyong nasusulat na pahintulot. Kung hindi ka magbibigay ng mailing address, email address, o numero ng telepono, magpapadala ang Molina Healthcare ng mga komunikasyon sa pangalan mo sa address o numero ng telepono na nasa file.

Igagalang ng Molina Healthcare ang mga kahilingan mong tumanggap ng mga lihim na komunikasyon sa anyo at format na hiniling mo. O titiyakin namin na ang mga komunikasyon mo ay madaling ilagay sa anyo at format na hiniling mo. Ipapadala namin ang mga ito sa ibang lokasyon na pinili mo. Tatagal ang kahilingan mo para sa mga lihim na komunikasyon hanggang sa kanselahin mo ito o magsumite ka ng bagong kahilingan para sa mga lihim na komunikasyon.

Mahihiling mong matanggap ang mga maselang serbisyo sa isang partikular na anyo at format. Tanging protektadong miyembro ang makahihiling. Tatanggapin namin ang iyong kahilingan kung maipapadala ang mga maselang serbisyo sa hiniling na form at format. Tatagal ang kahilingan mo para sa mga lihim na komunikasyon hanggang sa kanselahin mo ito o magsumite ka ng bagong kahilingan para sa mga lihim na komunikasyon.

Hindi kailangan ng mga miyembrong papayag na makatanggap ng mga maselang serbisyo na kumuha ng pahintulot ng sinumang miyembro na makatanggap ng mga maselang serbisyo o magsumite ng claim para sa mga maselang serbisyo. Iddirekta ng Molina Healthcare ang mga komunikasyon tungkol sa mga maselang serbisyo sa alternatibong itinalagang mailing address, email address, o numero ng telepono ng isang miyembro o, sa kawalan ng pagtatalaga, sa pangalan ng miyembro sa address o numero ng telepono na nasa file. Hindi isisiwalat ng Molina Healthcare ang impormasyong medikal na kaugnay ng mga maselang serbisyo sa sinumang ibang miyembro nang walang nasusulat na pahintulot mula sa miyembrong tumatanggap ng pangangalaga. Tatanggapin ng Molina Healthcare ang mga kahilingan para sa mga lihim na komunikasyon sa anyo at format na hiniling, kung ito ay magagawa sa hiniling na anyo at format, o sa mga alternatibong lokasyon. Mananatiling balido ang kahilingan ng isang miyembro para sa mga lihim na komunikasyon kaugnay ng mga maselang serbisyo hanggang sa bawiin ng miyembro ang kahilingan o magsumite ng bagong kahilingan para sa mga lihim na komunikasyon. Para humiling at magsumite ng Mga Kahilingan sa Lihim na Komunikasyon, maaari kang tumawag sa Mga serbisyo sa miyembro ng Molina sa numerong 1-888-665-4621 o bumisita sa website ng Molina sa [www.molinahealthcare.com/members](http://www.molinahealthcare.com/members).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Kasama sa ibaba ang pahayag ng Molina Healthcare tungkol sa mga patakaran at pamamaraan nito sa pagprotekta ng medikal na impormasyon mo (tinatawag na “Abiso ng Mga Kagawian sa Privacy”):

### **INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO KA MAGKAKARON NG ACCESS SA IMPORMASYON NA ITO. PAKIBASA ITO NANG MABUTI**

Ibinibigay sa iyo ng Molina Healthcare of California (“**Molina Healthcare**”, “**Molina**”, “**kami**” o “**aming**”) ang mga benepisyong pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng programang Medi-Cal. Ginagamit at ibinabahagi ng Molina ng protektadong impormasyon ng kalusugan tungkol sa iyo para maibigay sa iyo ang mga benepisyong mo sa kalusugan. Ginagamit at ibinabahagi namin ang impormasyon mo para makapaghatid ng mga benepisyong, mga pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalaga ng kalusugan. Ginagamit at ibinabahagi rin namin ang impormasyon mo para sa mga dahilang ipinapahintulot o hinihingi ng batas. Tungkulin namin na panatilihin pribado ang impormasyon ng kalusugan mo at sundin ang mga tuntunin ng Abisong ito. Ang petsa na nagkabisang abisong ito ay Oktubre 1, 2022.

Ang **PHI** ay para sa mga salitang ito, protected health information. Ang PHI ay nangangahulugan na impormasyon ng kalusugan na kasama ang pangalan mo, numero ng miyembro o iba pang mga pantukoy, at ginagamit o ibinabahagi ng Molina.

#### **Bakit ginagamit o ibinabahagi ng Molina ang PHI mo?**

Ginagamit o ibinabahagi namin ang PHI mo para magbigay sa iyo ng mga benepisyong pangangalagang pangkalusugan. Ginagamit o ibinabahagi ang PHI mo para sa paggagamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan.

#### **Para sa Paggamot**

Maaaring gamitin o ibahagi ng Molina ang iyong PHI upang ibigay sa iyo, o ayusin, ang iyong pangangalagang medikal. Kasama rin sa paggagamot na ito ang mga referral sa pagitan ng mga doktor mo o ng iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, maaaring ibahagi namin ang impormasyon tungkol sa kondisyon ng iyong kalusugan sa isang espesyalista. Tinutulungan nito ang espesyalista na sabihin sa iyong doktor ang tungkol sa iyong paggamot .

#### **Para sa Pagbabayad**

Maaaring gumamit o magbahagi ang Molina ng PHI para gumawa ng mga desisyon sa pagbabayad. Maaaring kabilang dito ang mga claim, pag-apruba para sa paggagamot, at mga desisyon tungkol sa mga pangangailangang medikal. Ang pangalan mo, kondisyon mo, paggagamot sa iyo, at mga supply na ibinigay ay maaaring nakasulat sa bill. Halimbawa, maaaring ipaalam namin sa isang doktor na taglay mo ang mga benepisyong namin. Sasabihin din namin sa doktor ang halaga ng bill na babayaran namin.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### Para sa Mga Operasyon sa Pangangalaga ng Kalusugan

Maaaring gamitin o ibahagi ng Molina ang PHI tungkol sa iyo para paganahin ang aming planong pangkalusugan. Halimbawa, maaaring gamitin namin ang impormasyon na mula sa claim mo para ipaalam sa iyo ang tungkol sa isang programa sa kalusugan na maaaring makatulong sa iyo. Maaaring gamitin din namin o ibahagi ang PHI mo para malutas ang mga alalahanin ng miyembro. Maaaring gamitin din ang PHI mo para tingnan na nababayaran nang wasto ang mga claim.

**Maraming pang-araw-araw na pangangailangan sa negosyo ang kaugnay ng mga operasyon sa pangangalaga ng kalusugan:. Kabilang dito ang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:**

- Pagpapabuti ng kalidad;
- Mga aksiyon sa mga programang pangkalusugan para tulungan ang mga miyembro na may ilang partikular na karamdaman (tulad ng hika);
- Pagsasagawa o paghahanda para sa medikal na pagsusuri;
- Mga serbisyong legal, kabilang ang mga programa sa pagtuklas ng panloloko at pag-abuso at pag-usig;
- Mga aksiyon para tulungan kaming sumunod sa mga batas;
- Tugunan ang mga pangangailangan ng miyembro, kabilang ang paglutas sa mga reklamo at karaingan.

Ibahagi namin ang PHI mo sa iba pang kompanya (“**mga kasosyo sa negosyo**”) na nagsasagawa ng iba’t ibang uri ng mga aktibidad para sa aming planong pangkalusugan. Maaari rin naming gamitin ang PHI mo para bigyan ka ng mga paalala tungkol sa mga appointment mo. Maaaring gamitin namin ang PHI mo para bigyan ka ng impormasyon tungkol sa iba pang paggagamot, o iba pang benepisyo at serbisyong kaugnay ng kalusugan.

**Kailan maaaring gamitin o ibahagi ng Molina ang PHI mo nang hindi kumukuha ng nasusulat na awtorisasyon (pag-apruba) mula sa iyo?**

Nagpapahintulot o nag-aatas ang batas sa Molina na gamitin at ibahagi ang iyong PHI para sa ilang iba pang layunin kabilang ang mga sumusunod:

### Kailangan ng batas

Gagamitin o ibabahagi namin ang impormasyon tungkol sa iyo ayon sa iniaatas ng batas. Ibahagi namin ang iyong PHI kapag kinakailangan ng Kalihim ng Department of Health and Human Services (HHS). Maaaring para ito sa isang kaso sa korte, iba pang legal na pagsusuri, o kapag kinakailangan para sa mga layuning pagpapatupad ng batas.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



### **Pampublikong kalusugan**

Maaaring gamitin o ibahagi ang iyong PHI para sa mga aktibidad sa pampublikong kalusugan. Maaaring kabilang dito ang pagtulong sa mga ahensya ng pampublikong kalusugan upang maiwasan o makontrol ang sakit.

### **Pangangasiwa ng Pangangalaga sa Kalusugan**

Maaaring gamitin o ibahagi ang PHI mo sa mga ahensiya ng gobyerno. Maaaring kailanganin nila ang PHI mo para suriin kung paano nagbibigay ng mga serbisyo ang aming planong pangkalusugan.

### **Mga Legal o Administratibong Proceeding**

Maaaring ibahagi ang PHI mo sa isang hukuman, imbestigador o abogado kung ito ay tungkol sa pagpapatakbo ng Medi-Cal. Maaaring may kasamang panloloko o mga aksiyon para mabawi ang pera mula sa ibang tao, noong nagbigay ang Medi-Cal program ng mga benepisyo sa pangangalaga ng kalusugan mo.

### **Kailan kailangan ng Molina ang nasusulat na pahintulot (pag-apruba) mo para gamitin o ibahagi ang PHI mo?**

Kailangan ng Molina ang nasusulat na pag-apruba mo para gamitin o ibahagi ang PHI mo para sa layuning bukod sa mga nakalista sa abisong ito. Kailangan ng Molina ang awtorisasyon mo bago namin isiwalat ang PHI mo para sa mga sumusunod:

(1) karamihang mga paggamit at pagbubunyag ng mga tala ng psychotherapy;  
(2) paggamit at pagbubunyag para sa layunin ng marketing; at (3) mga paggamit at pagbubunyag na may kinalaman sa pagbebenta ng PHI. Maaari mong kanselahin ang isang nakasulat na pag-apruba na ibinigay mo sa amin. Hindi malalapat ang pagkansela mo sa mga aksiyon na nagawa na namin dahil sa pag-apruba na ibinigay mo na sa amin.

### **Ano-ano ang mga karapatan mo sa impormasyon sa kalusugan?**

#### **Mayroon kang karapatan na:**

#### **▪ Humiling ng mga Pagbabawal sa Mga Paggamit o Pagsiwalat sa PHI (Pagbahagi ng PHI mo)**

Maaari mong hilingin sa amin na huwag ibahagi ang PHI mo para magsagawa ng paggagamot, pagbabayad o mga gawain sa pangangalaga ng kalusugan.

Maaari mo rin na hilingin sa amin na huwag ibahagi ang PHI mo sa kapamilya, mga kaibigan o iba pang taong pinangalanan mo na may kinalaman sa pangangalaga ng kalusugan mo. Gayunpaman, hindi namin kinakailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan. Kakailanganin mong isulat ang kahilingan mo. Magagamit mo ang form ng Molina para isagawa ang kahilingan mo.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### ▪ Humiling ng mga Lihim na Komunikasyon ng PHI

Mahihiling mo sa Molina na ibigay sa iyo ang PHI mo sa partikular na paraan o sa partikular na lugar para makatulong na mapanatiling pribado ang iyong PHI. Susundin namin ang mga makatuwirang kahilingan para sa mga lihim na komunikasyon para magbigay ng PHI sa isang partikular na anyo o format, kung handa na itong maibigay sa hiniling na anyo at format, o sa mga alternatibong lokasyon. Kakailanganin mong isulat ang kahilingan mo o sa pamamagitan ng elektronikong pagpapadala.

### ▪ Repasuhin at Kopyahin ang PHI Mo

Mayroon kang karapatan na repasuhin at makakuha ng kopya ng PHI mo na nasa pag-iingat namin. Maaaring kabilang dito ang mga rekord na ginamit sa paggawa ng pagsaklaw, mga claim at iba pang mga desisyon bilang isang miyembro ng Molina. Kakailanganin mong isulat ang kahilingan mo. Maaari mong gamitin ang form ng Molina upang gawin ang iyong kahilingan. Maaaring singilin ka namin ng makatuwirang halaga para sa pagkopya at pagpa-koreo sa mga rekord. Sa ilang kaso maaaring tanggihan namin ang kahilingan. *Importanteng Tandaan: Wala kaming kumpletong kopya ng mga medical record mo. Kung nais mong tingnan, kumuha ng kopya ng, o baguhin ang mga medical record mo, makipag-ugnayan sa doktor o klinika mo.*

### ▪ Amyendahan ang PHI mo

Mahihiling mo na amyendahan (baguhin) namin ang PHI mo. Kabilang lang sa mga ito ang mga rekord na nasa pag-iingat namin tungkol sa iyo bilang isang miyembro. Kakailanganin mong isulat ang kahilingan mo. Maaari mong gamitin ang form ng Molina upang gawin ang iyong kahilingan. Maaari kang mag-file ng liham ng hindi pagsang-ayon sa amin kung tanggihan namin ang hiniling.

### ▪ Makatanggap ng Accounting ng mga Pagsiwalat ng PHI (Pagbahagi ng PHI mo)

Mahihiling mo na bigyan ka namin ng lista ng ilang partidong binahagian namin ng PHI mo sa loob ng anim na taon bago ang petsa ng paghiling mo. Hindi isasama sa lista ang PHI na ibinahagi bilang ang sumusunod:

- para sa paggagamot, pagbabayad o operasyon ng pangangalaga ng kalusugan;
- sa mga tao tungkol sa sarili nilang PHI;
- pagbahaging ginawa na may awtorisasyon mo;
- insidente sa isang paggamit o pagsiwalat na pinapayagan o hinihingi ng umiiral na batas;
- PHI na inilabas sa interes ng pambansang seguridad o para sa mga layuning pangkaalaman; o
- bilang bahagi ng isang limitadong set ng data alinsunod sa umiiral na batas.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

Sisingil kami ng makatuwirang halaga para sa bawat lista kung hihilingin mo ang listang ito nang higit sa minsan sa loob ng 12-buwan na panahon. Kakailanganin mong isulat ang kahilingan mo. Maaari mong gamitin ang form ng Molina upang gawin ang iyong kahilingan.

Magagawa mo ang alinman sa mga nakalistang kahilingan sa itaas, o makakukuha ng papel na kopya ng Abisong ito. Pakitawagan ang aming Member Services Department sa numerong **1-888-665-4621**.

### **Paano ako magreklamo?**

Kung naniniwala kang hindi namin naprotektahan ang privacy mo at nais mong magreklamo, makapagpahain ka ng reklamo (o karaingan) sa pamamagitan ng pagtawag o pagliham sa amin sa:

Molina Healthcare of California

Manager of Member Services

200 Oceangate - Suite 100

Long Beach, CA 90802

Telepono: 1-888-665-4621

O makatatawag ka, makaliliham o makipag-ugnayan sa mga ahensiyang nasa ibaba:

Opisyal sa Pribasiya

c/o Office of Legal Services

Privacy Officer and Senior Staff Counsel

California Department of Health Care Services

1501 Capitol Avenue

P.O. Box 997413, MS 0010

Sacramento, CA. 95899-7413

(916)440-7700

Email: [privacyofficer@dhcs.ca.gov](mailto:privacyofficer@dhcs.ca.gov)

O

Office for Civil Rights

U.S. Department of Health & Human Services

90 7th Street, Suite 4-100

San Francisco, CA 94103

(800) 368-1019; (800) 537-7697(TDD);

(202) 619-3818 (FAX)



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## Ano-ano ang mga tungkulin ng Molina?

### Kailangan ng Molina na:

- Panatilihin pribado ang PHI mo;
- Bigyan ka ng nasusulat na impormasyon kagaya nito sa mga tungkulin at gawi namin sa privacy tungkol sa PHI mo;
- Bigyan ka ng abiso sa pangyayaring may anumang pagkuha sa PHI mo na hindi secure; Hindi gamitin o isiwalat ang genetic na impormasyon para sa mga layuning pangseguro;
- Sundin ang mga tuntunin ng Abisong ito.

### Maaaring Magbago ang Abisong Ito

**Pinanghahawakan ng Molina ang karapatan na baguhin ang mga kagawian nito at mga tuntunin ng abisong ito anumang oras. Kung gagawin namin ito, malalapat ang mga bagong tuntunin at kagawian sa lahat na PHI na nasa aming pag-iingat. Kung gagawa kami ng anumang materyal na pagbabago, ipo-post ng Molina ang binagong Abiso sa aming web site at ipapadala ang binagong Abiso, o impormasyon tungkol sa materyal na pagbabago at kung paano makuha ang binagong Abiso, sa susunod na taunang pagpapadala namin sa mga miyembro na saklaw ng Molina.**

### Impormasyon sa Pagkontak

Kung mayroon kang anumang tanong, makipag-ugnayan sa sumusunod na tanggapan:

Molina Healthcare of California

Atensyon: Manager of Member Services

200 Oceangate - Suite 100

Long Beach, CA 90802

Telepono:1-888-665-4621

---

## Abiso tungkol sa mga batas

Maraming batas na nalalapat sa Handbook ng Miyembro na ito. Maaaring maapektuhan ng mga batas na ito ang mga karapatan at responsibilidad mo kahit na hindi isinama o ipinaliwanag ang mga batas sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na nalalapat sa handbook na ito ay mga batas ng estado at pederal tungkol sa programang Medi-Cal. Maaari rin na nalalapat ang iba pang mga batas pederal at pang-estado.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang panghuling tagapagbayad, iba pang proteksiyon sa kalusugan, at pagbawi ng kabayaran sa pagkalugi

Sinusunod ng Medi-Cal program ang mga batas at regulasyon ng estado at pederal kaugnay ng legal na pananagutan ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan sa mga miyembro. Gagawin ng Molina Healthcare ang lahat ng makatuwirang hakbang para matiyak na ang programang Medi-Cal ang panghuling tagapagbayad.

Maaaring magkaroon ng ibang health coverage (OHC) ang mga miyembro ng Medi-Cal, tinutukoy din bilang pribadong health insurance. Bilang kondisyon ng pagka-nararapat sa Medi-Cal, dapat kang mag-apply para sa o panatilihin ang anumang magagamit na OHC kapag ito ay libre.

Hinihingi ng mga batas pederal at pang-estado na iulat ng mga miyembro ng Medi-Cal ang anumang pagbabago sa isang umiiral na OHC. Maaaring kailanganin mong bayaran ang DHCS para sa anumang benepisyong nabayaran nang hindi sinasadya kung hindi mo mabilis na inulat ang OHC. Isumite ang OHC mo online sa <http://dhcs.ca.gov/OHC>.

Kung wala kang access sa internet, maiuulat mo ang OHC sa Molina Healthcare sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711). O makatatawag ka sa OHC Processing Center ng DHCS sa numerong 1-800-541-5555 (TTY 1-800-430-7077 o 711) o 1-916-636-1980.

Karapatan at responsibilidad ng California Department of Health Care Services (DHCS) na mabayaran para sa mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal kung saan hindi Medi-Cal ang unang nagbabayad. Halimbawa, kung nasugatan ka sa isang aksidente sa sasakyan o sa trabaho, maaaring kailanganin munang bayaran ng insurance sa kompensasyon ng sasakyan o manggagawa ang pangangalaga sa iyo o ibalik ang bayad sa Medi-Cal kung magbayad ang Medi-Cal.

Kung ikaw ay nasugatan, at may isa pang partido na mananagot para sa iyong pinsala, kailangan mo o ng legal na kinatawan mo na abisuhan ang DHCS sa loob ng 30 araw pagkaraang maghain ng legal na aksiyon o paghahabol. Isumite ang abiso mo online sa:

- Personal Injury Program sa <https://dhcs.ca.gov/PIForms>
- Workers' Compensation Recovery Program sa <https://dhcs.ca.gov/WC>

Para alamin pa, bumisita sa DHCS Third Party Liability and Recovery Division website sa <https://dhcs.ca.gov/tplrd> o tumawag sa numerong 1-916-445-9891.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian

Dapat humingi ng kabayaran ang Medi-Cal program mula sa mga probated estate (nasuring ari-arian) ng ilang namatay na miyembro para sa mga benepisyo ng Medi-Cal na natanggap sa o pagkatapos ng ika-55 na kaarawan nila. Kasama sa kabayaran ang Bayarin para sa Serbisyo (FFS) at mga premium na pinamamahalaang pangangalaga o mga pagbabayad ng capitation para sa mga serbisyo ng nursing facility, mga serbisyo sa bahay at komunidad, at mga kaugnay na serbisyo sa ospital at inireresetang gamot na natanggap noong ang miyembro ay isang inpatient sa isang nursing facility o tumatanggap ng mga serbisyo sa tahanan at komunidad. Ang kabayaran ay hindi maaaring humigit sa halaga ng probated estate ng isang miyembro.

Para alamin pa, pumunta sa DHCS Estate Recovery Program website sa <https://dhcs.ca.gov/er> o tumawag na numerong 1-916-650-0590.

## Abiso ng Aksyon (Abiso ng Aksiyon)

Magpapadala sa iyo ang Molina Healthcare ng liham na Abiso ng Aksyon (NOA) anumang oras na tinatanggihan, inaantala, winawakasan, o binabago ng Molina Healthcare ang isang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan. Kung hindi ka sang-ayon sa desisyon ng Molina Healthcare, maaari kang palaging maghain ng apela sa Molina Healthcare. Pumunta sa seksiyong na “Mga Apela” sa Chapter 6 ng handbook na ito para sa mahalagang impormasyon sa paghahain ng iyong apela. Kapag nagpada ang Molina Healthcare sa iyo ng NOA, sasabihin nito sa iyo ang lahat ng karapatan na mayroon ka kung hindi ka sang-ayon sa desisyon na ginawa namin.

### ***Mga nilalaman na nasa mga abiso***

Kung ibinatay ng Molina Healthcare ang mga pagtanggap, pag-antala, pagbago, pagwakas, pagsuspindi, o pagbawas sa mga serbisyo mo nang buo o bahagi sa medikal na pangangailangan, dapat na nilalaman ng NOA mo ang sumusunod:

- Isang pahayag ng aksiyon na nilalayong gawin ng Molina Healthcare
- Isang malinaw at maigsiing paliwanag ng mga dahilan para sa desisyon ng Molina Healthcare
- Paanong nagpasya ang Molina Healthcare , kabilang ang mga panuntunan na ginamit ng Molina Healthcare
- Ang mga medikal na dahilan para sa desisyon. Dapat na malinaw na sabihin ng Molina Healthcare kung paano hindi nakasasapat ang iyong kondisyon sa mga panuntunan o pamatnubay.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

### ***Mga Pagsasalin***

Kinakailangan ng Molina Healthcare na ganap na isalin at magbigay ng nasusulat na impormasyon ng miyembro sa mga karaniwang gustong wika, kabilang ang lahat na abiso sa karaingan at apela.

Dapat na kasama sa ganap na naisalin na abiso ang medikal na dahilan para sa desisyon ng Molina Healthcare na tanggihan, antalahin, baguhin, wakasan, suspindihin, o bawasan ang isang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan.

Kung hindi nakahanda ang pagsasalin sa wikang gusto mo, kinakailangan ng Molina Healthcare na mag-alok ng binigkas na tulong sa gusto mong wika para maunawaan mo ang impormasyon na natatanggap mo.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

# 8. Mga importanteng numero at salita na dapat malaman

---

## Mga importanteng numero ng telepono

- Member service ng Molina Healthcare sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD o 711)
- Medi-Cal Rx sa numerong 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711
- Info sa Pagka-narapat: 1-800-357-0172
- 24-oras na Nurse Help Line: 1-888-275-8750
- Para Enfermera En Español: 1-866-648-3537
- Abiso sa Pagkaka-admit sa Ospital: 1-866-553-9263 (Fax)
- Member services ng Health Net: 1-800-675-6110
- Website ng Health Net: [www.healthnet.com](http://www.healthnet.com)

---

## Mga salitang dapat malaman

**Active labor (aktibong pag-labor):** Ang yugto ng panahon kung kailan ang isang buntis na miyembro ay nasa tatlong yugto ng panganganak at hindi ligtas na maililipat sa ibang ospital bago manganak o maaaring makasama sa kalusugan at kaligtasan ng miyembro o hindi pa isinisilang na bata ang paglipat.

**Acute:** Isang maikli, at biglaang kondisyong medikal na nangangailangan ng mabilis na medikal na atensiyon.

**American Indian:** Indibidwal na nakasasapat sa kahulugan ng “Indian” sa ilalim ng pederal na batas sa 42 CFR seksiyon 438.14, na tumutukoy sa isang tao bilang isang “Indian” kung nasasapatan ng tao ang alinman sa mga sumusunod:



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



## 8 | Mga importanteng numero at salita na dapat malaman

- Miyembro ng isang pederal na kinikilalang tribong Indian
- Nakatira sa isang urban center at nakasasapat sa isa o higit pa sa mga sumusunod:
  - Miyembro ng isang tribo, tropa, o iba pang organisadong grupo ng mga Indian, kabilang ang mga tribo, tropa o grupo na winakasan mula noong 1940 at ang mga kinikilala ngayon o sa hinaharap ng estado kung saan sila naninirahan, o isang inapo sa una o pangalawang antas ng sinumang naturang miyembro
  - Isa siyang Eskimo o Aleut o iba pang Alaska Native
  - Ipinapalagay ng Secretary of the Interior bilang isang Indian para sa anumang layunin
  - Determinado na maging Indian sa ilalim ng mga regulasyong inilabas ng Secretary of the Interior
- Ipinapalagay ng Secretary of the Interior bilang isang Indian para sa anumang layunin
- Itinuturing ng Secretary of Health and Human Services bilang isang Indian para sa mga layunin ng pagka-nararapat sa Indian health care services, kabilang ang California Indian, Eskimo, Aleut, o iba pang Alaska Native

**Appeal (apela):** Ang kahilingan ng isang miyembro para suriin at baguhin ng Molina Healthcare ang isang desisyon na ginawa tungkol sa pagsaklaw sa isang hiniling na serbisyo.

**Benefits (mga benepisyo):** Mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan at mga gamot na saklaw sa ilalim ng planong pangkalusugan na ito.

**Mga Serbisyong Pambata ng California (CCS):** Isang programa ng Medi-Cal na nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga bata hanggang sa edad na 21 na may mga tiyak na kondisyon ng kalusugan, mga sakit, o mga pangmatagalang problema sa kalusugan.

**Case manager:** Registered nurse, Licensed Vocational Nurse/Licensed Practical Nurse, social worker, o ibang kwalipikadong propesyunal sa pangangalaga ng kalusugan na makatutulong sa isang miyembro na maunawaan ang mga pangunahing problema sa kalusugan at mag-areglo ng pangangalaga sa mga provider ng miyembro.

**Certified Nurse Midwife (CNM):** Isang taong lisensyado bilang isang registered nurse at sertipikado bilang isang nurse midwife ng California Board of Registered Nursing. Ang isang sertipikadong nurse midwife ay pinapayagang dumalo sa mga kaso ng normal na panganganak.

**Chiropractor:** Isang provider na gumagamot sa gulugod sa pamamagitan ng manomanong pagmamaniipula.

**Chronic condition (pangmatagalang karamdaman):** Isang sakit o iba pang problemang medikal na hindi ganap na mapapagaling o kaya'y lumalala sa paglipas ng panahon o kailangang gamutin para hindi lumala ang miyembro.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

**Clinic (Klinika):** Isang pasilidad na mapipili ng mga miyembro bilang isang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP). Ito ay maaaring alinman sa Pederal na Kwaliplikadong Sentro ng Kalusugan (FQHC), community clinic, Rural na Klinikang Pangkalusugan (RHC), Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian (IHCP), o iba pang pasilidad ng pangunahing pangangalaga.

**Community-based adult services (CBAS):** Mga serbisyong pang-outpatient na nakabatay sa pasilidad para sa skilled nursing care, social services, mga therapy, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya at tagapag-alaga, mga serbisyo sa nutrisyon, transportasyon, at iba pang mga serbisyo para sa mga kwalipikadong miyembro.

**Complaint (reklamo):** Ang binigkas o nasusulat na paghayag ng miyembro ng kawalang-kasiyahan tungkol sa serbisyong saklaw ng Medi-Cal, ng Molina Healthcare, ng isang county mental health plan, o ng isang provider ng Medi-Cal. Ang isang reklamo ay kapareho ng isang karaingan.

**Continuity of care (pagpapatuloy ng pangangalaga):** Ang kakayahan ng isang miyembro ng plano na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa dati nilang provider na wala sa network nang hanggang 12 buwan kung sasang-ayon ang provider at Molina Healthcare.

**Listahan ng Mga Nakakontratang Gamot (CDL):** Ang inaprubahang lista ng gamot para sa Medi-Cal Rx kung saan maaaring mag-order ang isang provider ng mga saklaw na gamot na kailangan ng isang miyembro.

**Coordination of Benefits (COB):** Ang proseso ng pagtukoy kung aling proteksiyon ng insurance (Medi-Cal, Medicare, komersyal na insurance, o iba pa) ang may pangunahing responsibilidad sa paggagamot at pagbabayad para sa mga miyembrong may higit sa isang uri ng coverage ng insurance na pangkalusugan.

**Copayment (co-pay):** Pagbabayad na ginagawa ng isang miyembro, karaniwang sa oras ng serbisyo, bilang karagdagan sa pagbabayad ng insurer.

**Covered Services (mga saklaw na serbisyo):** Mga serbisyo ng Medi-Cal kung saan Molina Healthcare ang may responsibilidad na bayaran. Sasailalim ang mga saklaw na serbisyo sa mga tuntunin, kondisyon, limitasyon, at pagbubukod ng kontrata ng Medi-Cal, anumang pagbabago sa kontrata, at gaya ng nakalista sa Handbook ng Miyembro na ito (kilala rin bilang Pinagsamang Ebidensya ng Saklaw (EOC) at Disclosure Form).

**DHCS:** Ang California Department of Health Care Services. Ito ang tanggapan ng estado na namamahala sa Medi-Cal program.

**Disenroll:** Ihinto ang paggamit sa isang planong pangkalusugan dahil hindi na kwalipikado ang isang miyembro o lumipat ito sa isang bagong planong pangkalusugan. Dapat lumagda ang miyembro sa isang form na nagsasabing hindi na niya nais gamitin ang planong pangkalusugan o tumawag sa Health Care Options at mag-disenroll sa pamamagitan ng telepono.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

**DMHC:** Ang California Department of Managed Health Care. Ito ang tanggapan ng estado na namamahala sa mga planong pangkalusugan na may pamamahala.

**Durable medical equipment (DME):** Mga kagamitang medikal na medikal na kinakailangan at iniutos ng doktor ng miyembro o ng iba pang provider na ginagamit ng miyembro sa tahanan, komunidad, o pasilidad na ginagamit bilang tahanan.

**Early and periodic screening, diagnostic, and treatment (EPSDT):** Pumunta sa “Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan.”

**Pang-emergency na pangangalaga:** Isang pagsusuri na isinagawa ng isang doktor o kawani sa ilalim ng direksyon ng isang doktor, ayon sa pinapayagan ng batas, para malaman kung mayroong emergency na kondisyong medikal. Mga serbisyong medikal na kinakailangan para maging clinically stable (klinikal na matatag) sa abot ng mga kakayahan ng pasilidad.

**Pang-emergency na medikal na kondisyon:** Ang isang medikal o mental na kondisyon na may malubhang sintomas, tulad ng aktibong panganganak (puntahan ang kahulugan sa itaas) o matinding pananakit, na ang isang taong may karaniwang kaalaman sa kalusugan at medisina ay makatuwirang naniniwala na ang hindi pagkuha ng agarang pangangalagang medikal ay maaaring:

- Maglagay sa kalusugan ng miyembro o kalusugan ng hindi pa isinisilang na sanggol sa malubhang panganib
- Magdulot ng kapansanan sa paggana ng katawan
- Maging sanhi ng isang bahagi ng katawan o organ na hindi gumana nang tama
- Magresulta sa kamatayan

**Pang-emergency na transportasyong medikal:** Transportasyon sa isang ambulansya o sasakyang pang-emergency papunta sa isang emergency room para makatanggap ng pang-emergency na pangangalagang medikal.

**Enrollee:** Isang tao na miyembro ng isang planong pangkalusugan at nakatatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.

**Established patient:** Isang pasyente na may dati nang relasyon sa isang provider at pumunta sa provider na iyon sa loob ng tinukoy na tagal ng oras na itinatag ng planong pangkalusugan.

**Experimental treatment (pang-eksperimentong paggagamot):** Mga gamot, kagamitan, procedure, o serbisyo na nasa yugto ng pagsubok sa laboratoryo o pag-aaral sa hayop bago ang pagsubok sa mga tao. Ang mga pang-eksperimentong serbisyo ay hindi sumasailalim sa isang klinikal na imbestigasyon.

**Mga serbisyo sa pagplano ng pamilya:** Mga serbisyo para mapigilan o maantala ang pagbubuntis. Ibinibigay ang mga serbisyo sa mga miyembrong nasa edad na maaaring manganak para matukoy nila ang bilang at agwat ng mga bata.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

**Pederal na Kwalipikadong Sentro ng Kalusugan (FQHC):** Isang health center sa isang lugar na wala gaanong mga provider. Makatatanggap ang isang miyembro ng pangunahin at pang-agap na pangangalaga mula sa isang FQHC.

**Bayarin para sa Serbisyo (FFS) Medi-Cal:** Kung minsan ay hindi sinasaklaw ng Molina Healthcare ang mga serbisyo, pero makukuha pa rin ng isang miyembro ang mga ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal, tulad ng maraming serbisyo ng parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

**Follow-up na pangangalaga:** Regular na pangangalaga ng doktor para masuri ang pag-unlad ng isang miyembro pagkatapos ng pagkaka-ospital o sa kurso ng paggamot.

**Panloloko:** Sinadyang kilos para manlinlang o pagsisinungaling ng isang taong nakababatid sa panlilinlang ay maaaring magresulta sa ilang hindi awtorisadong benepisyo para sa tao o sa ibang tao.

**Mga Freestanding Birth Center (mga FBC):** Mga pasilidad sa kalusugan kung saan ang panganganak ay binalak na maganap nang wala sa tahanan ng buntis na miyembro at lisensyado o inaprubahan ng estado na magbigay ng pangangalagang prenatal labor at panganganak o postpartum at iba pang mga serbisyonang ambulatory na kasama sa plano. Ang mga pasilidad na ito ay hindi mga ospital.

**Karaingan:** Ang binigkas o nasusulat na paghayag ng miyembro ng kawalang-kasiyahan tungkol sa serbisyonang saklaw ng Medi-Cal, ng Molina Healthcare, ng isang county mental health plan, o ng isang provider ng Medi-Cal. Ang isang reklamong isinampa sa Molina Healthcare tungkol sa isang provider ng network ay isang halimbawa ng karaingan.

**Habilitation services and devices (mga serbisyo at device sa habilitasyon):** Mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na tumutulong sa isang miyembro na mapanatili, matutunan, o mapabuti ang mga kasanayan at paggana para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

**Health Care Options (HCO):** Ang programa na maaaring mag-enroll o mag-disenroll ng isang miyembro mula sa isang planong pangkalusugan.

**Health insurance:** Pagsaklaw ng insurance na nagbabayad para sa mga gastos sa medikal at operasyon sa pamamagitan ng pagbayad sa naka-insure para sa mga gastos mula sa pagkakasakit o pinsala o direktang pagbabayad sa provider ng pangangalaga.

**Home health care (pangangalaga ng kalusugan sa tahanan):** Ang skilled nursing na pangangalaga at iba pang serbisyonang ibinibigay sa tahanan.

**Home health care providers (mga provider ng pangangalaga ng kalusugan sa tahanan):** Mga provider na nagbibigay sa mga miyembro ng skilled nursing na pangangalaga at iba pang serbisyo sa tahanan.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

**Hospisyo:** Pangangalaga para mabawasan ang pisikal, emosyonal, social, at espirituwal na hirap para sa isang miyembro may nakamamatay na karamdaman. Magagamit ang pangangalagang hospisyo kapag ang miyembro ay may inaasahang itatagal ng buhay na 6 na buwan o mas kaunti.

**Ospital:** Isang lugar kung saan nakatatanggap ang isang miyembro ng inpatient at outpatient na pangangalaga mula sa mga doktor at nars.

**Hospital outpatient care (pangangalaga ng ospital sa outpatient):** Medikal o surgical na pangangalaga na isinasagawa sa isang ospital nang walang pagkaka-admit bilang isang inpatient.

**Pagkakaospital:** Pagkaka-admit sa isang ospital para sa paggamot bilang isang inpatient.

**Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian (IHCP):** Isang programa sa pangangalaga ng kalusugan na pinapatakbo ng Indian Health Service (IHS), isang Indian Tribe, Tribal Health Program, Tribal Organization o Urban Indian Organization (UIO) dahil tinukoy ang mga katagang iyon sa Seksiyon 4 ng Indian Health Care Improvement Act (25 U.S.C. section 1603).

**Pangangalaga sa inpatient:** Kung kailangan ng isang miyembro na magpalipas ng gabi sa isang ospital o ibang lugar para sa kinakailangang pangangalagang medikal.

**Intermediate care facility o tahanan:** Pangangalagang ibinibigay sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga o tahanan na nagbibigay ng 24 na oras na serbisyo sa tahanan. Kabilang sa mga uri ng intermediate care facility o tahanan ang intermediate care facility/developmentally disabled (ICF/DD), intermediate care facility/developmentally disabled-habilitative (ICF/DD-H), at intermediate care facility/developmentally disabled-nursing (ICF/DD- N).

**Investigational treatment (iniimbestigang paggagamot):** Isang gamot sa paggagamot, biological na produkto, o device na matagumpay na natapos ang yugto ng isang klinikal na imbestigasyon na inaprubahan ng Federal Drug Administration (FDA), ngunit hindi naaprubahan para sa pangkalahatang paggamit ng FDA at nananatiling iniimbestigahan sa isang klinikal na imbestigasyon na aprubado ng FDA.

**Long-term care (pangmatagalang pangangalaga):** Pangangalaga sa isang pasilidad na mas mahaba kaysa sa buwan ng pagpasok plus 1 buwan.

**Managed care plan (pangangalagang may pamamahala):** Isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal na gumagamit lang ng ilang doktor, espesyalista, klinika, parmasya, at ospital para sa mga tatanggap ng Medi-Cal na naka-enroll sa plano na iyon. Ang Molina Healthcare ay isang plano sa pangangalagang may pamamahala.

**Medi-Cal para sa Mga Bata at Kabataan:** Isang benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang para matulungan silang manatiling malusog. Dapat na matanggap ng mga miyembro ang tamang pagsusuri sa kalusugan para sa



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## 8 | Mga importanteng numero at salita na dapat malaman

kanilang edad at naaangkop na pag-screen para mahanap ang mga problema sa kalusugan at magamot ang mga sakit nang maaga. Dapat silang magpagamot para mapangalagaan o matulungan ang mga kondisyong maaaring makita sa mga check-up. Kilala rin ang benepisyong ito bilang benepisyong Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment (EPSDT) sa ilalim ng pederal na batas.

**Medi-Cal Rx:** Isang serbisyong benepisyo sa parmasya na bahagi ng FFS Medi-Cal at kilala bilang “Medi-Cal Rx” na nagbibigay ng mga benepisyo at serbisyo sa parmasya, kabilang ang mga inireresetang gamot at ilang medikal na supply sa lahat na benepisyaryo ng Medi-Cal.

**Medical home:** Isang modelo ng pangangalaga na nagbibigay ng mga pangunahing tungkulin ng pangunahing pangangalaga ng kalusugan. Kabilang dito ang komprehensibong pangangalaga, nakasentro sa pasyente, naka-coordinate na pangangalaga, mga naa-access na serbisyo, at kalidad at kaligtasan.

**Medikal na kinakailangan (o medikal na pangangailangan):** Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay mahahalagang serbisyo na makatuwiran at nagprotekta sa buhay. Kinakailangan ang pangangalaga para makaiwas ang mga pasyente na magkaroon ng malubhang karamdaman o kapansanan. Binabawasan ng pangangalagang ito ang matinding panakit sa pamamagitan ng pag-diagnose o paggamot sa sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ng Medi-Cal ang pangangalaga na kailangan para ayusin o matulungan ang isang pisikal o mental na karamdaman o kondisyon, kabilang ang mga substance use disorder.

**Medikal na transportasyon:** Transportasyon na inireseta ng isang provider para sa isang miyembro kapag ang miyembro ay hindi pisikal o medikal na nakagagamit ng kotse, bus, tren, o taxi para makapunta sa isang saklaw na medikal na appointment o para kumuha ng mga reseta. Babayaran ng Molina Healthcare ang pinakamurang medikal na transportasyon para sa mga medikal na pangangailangan mo kapag kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyong appointment.

**Medicare:** Ang pederal na programa sa insurance na pangkalusugan para sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda pa, ilang mas nakababatang tao na may mga kapansanan, at mga taong may end-stage renal disease (permanenteng pagpalya ng bato na nangangailangan ng dialysis o transplant, na kung minsan ay tinatawag na End-Stage Renal Disease (ESRD).

**Miyembro:** Sinumang karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal na naka-enroll sa Molina Healthcare na nararapat na makatanggap ng mga saklaw na serbisyo.

**Provider ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip:** Mga propesyonal sa Pangangalaga ng kalusugan na nagbibigay ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip at pag-uugali sa mga pasyente.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

**Mga serbisyong midwifery (komadrona):** Prenatal, intrapartum, at postpartum na pangangalaga, kabilang ang mga serbisyo sa pagplano ng pamilya para sa ina at agarang pangangalaga para sa bagong silang, na ibinibigay ng mga certified nurse midwives (CNM) at mga licensed midwives (LM).

**Network:** Isang grupo ng mga doktor, klinika, ospital, at iba pang provider na may kontrata sa Molina Healthcare para magbigay ng pangangalaga.

**Network provider (o provider na nasa network):** Pumunta sa “Kalahok na provider.”

**Serbisyong hindi saklaw:** Isang serbisyo na hindi saklaw ng Molina Healthcare.

**Hindi-medikal na transportasyon:** Transportasyon kapag bumibiyahe papunta at mula sa isang appointment para sa isang saklaw na serbisyo ng Medi-Cal na awtorisado ng provider ng miyembro at kapag kumukuha ng mga reseta at mga medikal na supply.

**Hindi kalahok na provider:** Isang provider na wala sa network ng Molina Healthcare.

**Other health coverage (OHC):** Tinutukoy sa Other health coverage (OHC) ang mga pribadong health insurance at nagbabayad ng serbisyo bukod sa Medi-Cal. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang medikal, dental, paningin, parmasya, Medicare Advantage plan (Part C), Medicare drug plan (Part D), o Medicare supplemental plan (Medigap).

**Orthotic na aparato:** Isang aparato na ginagamit bilang suporta o brace na nakakabit sa labas ng katawan para suportahan o itama ang isang malubhang nasugatan o may sakit na bahagi ng katawan na medikal na kinakailangan para sa medikal na paggaling ng miyembro.

**Mga serbisyong Out-of-area:** Mga serbisyo habang ang isang miyembro ay nasa labas ng lugar na sineserbisyuhan ng Molina Healthcare .

**Provider na wala sa network:** Isang provider na hindi bahagi ng network ng Molina Healthcare.

**Pangangalaga sa outpatient:** Kapag hindi kailangan ng isang miyembro na magpalipas ng gabi sa isang ospital o ibang lugar para sa pangangalagang medikal na kailangan.

**Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient:** Mga serbisyo sa outpatient para sa mga miyembrong may banayad hanggang katamtamang karamdaman sa kalusugan ng pag-iisip kabilang ang:

- Pagsusuri o paggamot sa kalusugan ng isip ng indibidwal at grupo (psychotherapy)
- Psychological na pagsusuri kapag ipinahiwatig sa klinika na suriin ang lagay ng kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyong pang-outpatient para sa layunin ng pagsubaybay sa therapy sa gamot



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

## 8 | Mga importanteng numero at salita na dapat malaman

- Psychiatric na konsultasyon
- Laboratory para sa outpatient, mga supply, at mga suplemento

**Palliative na pangangalaga:** Pangangalaga para mabawasan ang pisikal, emosyonal, social, at espirituwal na hirap para sa isang miyembrong may nakamamatay na karamdaman. Hindi kailangan sa palliative na pangangalaga na ang miyembro ay may inaasahang itatagal ng buhay na 6 na buwan o mas kaunti.

**Kalahok na ospital:** Isang lisensyadong ospital na may kontrata sa Molina Healthcare para magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro sa oras na kumukuha ng pangangalaga ang isang miyembro. Ang mga saklaw na serbisyo na maaaring ialok ng ilang kalahok na ospital sa mga miyembro ay nililimitahan ng mga pagrepaso sa paggamit at patakaran sa pagtiyak ng kalidad ng Molina Healthcare o ng kontrata ng Molina Healthcare sa ospital.

**Kalahok na provider (o kalahok na doktor):** Isang doktor, ospital, o iba pang lisensyadong propesyunal sa pangangalaga ng kalusugan o lisensyadong pasilidad ng kalusugan, kabilang ang mga sub-acute na pasilidad na may kontrata sa Molina Healthcare na mag-alok ng mga saklaw na serbisyo sa mga miyembro sa oras na ang isang miyembro ay kumuha ng pangangalaga.

**Mga serbisyo ng doktor:** Mga serbisyong ibinibigay ng isang taong lisensyado sa ilalim ng batas ng estado na magsanay ng medisina o osteopathy, hindi kasama ang mga serbisyong inaalok ng mga doktor habang ang isang miyembro ay naka-admit sa isang ospital na sinisingil sa bill ng ospital.

**Plan:** Pumunta sa “Plano ng pangangalagang may pamamahala.”

**Mga Post-stabilization na serbisyo:** Mga saklaw na serbisyong kaugnay ng isang pang-emergency na kondisyong medikal na ibinibigay pagkatapos na maging matatag ang isang miyembro upang mapanatiling matatag ang miyembro. Saklaw at bayad ang mga serbisyong post-stabilization. Maaaring kailanganin ng mga ospital na wala-sa-network ng pre-approval (paunang awtorisasyon).

**Pre-approval (paunang awtorisasyon):** Ang proseso kung saan dapat humiling ng pag-apruba ang isang miyembro o ang kaniyang provider sa Molina Healthcare para matiyak sa sasagutin ng Molina Healthcare ang mga ito. Ang isang referral ay hindi isang pag-apruba. Ang isang pre-approval ay pareho ng paunang awtorisasyon.

**Pagsaklaw sa nakaresetang gamot:** Pagsaklaw sa mga gamot na inirereseta ng isang provider.

**Mga nakaresetang gamot:** Gamot na legal na kinakailangan ng order mula sa isang lisensyadong provider na ibigay, hindi tulad ng mga over-the-counter (“OTC”) na gamot na hindi kailangan ng reseta.

**Primary care (pangunahing pangangalaga):** Pumunta sa “Routine na pangangalaga.”



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



**Tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP):** Ang lisensyadong provider na mayroon ang isang miyembro para sa karamihan ng pangangalaga sa kanilang kalusugan. Tinutulungan ng PCP ang miyembro na makuha ang pangangalagang kailangan niya.

Ang isang PCP ay maaaring isang:

- General practitioner
- Internist
- Pediatrician
- Family practitioner
- OB/GYN
- Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian (IHCP)
- Pederal na Kwalipikadong Sentro ng Kalusugan (FQHC)
- Rural na Klinikang Pangkalusugan (RHC)
- Propesyonal na nars
- Katulong ng doktor
- Klinika

**Paunang awtorisasyon (pre-approval):** Ang proseso kung saan dapat humiling ng pag-apruba ang isang miyembro o ang kaniyang provider sa Molina Healthcare para sa ilang serbisyo para matiyak sa sasagutin ng Molina Healthcare ang mga ito. Ang isang referral ay hindi isang pag-apruba. Ang paunang awtorisasyon ay kapareho ng pre-approval.

**Prosthetic na aparato:** Isang artipisyal na aparato na ikinakabit sa katawan para mapalitan ang nawawalang bahagi ng katawan.

**Direktoryo ng Provider:** Isang lista ng mga provider na nasa network ng Molina Healthcare.

**Pang-emergency na psychiatric na medikal na kondisyon:** Isang sakit sa pag-iisip kung saan ang mga sintomas ay malubha o sapat na malubha para magdulot ng agarang panganib sa miyembro o sa ibang tao, o ang miyembro ay hindi kaagad makapagbigay o makagamit ng pagkain, tirahan, o damit dahil sa sakit sa pag-iisip.

**Mga serbisyo sa pampublikong kalusugan:** Mga serbisyong pangkalusugan na naka-target sa buong populasyon. Kabilang sa mga ito ang, bukod sa iba pa, pagsuri sa sitwasyong pangkalusugan, pagsubaybay sa kalusugan, pagsulong sa kalusugan, mga serbisyo sa pag-iwas, pagkontrol sa nakakahawang sakit, pangangalaga sa kapaligiran at kalinisan, paghahanda at pagtugon sa sakuna, at kalusugan sa trabaho.

**Kwalipikadong provider:** Isang doktor na kwalipikado sa larangan ng pagsasanay na angkop para gamutin ang kondisyon ng isang miyembro.

**Reconstructive surgery:** Ang operasyon para iwasto o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawan para mapabuti ang paggana o lumikha ng isang normal na hitsura hangga't maaari. Ang mga abnormal na istruktura ng katawan ay yaong sanhi ng depekto sa pagsilang, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksyon, mga tumor, o sakit.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

**Referral:** Kapag sinabi ng PCP ng miyembro na makakukuha ang miyembro ng pangangalaga mula sa ibang provider. Kailangan sa ilan sa mga saklaw na serbisyo sa pangangalaga ng referral at pre-approval (paunang awtorisasyon).

**Mga rehabilitative at habilitative na paggagamot na mga serbisyo at device:** Mga serbisyo at device para tulungan ang mga miyembrong may pinsala, kapansanan, o malalang kondisyon na magkaroon o mabawi ang mga mental at pisikal na kakayahan.

**Routine na pangangalaga:** Mga serbisyong medikal na kinakailangan at pangangalagang pang-agap, mga well-child na pagpapatingin, o pangangalaga tulad ng regular na follow-up na pangangalaga. Ang layunin ng regular na pangangalaga ay maiwasan ang mga problema sa kalusugan.

**Rural na Klinikang Pangkalusugan (RHC):** Isang health center sa isang lugar na wala gaanong mga provider. Makatatanggap ang mga miyembro ng pangunahin at pang-agap na pangangalaga sa isang RHC.

**Mga maselang serbisyo:** Mga serbisyong kaugnay ng kalusugan sa pag-iisip o pag-uugali, kalusugang sekswal at reproductive, pagplano ng pamilya, mga impeksiyon na nakukuha sa pakikipagtalik (mga STI), HIV/AIDS, sekswal na pagsalakay at mga pagpapalaglag (abortion), substance use disorder, pangangalagang nagsesegunda sa kasarian, karahasan ng kapareha.

**Seryosong sakit:** Isang sakit o karamdaman na dapat gamutin at maaaring magresulta sa kamatayan.

**Lugar ng serbisyo:** Ang heyograpikang lugar na sineserbisyuhan ng Molina Healthcare. Kasama dito ang Los Angeles county.

**Skilled nursing na pangangalaga:** Mga saklaw na serbisyong ibinibigay ng mga lisensyadong nars, technician, o therapist sa panahon ng pananatili sa isang skilled nursing facility o sa bahay ng isang miyembro.

**Skilled nursing na pasilidad:** Isang lugar na nagbibigay ng 24 na oras-kada-araw na pangangalaga na tanging mga sinanay na propesyonal sa kalusugan ang maaaring magbigay.

**Espesyalista (o specialty doctor):** Isang doktor na gumagamot sa ilang uri ng mga problema sa pangangalaga ng kalusugan. Halimbawa, ginagamot ng isang orthopedic surgeon ang mga nabaling buto; ginagamot ng isang allergist ang mga allergy; at isang cardiologist ang gumagamot sa mga problema sa puso. Sa karamihan ng mga kaso, kakailanganin ng isang miyembro ng referral mula sa kaniyang PCP para pumunta sa isang espesyalista.

**Espesyal na serbisyo sa kalusugang pangkaisipan (SMHS):** Mga serbisyo para sa mga miyembro na may mga pangangailangan sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na mas mataas kaysa sa banayad hanggang katamtamang antas ng kapansanan.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).

**Subacute care facility (para sa nasa hustong gulang o bata):** Isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga na nagbibigay ng komprehensibong pangangalaga para sa mga miyembrong may medikal na kahinaan na nangangailangan ng mga espesyal na serbisyo, tulad ng inhalation therapy, pangangalaga sa tracheotomy, pagpapakain sa intravenous tube, at kumplikadong pangangalaga sa pamamahala ng sugat.

**Terminal illness (nakamamatay na sakit):** Isang kondisyong medikal na hindi na mababawi at malamang na magdulot ng kamatayan sa loob ng 1 taon o mas kaunti kung susundin ng sakit ang natural na kurso nito.

**Tort recovery (kabayaran sa pagkalugi):** Kapag ibinigay ang mga serbisyo o ibibigay sa isang miyembro ng Medi-Cal dahil sa isang pinsala kung saan may pananagutan ang ibang partido, binabawi ng DHCS ang makatuwirang halaga ng mga benepisyo na ibinigay sa miyembro para sa pinsalang iyon.

**Triage (o pag-screen):** Ang pagsusuri ng kalusugan ng isang miyembro ng isang doktor o nars na sinanay na mag-screen para sa layunin ng pagtukoy sa pagkaapurahan ng iyong pangangailangan para sa pangangalaga.

**Agarang pangangalaga (o mga agarang serbisyo):** Mga serbisyong ibinibigay para gamutin ang isang hindi pang-emergency na sakit, pinsala o kondisyon na nangangailangan ng pangangalagang medikal. Makakukuha ng agarang pangangalaga ang mga miyembro mula sa isang provider na wala sa network kung pansamantalang hindi magagamit ang mga provider na nasa network.



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).



Tawagan ang mga serbisyo sa miyembro sa numerong 1-888-665-4621 (TTY/TDD 711). Narito ang Molina Healthcare Lunes - Biyernes, 7:00 a.m. - 7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.MolinaHealthcare.com](http://www.MolinaHealthcare.com).